PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

PUBLICATION OFFICE ONLINE COMMONS

Graduate Theses

CGSTER


March 2016

# Paglinang sa Ika-21 Siglong Kasanayan Gamit ang Estratehiya batay ba Multiple Intelligences sa Mag-Aaral sa Baitang Pito

Charito R. Babalcon

*Philippine Normal University*

Follow this and additional works at
pnu-onlinecommons.org/omp/index.php



Online Commons Citation

Babalcon, C.R., Peña, E.L., Bandril, L.T. (2016)
Paglinang sa ika-21 siglong kasanayan gamit ang estratehiya batay sa multiple intelligences sa mag-aaral sa baitang pito
(Master’s Thesis, Philippine Normal University)
Retrieved from pnu-onlinecommons.org/omp/index.php/pnu-oc/catalog/book/113

# PAGLINANG SA IKA-21 SIGLONG KASANAYAN GAMIT ANG ESTRATEHIYA BATAY SA *MULTIPLE INTELLIGENCES* SA MAG-AARAL SA BAITANG PITO

**CHARITO RIO-BABALCON**

Kolehiyo ng Edukasyong Panggradwado at Pananaliksik sa Edukasyong Pangguro
Pamantasang Normal ng Pilipinas
Daang Taft, Maynila

Marso 2016

# DAHON NG PAGPAPATIBAY

Ang tesis na ito na pinamagatang **"PAGLINANG SA IKA-21 SIGLONG KASANAYAN GAMIT ANG ESTRATEHIYA BATAY SA MULTIPLE INTELLIGENCES SA MGA MAG-AARAL SA BAITANG PITO"** ay inihanda at iniharap ni **CHARITO R. BABALCON** bilang bahagi ng mga gawaing kailangan sa pagtatamo ng titulo sa Master sa Sining ng Edukasyon na may espesyalisasyon sa Pagtuturo ng Filipino, ay iniharap upang rekomendahang aprubahan at tanggapin.

**LOLITA T. BANDRIL**
Tagapayo

**ESTRELLA L. PEÑA**
Tagapayo

Pinagtibay bilang isang bahagi ng mga gawaing kailangan sa pagtatamo ng titulo sa Master sa Sining ng Edukasyon na may espesyalisasyon sa Pagtuturo ng Filipino.

**ZENAIDA Q. REYES, Ph.D.**
Puno

**ELVIRA R. LIWANAG**
Kagawad

**VOLTAIRE M. VILLANUEVA, Ph.D.**
Kagawad

**NIÑA CHRISTINA LAZARO-ZAMORA, Ph.D.**
Kagawad

Tinanggap bilang isang bahagi ng mga gawaing kailangan sa pagtatamo ng titulo sa Master sa Sining ng Edukasyon na may espesyalisasyon sa Pagtuturo ng Filipino.

11 March 2016
Petsa

**ZENAIDA Q. REYES, Ph.D.**
Dekana
Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral at
Pananaliksik sa Edukasyong Pangguro

# PAGKILALA

Higit sa anupamang bagay sa buong mundo, ang tagapagsaliksik ay lubos na nagpapasalamat sa Panginoong lumikha para sa biyaya ng kaalaman, panahon, at pag-unawa.

Ang tagapagsaliksik din ay nagpapasalamat sa iniambag na tulong at suporta ng mga sumusunod:

**Propesor Lolita T. Bandril** at **Propesor Estrella L. Peña**, mga tagapayo, para sa ibinigay na gabay sa pagbuo ng pananaliksik na ito.

**Gng. Michelle A. Arevallo**, tagapag-ugnay sa Filipino, para sa pagbibigay ng maraming pagkakataon na makilala ng guro ang kaniyang kahusayan sa pagtuturo ng aralin sa pamamagitan ng pagbabahagi ng napakaraming estratehiya sa pagtuturong naging gabay sa pagbuo ng mga banghay-aralin sa klase.

**Bb. Edilyn D. Chiao**, **G. Edmond S. Bunag**, **G. Geraldo DG Banaag**, **Bb. Anne Margareth A. Mallari**, **G.Argel Joseph A. Bernardino**, **Gng. Cindy A. Chua**, **Bb. Jill Marvie Gaerlan** at ang iba pang kapwa guro sa kagawaran ng Matematika, Ingles at Filipino, dahil sa suporta at kusang-loob na pagbabahagi ng kanilang kaalaman na mahalaga sa pag-aaral na ito.

**Propesor Elvira R. Liwanag**, **Dr. Voltaire M. Villanueva** at **Dr. Niña Christina L. Zamora**, mga propesor sa Pamantasang Normal ng Pilipinas, para sa kanilang pagbibigay ng inspirasyon at gabay upang higit pang mapagbuti ang pananaliksik na ito.

**Dr. Delia C. Navaza**, Punungguro, para sa pagpapakilala ng estratehiya batay sa *multiple intelligences* bilang bahagi ng pagtuturo ng mga guro sa paaralang sumailalamim sa pananaliksik maging sa kaniyang mga positibong pidbak sa binuong pag-aaral.

**Dr. Roberto T. Borromeo**, Pangulo ng Paaralan, para sa pagbibigay-inspirasyon sa mga guro na humanap ng mga makabagong paraan upang malinang ang kasanayan ng mga mag-aaral.

**Elizabeth Seton School** at ang buong komunidad, sa kanilang pagkakataong ibinigay upang maisagawa ang pag-aaral na ito.

**Philippine Normal University**, para sa paglinang sa kahusayan ng gurong tagapagsaliksik mula pa noong antas kolehiyo hanggang sa kasalukuyan.

Higit sa lahat, pinasasalamatan ng tagapagsaliksik ang kaniyang kabiyak sa buhay na si **G. John Patrick V. Babalcon**, sa kaniyang walang sawang suporta, pagmamahal at tulong sa buong proseso ng pagbuo ng pag-aaral. Gayundin ang kanilang nag-iisang supling na si **Chelsea Jean R. Babalcon**, sa kanya lahat alay ang pagpupunyaging ito. Kasama pa ang minamahal na inang si **Aurora O. Rio**, dahil sa kaniyang patuloy na pagpanday sa pagkatao ng mananaliksik upang maging isang kapaki-pakinabang miyembro ng lipunan.

## TALAAN NG NILALAMAN

**PABALAT** …………………………………………………………………………… i

**DAHON NG PAGPAPATIBAY**. ……………………………………………………ii

**ABSTRAK**……………………………………………………………………………iii

**PASASALAMAT**...……………………………………………………………...…iv

**TALAAN NG TALAHANAYAN**………………..……………………………………..v

**TALAAN NG LARAWAN** ………………………………...………………………..vi

**TALAAN NG APENDIKS** ……………………………………..………………..vii

**Kabanata I Ang Suliranin at ang Kaligiran ng Pag-aaral**

1.1. Panimula ...……………………………………………………………….……….1

1.2. Konseptwal na Batayan……………………………….…………………..……5

1.3. Konseptwal na Balangkas………………………………….……………….……27

1.4. Paglalahad ng Layunin……………………………………….....................32

1.5. Kahalagahan ng Pag-aaral……………………………………………….……33

1.6. Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral…………………………..........................35

1.7. Mga Katuturan ng Katawagan.……………………………………………..37

**Kabanata II Rebyu ng Kaugnay na Literatura**

2.1. Kaugnay na Pag-aaral…………………………………………………...…40

2.2. Sintesis ...……………………………………………………………………..72

**Kabanata III  Metodolohiya**


3.1. Disenyo ng Pananaliksik………………………..………………….……………76

3.2. Kalahok ……………………………………...……………………………..77

3.3. Setting ng Pag-aaral…..…………………….………………………………78

3.4. Instrumento sa Pananaliksik…………………………………………….….79

3.5. Pamamaraan ng Pananaliksik.………………..………………………………80

3.5.1. Pagdidisenyo ng aralin sa Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito………..……………………………………...81

3.5.2. Pagbuo ng Gawaing-Papel ……………………..………………….….85

3.5.3. Pagbuo ng *Portfolio* ……………………………………….……………86

3.5.4. Pagsusuri ng Datos mula sa *Portfolio* sa Pamamaraang Sekwensyal..……………………………………………………..……89

3.5.5. Pagsulat ng Interpretasyon ng Datos …………..………………………...91

3.5.6. Pagtalakay sa Nalinang na Ika-21 Siglong Kasanayan sa Mapanuring Pag-iisip…………………………………………...……..91


**Kabanata IV Presentasyon, Pagsusuri at Interpretasyon ng Datos**


4.1. Layunin 1: Makapagdisenyo ng aralin gamit ang estratehiya batay sa *multiple intelligences* na lilinang sa ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip ……………………...……………..………92

4.2. Layunin 2: Masuri ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip sa mga aralin sa panitikan gamit ang estratehiya batay sa *multiple intelligences* ……………………………………..………112

4.2.1. Aralin 1 Kuwentong Bayan, Ang Munting Ibong.…...…. …….113

4.2.2. Aralin 2 Epiko, Indarapatra at Sulayman ..… ………….……...121

4.2.3. Aralin 3 Maikling Kuwento, Pagislam …………..…………….135

4.2.4. Pamantayang Pagganap: Proyekting Panturismo ..… …………141

4.2.5. Pagsusuri sa Replektibong Tanong sa Una at Ikalawang Bahagi ng *Portfolio* …………………………………………....146

4.2.6. Pagsusuri sa Replektibong Tanong B ng *Portfolio* ..…..…..…..151

4.3. Pangunahing Layunin: Mapatunayang ang estratehiyang batay sa *multiple intelligences* ay nakalilinang ng ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip…….……………………...………157

**Kabanata V Paglalagom, Konklusyon at Rekomendasyon**

5.1. Paglalagom sa resulta ……………………..……………………..…167

5.2. Konklusyon………………………………………….………………..168

5.3. Rekomendasyon………………………………………..………………171

SANGGUNIAN…………………………………………………….………..173

APENDIKS…………………………………………………………..……….185

## TALAAN NG APENDIKS


A Liham ng Pahintulot na Magsagawa ng Pananaliksik ..……………......185

B Balangkas ng Kurso ...................................……………………...…..186

C Halimbawang Banghay-Aralin mula sa
paaralang sumailalim sa pananaliksik ……………………………..……187

D Filipino 7 *K to 12* na Kurikulum .…………………………………..…...188

E Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito.…………………..…189

F Gawaing-Papel ………………………………………………………190

*G* *Portfolio* ……………………………………………………………..191

H Nalinang na Ika-21 Siglong Kasanayan
sa Mapanuring Pag-iisip ……………………………………………..…192

I Language Editing Certification ………………………………….……..193

J *Authenticity Result Certification*…..…………………………………....194

K Curriculum Vitae ………………………………………………………195

# TALAAN NG TALAHANAYAN

TALAHANAYAN PAHINA

1 Ika-21 Siglong Kasanayan sa Mapanuring Pag-iisip ……...…………………….94

2 Pag-uugnay ng Kompetensi sa Panitikan ayon sa *K to 12* na kurikulum at Ika-21 Siglong Kasanayan sa Mapanuring Pag-iisip ………..…………………………………………….97

3 Paghahanay ng Paksa sa Panitikan at Kompetensi ng *K to 12* na Kurikulum.……………..…….………………………………..…100

4 Pagtatakda ng Estratehiya Batay sa *Multiple Intelligence* sa Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito ……………..……………………………………………………...102

5 Paghahanay sa Estratehiya sa Pagtuturo Batay sa *Multiple Intelligences* sa Teorya ng *Multiple Intelligences* ni Gardner (1993, 1999) …………………………..……103

6 Mga Estratehiya sa Pagtuturo Batay sa *Multiple Intelligences* na Naranasan ng Mag-aaral sa Klase Batay na Replektibong A sa *Portfolio*…………….. ………………...………………107

## TALAAN NG LARAWAN

LARAWAN PAHINA


1 Grapikong Pantulong, Kuwentong-bayan ………………………..113

2 Cooperative Group, Epiko ……………………………………..121

3 Panood ng Pelikula, Epiko ……………………………………..126

4 Komik Istrip, Epiko……………………………………………….132

5 Venn Diagram, Maikling Kuwento ……………………………….135

6 Pamantayang Pagganap ………………………………………..…141

7 Nahirapan Ako Rito ……………………………………………….147

8 Ang Galing Ko Rito ……………………………………………….149

# ABSTRAK

Pangalan: Charito R. Babalcon

Pamagat: PAGLINANG SA IKA-21 SIGLONG KASANAYAN GAMIT ANG ESTRATEHIYA BATAY SA *MULTIPLE INTELLIGENCES* SA BAITANG PITO

Konsepto: Ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip, paglinang sa kasanayan sa mapanuring pag-iisip, estratehiya batay sa *multiple intelligences*

Degree/ Titulo: Master sa Sining ng Edukasyon sa Pagtuturo ng Filipino

Espesyalisasyon: Filipino

Tagapayo: Propesor Lolita T. Bandril

Propesor Estrella L. Peña

Ang ika-21 siglong kasanayan ay isa sa mga pinag-uusapang pagbabago sa larangan ng edukasyon sa kasalukuyan. Ang pag-aaral na ito ay may layuning mapatunayan na ang estratehiya batay sa *multiple intelligences* ay nakalilinang ng ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip ng mag-aaral.

Ang mga piling mag-aaral sa baitang pito sa isang pribadong paaralan sa Las Piñas ang sumailalim sa pananaliksik na ito upang matiyak na sa kabila ng matagal nang paggamit sa estratehiya batay *multiple intelligences* ng paaralan ay kaya nitong malinang ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na kasalukuyang isinusulong ng *K to 12* na kurikulum.

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng metodong kwalitatibong pagsusuring sekwensyal ng datos na nangailangan ng eksplorasyon sa karanasan ng mag-aaral sa klase na ginamitan ng mga estratehiya batay sa *multiple intelligences*.

Natuklasan sa pananalik na ito na ang ika-21siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na, nasusuri ang binasa ay nalinang ng estratehiya batay sa *multiple intelligences* na *Verbal Linguistic, Logical at Interpersonal*; ang kasanayan sa mapanuring pag-iisip na, natataya ang binasa ay nalinang ng estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Existential, Intrapersonal, Visual Spatial, Verbal Linguistic at Logical*; ang kasanayan sa mapanuring pag-iisip na, nabibigyang-interpretasyon ang binasa ay nalinang ng estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Interpersonal, Verbal Linguistic at Visual Spatial*; ang kasanayan sa mapanuring pag-iisip na nakapaghihinuha sa binasa ay nalinang ng estratehiya batay sa *multiple intelligences* na *Verbal Linguistic, Logical at Visual Spatial*; at ang kasanayan sa mapanuring pag-iisip na naiuugnay ang isang impormasyon sa binasang akda ay nalinang sa pamamagitan ng estratehiya batay sa *multiple intelligences* na *Verbal Linguistic* at *Existential*.

Mula sa mga natuklasan sa pag-aaral na ito ay iminungkahi ang sumusunod: linangin ang iba pang ika-21siglong kasanayan sa iba pang susunod na pag-aaral na kahawig nito upang hindi lamang nakatuon sa kasanayan sa mapanuring pag-iisip ang pananaliksik; magmungkahi pa ng mas maraming gawaing lilinang sa ika-21 siglong kasanayan na mapanuring pag-iisip gamit ang ikasiyam na talinong kinilala ni Gardner (1993, 1999) bilang pinakabago sa kaniyang inilistang *multiple intelligences*, ang

*Existential intelligence* maging ang iba pang *multiple intelligences* na hindi lubos na nagamit sa pag-aaral gaya ng *Naturalistic*, *Musical* at *Bodily Kinesthetic*; subuking palawakin sa pang-isang taong aralin ang bubuoing Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito upang lubos na maobserbahan ang malilinang na ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring na pag-iisip; isama rin sa pagtataya ng resulta ang ibang bahagi ng Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito upang hindi lamang ito nakatuon sa palalimin at paglilipat; palawakin ang pananaliksik sa aralin sa wika ang paglinang sa ika-21 siglong kasanayang gamit ang estratehiya batay sa *multiple intelligences.*

# KABANATA I

# ANG SULIRANIN AT ANG KALIGIRAN NG PAG-AARAL

## 1.1. Panimula

Ang ika-21 siglong kasanayan (*21$^{st}$ century skills*) ang isa sa mga nangingibabaw na usapin ngayon sa larangan ng edukasyon. Ang mga kasanayang ito, kaugnay ng *K to 12* na kurikulum ay pinaniniwalaang makapaghahanda sa mga mag-aaral sa pagtuntong nila sa kolehiyo o maging sa panahong sila'y magkaroon ng kani-kaniyang tinapos na karera. Maraming mga pag-aaral at hakbangin ang isinagawa ng iba't ibang asignatura upang matugunan ang hamong hatid ng pagbabago sa edukasyon ngunit limitado lamang ito kung hindi ay wala pang naisasagawang pag-aaral na katulad nito sa asignaturang Filipino. Kaya naman ang pag-aaral na ito ay may pagtatangkang tiyakin kung ang ika-21 siglong kasanayan ay nalilinang sa klase sa Filipino gamit ang estratehiyang batay sa *multiple intelligences*.

Ang mga paaralan mula sa elementarya hanggang sa hayskul sa kasalukuyan ay sumasailalim sa isang malawakang transisyon patungo sa pagkakamit ng pagkatuto para sa ika-21 siglo. Ang ilan ay matagumpay nang nakatawid sa transisyong ito ngunit ang ibang paaralan ay nananatiling hindi. Ang guro, sa halip na nakatayo sa harap ng klase upang magbigay ng lektyur, ngayon ay fasiliteytor na lamang. Ginagabayan niya ang mga mag-aaral na nag-oobserba sa mga nangyayari sa klase at sa kaniyang kapaligiran o lipunan gaya ng isang senaryong pansilid-aralan kung saan ang mga guro ay gumagamit ng mga estratehiyang naglalapit sa mga mag-aaral sa mga pangyayari sa tunay na buhay.

Kaya tunay lamang na ang mga mag-aaral na naghahanda sa pagtuntong sa kolehiyo ay hindi sapat na mahusay lamang sa usaping pang-akademiko, kinakailangang may kakayahan din sila na makapagbigay solusyon sa isang problema sa lipunang napakabilis na nagbabago kasabay ng pagsusulputan ng mga impormasyon sa iba't ibang uri ng midya. Kung kaya kinakailangang matutuhan ng mga mag-aaral na magtaglay ng mapanuring pag-iisip upang maging matalino sa pagsisiyasat sa mga impormasyong nababasa sa internet, *social media*, aklat at iba pang babasahin. Ang paglinang sa ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip sa loob ng mga silid-aralan ang nakikitang tugon sa pangangailangang ito (*A Parents Guide to 21st Century Learning, 2012).*

Mahalagang malinang ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip dahil tinutulungan nito ang mag-aaral na harapin ang kanilang suliranin ito man ay pansosyal, pansiyentipiko o praktikal na problema (Shakirova, 2007). Ito ay dahil ang mapanuring pag-iisip ay isang paraan ng paggamit ng iba't ibang teknik sa pagtatanong na nanghihikayat sa mga mag-aaral na suriin, lagumin, at tayahin ang impormasyon upang masolusyunan ang isang problema at makagawa ng isang desisyon sa pamamagitan ng malalim na pag-iisip. At sapagkat ito ay isang gawaing nanghihikayat sa mag-aaral na mag-isip, kinakailangan na ang mga mag-aaral ay matutong gumamit ng *higher-order-thinking skills* o *H.O.T.S* (Sciven at Paul, 2007).

Ang pag-aaral na ito'y tugon sa pag-aaral na ginawa ni Smith (2008) kung saan nakita niyang ang pagtuturong ginamitan ng *multiple intelligences* ay nakalilinang sa mapanuring pag-iisip ng mga mag-aaral. Gaya ito ng pananaw ni Baum et al. (2005),

kung saan sinabi niyang ang teorya ng *multiple intelligences* ay isang instrumento, isang hakbang, upang matugunan ang nag-uumpugang layunin ng akademya. Ito rin ang nakikitang solusyon ni Fierros (2015) upang malinang ang kahusayang pang-akademiko ng mag-aaral at nang maiba ang pagtingin ng guro sa kakayahan ng kaniyang mga mag-aaral lalo na sa paraan ng kanilang pag-iisip. Bukod pa sa napatunayan ni Hasan et al. (2013) na ang estratehiyang batay sa teoryang *multiple intelligences* ay nakapagpapaunlad sa kasanayan ng mga mag-aaral lalo na ang kaniyang kasanayan sa mapanuring pag-iisip. Ang lahat ng pagpapatunay na ito ay naganap sa isang silid-aralan na may kulturang makakanluranin at mga asignaturang Ingles, Matematika at Siyensiya. Wala pang naitatalang pag-aaral kung saan ang mga estratehiya sa pagtuturong batay sa *multiple intelligences* ay nakalinang ng mapanuring pag-iisip sa klase sa Filipino.

Ang *multiple intelligences* ay isang teoryang ipinakilala ni Gardner (1993,1999) na nagsasabing ang pagbabago sa larangan ng pagtuturo ay napakabilis, kaya ang tradisyonal na paraan ng pagtuturo ay maaaring hindi na maging epektibo sa kasalukuyan. Samantalang ang paglinang sa kasanayan na mapanuring pag-iisip ay kinakailangan upang maging produktibo ang isang tao sa pagharap sa ika-21 siglo. Gayundin, idinagdag ni Watrouse-McCabe (2005) mula sa pag-aaral ni Smith (2008), na sa halip na ituon ang pagtataya sa kaalaman ng mag-aaral sa pamamagitan ng mga istandardisadong pagsusulit ay gamitin din ang integrasyon ng teorya ng *multiple intelligences* sa kurikulum upang matugunan ang inaasahang kakayahan ng mga mag-aaral sa hinaharap gaya ng mapanuring pag-iisip.

Inaasahang malaki ang maitutulong ng mga estratehiya sa pagtuturong batay sa *multiple intelligences* sa hangaring ito ng isang makabagong guro patungo sa paglinang ng ika-21 siglong kasanayan.

Sa aklat ni Gardner (1983) ay kaniyang ibinahagi na ang pinakamakabuluhang kontribusyon ng *multiple intelligences* sa edukasyon ay kung paano nito binago ang paraan ng pagtuturo. Nakita niya ito sapagkat maliwanag na ang layunin ng *multiple intelligences* ay magturo para sa pagkaunawa, dahil dito isinasaalang-alang na ng mga guro ang iba't ibang paraan upang maituro ang mahahalagang konsepto habang tinutuklas ang *multiple intelligences* na taglay ng isang mag-aaral.

Ang paggamit ng teoryang *multiple intelligences* sa pagtuturo ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na makaranas ng pagkatuto sa isang natural na paraan maging ang mapagbuti ang kanilang pakikisalamuha sa komunidad na mayroon sa paaralan, epektibo nitong nahihimok ang mga mag-aaral na maranasan ang isang kapaligirang nakasentro sa kulturang *learner-centered* at ito ay makapagdudulot ng personal na kalayaan, responsibilidad at kalakasan (Gibson at Govendo, 1999).

Kaya naman ang teoryang *multiple intelligences* kung gagamitin sa silid-aralan ay magiging daan upang makita ng guro ang kakayahan at interes ng mga mag-aaral at ito rin ay nakatutulong sa mag-aaral na magkaroon ng higit na epektibong pagkatuto at ng retensyon sa pinag-aaralang paksa (Mokhtar et.al. 2008).

Ang paaralang sumailalim sa pag-aaral na ito ay matagal nang gumagamit ng mga estratehiyang batay sa *multiple intelligences* bilang estratehiya ng pagtuturo sa iba't ibang

asignatura. At sa matagal na panahong gumamit ang paaralang ito ng estratehiyang batay sa *multiple intelligences* ay wala pang pag-aaral na tumiyak na ito ay naging epektibo sa pagtatamo ng kompetensi na itinakda ng Kagawaran ng Edukasyon sa bawat asignatura gayundin sa ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip.

Ayon sa Kagawaran ng edukasyon, bahagi ng pilosopiya ng bagong kurikulum na *K to 12* ang makamit ang layuning pampagtuturo na (1) kakayahang komunikatibo, (2) replektibo / mapanuring pag-iisip at, (3) pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral na pawang mga ika-21 siglong kasanayan.

Kaalinsabay ng pagbibigay-daan sa pagpasok ng ika-21 siglong kasanayan sa kurikulum ay ang malaking pangangailangan upang mataya ang kahusayan ng mga mag-aaral sa mga kasanayang ito. Ang posibleng tungkulin na gagampanan ng estratehiya sa pagtuturo ng guro gamit ang *multiple intelligences* sa paglinang ng ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip (*21$^{st}$ century skills: critical thinking skill)* at sa paglinang ng mga kompetensi sa Panitikan sa klase sa Filipino Baitang Pito ay maaaring maghanda sa mga mag-aaral sa paglinang ng kanilang kasanayan upang lubusang magkaroon ng katuparan ang layunin ng kurikulum na *K to12* na magkaroon ng mapanuring pag-iisip ang mga mag-aaral, ang tuon sa pananaliksik na ito.

### 1.2. Konseptwal na Batayan

Ang Partnership for the 21$^{st}$ Century Skills, ang iba't ibang dimensyon ng kasanayan sa mapanuring pag-iisip (*critical thinking skills*), teoryang *multiple intelligences* ni Gardner, K to12 na kurikulum, ang mga batayang konseptwal sa pagbuo

ng balangkas ng pag-aaral na paglinang sa ika-21 siglong kasanayang gamit ang mga estratehiyang batay sa *multiple intelligences*.

**Ika 21 Siglong Kasanayan**

Ang Partnership for the 21st Century Skills (2009) ay bumalangkas ng isang batayang gagabay sa mga guro upang mapagsanib ang mga kasanayan pang ika-21 siglo sa mga aralin sa klase. Binigyang-diin sa pagtatakdang ito na bukod sa mga konsepto ng mga aralin sa klase, kinakailangan din na matutuhan ng mga mag-aral ang mahahalagang kasanayang kakailanganin upang magkamit ng pandaigdigang kahusayan gaya ng **mapanuring pag-iisip**, pagbibigay solusyon sa problema, komunikasyon at kolaborasyon.

Sa artikulo ni Soland et. al. (2013) binanggit ang hakbangin na isinagawa ng *The Global Cities Educational Network (GCEN)* na magsagawa ng iba't ibang hakbang upang mataya ang taglay na ika-21 siglong kasanayan ng isang mag-aaral. Ang kanilang ibinahagi ay mga mungkahi lamang at hindi sinasabi na ito lamang ang maaari o tanging paraan upang mataya ang ika-21 siglong kasanayan. Ang mga hakbang na ito ay ang sumusunod: ang una ay ang *multiple choice*. Ang *multiple choice test* ay kasalukuyan nang ginagamit upang mataya ang ika-21 siglong kasanayan. May ilang mga pagtataya na ang naisagawa upang matukoy ang pagkakaroon ng kritikal na pag-iisip ng isang tao sa pamamagitan ng *multiple choice* na pagsusulit. Halimbawa, ang *Raven's Progressive Matrices* ay isang pagsusulit kung saan may nakaguhit na *pattern* na may *five-sided*

*missing thought*. Ang California Critical Thinking Skills Test (CCTST) naman ay naisalin na sa iba't ibang wika at nagawa nang pasagutan sa pamamagitan ng administrasyon nito sa isang kompyuter. Bagamat ang mga katanungan ay nasa anyong *multiple choice*, ang mga tanong ay nakabatay naman sa pagsusuri ng isang bahagi ng babasahin, pagbibigay interpretasyon sa isang tsart, larawan, ipinintang larawan at iba pang kagaya nito.

Ang ikalawang paraan naman upang mataya ang ika-21 siglong kasanayan ay ang *self-report (likert).* Ang *self report likert* ay kahalintulad halos ng *multiple choice* items na madalas ay ginagamit sa pagsasagawa ng isang sarbey. Ang mga mag-aaral na kalahok sa pag-aaral, ay binibigyan ng talatanungang maaari nilang masagot sa pamamagitan ng pagpili sa eskalang may katumbas na "lubos na sumasang-ayon" hanggang sa "di lubos na sumasang-ayon". Ang isang halimbawa ay ang isinagawang sarbey ng College and Career Ready School Diagnostic ni Conley ay isang pagtataya sa ika-21 siglong kasanayan. Madalas, ginagamit ang *self-report* sa pagtataya ng ika-21 siglong kasanayan sapagkat ito ay isa sa pinakamadaling paraan upang mataya ang kasanayang pang ika-21 siglo kung ihahambing sa iba pang *open-ended* na pormat. Ngunit, dapat ding isaalang-alang na ang ganitong paraan ng pagtataya ay maaaring maharap sa ilang suliranin gaya ng katumpakan ng datos na makakalap maging ang katapatan ng mga taong lumahok sa sarbey.

Ang ikatlong paraan upang mataya ang ika-21 siglong kasanayan ay sa pamamagitan ng pagbuo ng *portfolio*. Ang *portfolio* ay koleksyon ng mga gawa ng mag-

aaral, dito makikita kung paanong napaunlad ang ika-21 siglong kasanayan ng isang mag-aaral. Isa ito sa pinaka-awtentikong paraan upang mataya ang kasanayan bagamat hindi nagtataglay ng katumpakang inaasahan sa larangan ng estadistika.

Ang huling paraan sa pagtataya ng kasanayang pang ika-21 siglo ayon kina Soland et.al. (2013) ay ang *performance assessments* and simulations. Ito ay nagpapakita ng higit na awtentikong kaganapan sa kasanayang taglay ng isang mag-aaral sapagkat ito ay nagpapakita ng mga gawaing makikita sa totoong buhay. Ngunit ang ganitong paraan ng pagtataya ay maaaring maapektuhan batay sa damdamin ng nagtataya sa tinataya.

Sa aklat din nina Soland (2013) ay nabanggit ang ilang mga bagay na dapat isaalang-alang sa pagpili ng pagtatayang gagamitin para sa ika-21 siglong kasanayan. Ang mga dapat isaalang-alang ay ang sumusunod: ang proseso ng pagpili ng kagamitan sa pagtataya ay kinakailangang magsimula sa pagtukoy ng layunin ng pagtatayang nais gawin, kailangang isaalang-alang ang halaga ng susukatin ng pagtataya sa halip na ang perang gugugulin sa proseso ng pagtataya, ang mga pagtatayang nagpapakita ng higit na inobasyon gaya ng simulasyon, kolaborasyon ay nangangailangan ng mas mahabang panahon ng pagsasagawa ng pagtataya, mahalagang isaalang-alang ang pagkakaiba-iba ng kultura ng mga kalahok na sasailalim sa pag-aaral, ang pagkakaroon ng kaalaman kaugnay sa pagkakaunawa ng mag-aaral sa ika-21 siglong kasanayan ay mahalaga sa mga guro at mag-aaral upang pagmulan ng mga mungkahi sa pagpapabuti ng kasanayan ng mga mag-aaral, ang mga guro ay hindi pa lubusang naipakikila sa konsepto ng ika- 21 siglong kasanayan kumpara sa kanilang kakayahan sa isang tradisyunal na paraan ng

pagtuturo kaya ang mga inaasahang pagbabago sa paraan ng pagtuturo ay kinakailangang maging makatotohanan, at sa huli, ang pagsukat sa ika-21 siglong kasanayan ay kinakailangang maging bahagi ng isang estratehiya ng balanseng pagtataya.

**Ika-21 Siglong Kasanayan na Mapanuring Pag-iisip**

Sa napakaraming domeyn ng ika-21 siglong kasanayan, ang mapanuring pag-iisip o *critical thiking skills* ay isa sa mahalagang malinang sa isang mag-aaral ayon sa programang K to 12 na kurikulum (Mimbs, 2005)

Ang salitang *Critical* ay nagmula sa salitang Griyego na ang ibig sabihin ay kritikos na katumbas ng salitang "*critic*" sa Ingles. Ang isang taong may mapanuring pag-iisip ay nangangahulugang may kakayahang makapagtanong, makaunawa, at makasuri ng isang sitwasyon. Bukod dito, ang isang taong may mapanuring pag-iisip ay may kakayahang suriin ang sarili niyang paraan ng pag-iisip gayundin ang sa iba. Bagaman ang salitang mapanuri ay may negatibong konotasyon, kung ito'y iuugnay sa paraan ng pag-iisip ay nagpapahayag ito ng kakayahan ng isang tao na subukin ang sarili niyang kakayahang mag-isip o ang kakayahan ng ibang tao sa kaniyang paligid. (Chaffee,1992). Patunay ito na ang mapanuring pag-iisip ay isa sa pinakamahalagang kasanayang dapat linangin sa edukasyon sa kasalukuyan. Sapagkat sinasabing ang mahusay na kakayahan sa mapanuring pag-iisip ay isang mahalagang elemento upang magtagumpay ang isang tao (Gough, 1991).

Ang mapanuring pag-iisip ay nagtataglay ng mahahalagang kasanayan gaya ng pangangatwiran, pagpaplano, pagsusuri at paggawa ng isang desisyon. Ang mga kasanayang ito'y nakasentro sa kakayahan ng mga mag-aaral na tayahin at unawain ang mga impormasyong nababasa o naririnig sapagkat mahalaga sa isang mag-aaral ang mga kasanayang ito upang makalikha ng bagong ideya at kaisipan. Mahalaga ang ginagampanang tungkulin ng mga guro sa paglinang ng kasanayan sa mapanuring pag-iisip. Maaaring imodelo ng guro ang kanilang sarili bilang mga mag-aaral din na handang tumuklas ng mga bagong kaalaman. Maaari rin silang magbigay ng pidbak o manghikayat sa mga mag-aaral na magtanong upang malinang ang kanilang mapanuring pag-iisip. Bukod dito, maaaring mahikayat ang mga mag-aaral na makilahok sa iba't ibang gawain sa klase, gumamit ng iba't ibang teknik sa pagtatanong at bigyan sila ng isang kapaligirang hahamon sa kanilang husay at katalinuhan (Partnership for the 21$^{st}$ century learning, 2008).

Ang mapanuring pag-iisip ay isang mahalagang kasanayan, na maaaring gamitin sa lahat ng aspekto ng pagkatuto (Mason at Washington, 1991). Kinakailangang matutuhan ng mga mag-aaral ang maging mapanuri sa mga pinagmumulan ng impormasyon na siya nilang ginagamit sa pag-aaral; gayundin sa pagbabasa ng gawa ng ibang kamag-aral; ang kanilang isinusulat ay kinakailangang magpakita ng kakayahan na timbangin ang iba't ibang argumento at pananaw upang makapaglahad ng kanilang sariling opinyong bunga ng isang mabuting pagpapasya (Spratt,2005). Gaya ng pananaw ni Gelder (2005),

> *"Halos lahat ay sumasang-ayon na ang pangunahing layunin ng edukasyon, ay matulungan ang mga mag-aaral na malinang ang kanilang kakayahang mag-isip lalo na ang kasanayan sa mapanuring pag-iisip".*

Sa madaling salita, ang mapanuring pag-iisip ay isang kasanayang nangangailangan ng matagalang pagsasanay at pagkatuto mula sa guro (Watson at Glaser, 2002).

Ito rin ay kinikilala bilang sining ng pagsusuri at pagtataya sa paraan ng pag-iisip nang may layuning linangin ito. Ang mapanuring pag-iisip din ay isang instrumento upang madaling maunawaan ng mga tao ang solusyon sa isang problema sa anumang asignatura o sa anumang aspekto ng buhay. (Lyutykh,2009).

Sina Scriven at Paul (2007) ay kinikilala ang mapanuring pag-iisip bilang isang disiplinang intelektuwal kung saan ang mga mag-aaral ay aktibo at nagpapakita ng kahusayan sa pagbuo ng isang konsepto, naglalapat o gumagamit ng makabagong impormasyon, naglalagom ng ideya, at nagtataya ng impormasyon mula sa obserbasyon, karanasan, repleksyon, pangangatwiran at komunikasyon. Ang mapanuring pag-iisip ay hindi lang tumitingin sa posibilidad na masagot ng mag-aaral ang mga tanong sa talakayan sa klase, sa halip ay malinang sa mga mag-aaral ang kanilang kakayahan na makapagbigay ng solusyon sa isang problema, makapagdesisyon ayon sa mga pangyayari at makagamit ng *higher-order-thinking skills* (Taylor at Patterson, 2000).

Si Ennis (1989) ay bumanggit ng 13 katangian ng isang taong tunay na nag-iisip sa paraang mapanuri. Ang mga katangiang ito ay ang pagkakaroon ng bukas na isipan, pagsang-ayon o sumasalungat sa isang ideya batay sa mga ebidenysa, pagtingin sa

kabuuan ng sitwasyon bago magbigay ng sariling pagtataya, pagsisigurong tama ang pinaniniwalaang impormasyon, pagsasagawa ang mga bagay sa isang maayos na pamamaraan, paghahanap ng opsyon at alternatibong solusyon, paghahanap ng mga pangangatwiran, paghahanap ng maliwanag na pahayag kaugnay ng isang isyu, pagsasaisip ng pinagmulan ng isang suliranin, at pagiging sensitibo sa nararamdaman ng iba.

Ang layunin ng integrasyon ng mapanuring pag-iisip sa klase ay upang makilala ang mga mag-aaral hindi bilang tagatanggap ng impormasyon kundi bilang tagagamit nito. Ang klase na humihikayat sa mag-aaral na imbestigahan ang isang impormasyon ay nagsusulong ng mapanuring pag-iisip. Ngunit kailangang isaalang-alang ang pangangailangan sa pagsasanay at mahabang pasensya ng mga gurong gagamit ng teknik na ito sa klase. Kung sa umpisa ay makikitang walang interes ang mga mag-aaral na malinang ang kanilang mapanuring pag-iisip dahil sa nakagawian nilang tradisyunal na metodo ng pagkatuto, ang layunin ng guro dito ay mahikayat ang mga mag-aaral na subukin ang paglinang sa kanilang mapanuring pag-iisip. Sapagkat ang mag-aaral na may mapanuring pag-iisip may kakayahang bigyang solusyon ang mga problemang kakaharapin nila sa totoong buhay (Mimbs, 2005).

Ang mga dimensyon ng mapanuring pag-iisip na ginamit sa pag-aaral na ito ay tumutukoy sa kasanayan na (1) nasusuri ang binasa; (2) natutukoy ang ugnayan ng isang impormasyon sa binasa (3); nabibigyang-interpretasyon ang isang impormasyon mula sa

binasa; (4) nakapaghihinuha sa binasa; (5) natataya ang binasa (Partnership for the 21st Century Skills, 2009).

**Ang *K to 12* na Kurikulum**

Layunin ng pagtuturo ng Filipino na malinang ang (1) kakayahang komunikatibo, (2) replektibo at mapanuring pag-iisip at, (3) pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga babasahin at teknolohiya tungo sa pagkakaroon ng pambansang pagkakakilanlan, kultural na literasi, at patuloy na pagkatuto upang makaagapay sa mabilis na pagbabagong nagaganap sa daigdig.

Ang *K to 12* na kurikulum sa baitang pito ayon sa *K to 12* Gabay Pangkurikulum Filipino (2015) ay may pamantayan sa programa para sa baitang pito na maipamamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-iisip, pag-unawa at pagpapahalagang pampanitikan gamit ang teknolohiya at iba't ibang uri ng teksto at mga akdang pampanitikang rehiyunal, pambansa, saling-akdang Asyano at pandaigdig tungo sa pagtatamo ng kultural na literasi. Binanggit din sa parehong gabay sa kurikulum ang pangunahing pamantayan ng bawat baitang na pagkatapos ng ikapitong baitang**,** naipamamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-iisip, at pag-unawa at pagpapahalagang pampanitikan gamit ang teknolohiya at iba't ibang uri ng teksto at akdang pampanitikang rehiyunal upang maipagmalaki ang sariling kultura, gayundin ang iba't ibang kulturang panrehiyon.

Ang bawat yunit ng aralin ay may nakatalagang tema, pamantayang pangnilalaman, pamantayang pagganap, aralin sa gramatika at aralin sa panitikan maging

ang bilang ng sesyon sa bawat isang yunit. Ang mga detalye tungkol sa nabanggit ay makikita sa Apendiks A, Filipino 7 *K to 12* na kurikulum.

**Teorya ng *Multiple Intelligences***

Ang *multiple intelligences* na teorya ni Howard Gardner (1983, 1993) ay inuri ayon sa sumusunod: ang *Verbal Linguistic Intelligence* ay tumutukoy sa kakayahang matutuhan ang iba't ibang wika at ang abilidad na magamit ang wika upang matugunan ang isang layunin; ang *Logical Intelligence* ay tumutukoy sa kakayahang makapagsuri ng suliranin sa isang lohikal na paraan; ang *Musical Intelligence* ay tumutukoy sa kasanayan sa pagtatanghal, komposisyon, at pagtangkilik sa musika, ito rin ang kakayahan ng isang tao na makabuo ng sariling musika, tono at ritmo; ang *Bodily-Kinesthetic Intelligence* ay tumutukoy sa kakayahan ng isang tao na magamit ang kanyang katawan upang masolusyunan ang isang suliranin, ito rin ay isang abilidad ng tao na magamit ang isip upang maikoordineyt ang isang kilos; ang *Visual Spatial Intelligence* ay tumutukoy sa potensyal na makakilala at magamit ang mga padron mula sa isang malawak o masikip na lugar, ito rin ay kakayahan ng tao na magamit ang kaniyang imahinasyon; ang *Interpersonal Intelligence* ay tumutukoy sa kakayahang maunawaan ang intensyon, motibasyon at ninanais ng ibang tao. Tinutulungan nito ang isang tao na makihalubilo sa iba; ang *Intrapersonal Intelligence* ay tumutukoy sa kakayahang maunawaan ang sarili at mapahalagahan ang damdamin ng iba; ang *Naturalist Intelligence* ay tumutukoy sa abilidad ng tao na maiklasipika ang mga nabubuhay na nilikha sa at ng daigdig maging ang pagiging sensitibo sa katangian ng

iba't ibang nilikha at ang *Existential Intelligence* ay tumutukoy sa pagiging sensitibo at sa kakayahan na matalakay nang malalim ang mga tanong kaugnay ng eksistens ng tao, gaya ng kahulugan ng buhay, bakit namamatay ang tao, at paano nakarating ang tao sa daigdig.

**Estratehiya sa Pagtuturo na Batay sa Teoryang *Multiple Intelligences***

Ang mga estratehiya sa pagtuturo ay inisa-isa nina Armstrong (2000) batay sa katangiang inilarawan ni Gardner (1983) sa kaniyang teorya ng *multiple intelligences*. Tinalakay din sa artikulo ni Lazear (1991 at 1999) kung ano ang mga hakbang na dapat gawin ng guro upang malinang niya ang *multiple intelligences* ng isang mag-aaral gayundin si Campbell (1993) kung ano-ano naman ang mga katangian ng gurong gumagamit ng estratehiyang ibinatay sa *multiple intelligences* sa kaniyang klase.

Sa aklat ni Armstrong (2000) na *Multiple Intelligences in the Classroom* ay binanggit niya ang kasaysayan at katuturan ng *Multiple Intelligences*. Ayon sa aklat na ito, binanggit ni Howard Gardner na ang iba ay kinikilala ang katalinuhan ng isang tao sa isang napakababaw na pananaw, kaniya ring iminungkahi sa aklat na *The Frames of Mind* (Gardner, 1983) ang pagtataglay ng isang tao ng pitong pangunahing *multiple intelligences* at kalaunan ay dinagdagdagan ng ikawalo at nang sumunod ay nakita din ang posibilidad ng pagkakaroon ng ikasiyam (1999). Sinikap ni Gardner (1993) na palawakin ang pananaw ng tao hinggil sa iskor na IQ bilang natatanging batayan sa kanyang katalinuhan. Mariin niyang kinuwestyon ang balididiti ng pagsukat sa katalinuhan ng mag-aaral habang siya ay tinatanggal sa kanyang natural na kapaligiran. Para kay

Gardner, ang katalinuhan ay may kinalaman sa pagbibigay solusyon sa isang problema at paglikha ng isang produkto sa isang sitwasyong puno ng pagpapahalaga sa konteksto at sa pinakanatural na paraan.

Mula sa ipinakilalang teorya ni Howard Gardner ay naglabasan ang iba't ibang estratehiya na nakapadron sa *multiple intelligences* na ang layunin ay makilala o malinang ang taglay na *multiple intelligences* ng mag-aaral o maaaring gumamit ang isang guro ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo na batay sa teoryang *multiple intelligences* gaya ng sumusunod:

Ang *Linguistic Intelligence* na tumutukoy sa paggamit ng guro ng mga *open-ended* na mga gawaing pangwika na labis pa sa ilang tradisyunal na gawain gaya ng pagbabasa ng batayang aklat, pagsagot sa gawaing papel at pagtalakay ng guro sa klase. Ito ay maaaring malinang sa pamamagitan ng estratehiyang pagsasalaysay ng kuwento na isang paghahabi ng mga mahahalagang konsepto, ideya at layuning pampagtuturo sa isang kuwento upang tuwirang mailahad sa mga mag-aaral; ang *brainstorming* ay ang pagbabahagi ng mga mag-aaral ng kanilang ideya na maaaring maitala at isulat sa isang *acetate* upang maibahagi sa klase sa tulong ng *overhead projector*; ang *tape recording* ay maaaring gamitin ng mag-aaral upang mapag-usapan ang isang isyu na nais nilang masolosyunan sa klase at malayang maisiwalat ang kanilang nararamdaman; at ang *journal writing* naman ay ang paglilista ng mag-aaral ng kaniyang saloobin kaugnay ng isang espesipikong usapin. Bukod dito ay maaaring gawin ang estratehiyang: *concept*

*mapping* upang makatulong sa pag-alaala sa nilalaman ng binasa; pagsulat ng *sequel* para sa isang dula o nobelang nabasa; pagsagot ng mga *crossword puzzle, jumbled words* para sa pagpapatalas ng talasalitaan at pagbabahagi ng bagong tuklas na salita.

Ang *Logical at Mathematical Intelligence* naman na tumutukoy sa estratehiya ng guro na ipakita sa mga mag-aaral na ang Math at Science na konsepto ay maaari ring makita sa mga asignatura maliban sa dalawang nabanggit. Malilinang ito sa pamamagitan ng kalkulasyon at kwantipikasyon na isang magandang pagkakataon sa isang guro upang ipaalam sa kaniyang mga mag-aaral na ang pagbibilang ay hindi lamang para sa asignaturang Math  kung hindi maaari rin itong magamit sa ibang asignatura maging sa pagbibigay solusyon sa anumang pangyayari sa totoong buhay;  ang  *socratic questioning* naman ay isang estratehiya kung saan ang tungkulin ng guro ay magtanong sa kanyang mga mag-aaral kaugnay ng paksang pinag-uusapan sa klase; klasipikayon at kategorisasyon; *heuristics* ay maisasagawa sa pamamagitan ng pagtukoy sa isang analohiya na magbibigay solusyon sa isang suliranin, at pagbibigay ng solusyon sa isang problema; at ang *science thinking* ay isang estratehiya kagaya ng kompyutasyon  na magpapakita sa mag-aaral na may Science sa mga asignaturang hindi lamang para sa Science at maaari pa itong mailapat sa pag-aaral ng ibang asignatura.  Maaari ring gawin ang estratehiya gaya ng sumusunod:  pahuhulaan ng guro sa mag-aaral ang maaaring kasunod na pangyayari sa isang kwentong tinatalakay;  gumawa ng balangkas ng binasa na may apat na pangunahing ideya, apat na sumusuportang ideya at apat pang sumusuportang ideya sa nauna nang sumusuportang ideya; suriin ang mga pagkakatulad

at pagkakaiba ng iba't ibang *genre* ng panitikan; pag-aralan kung paanong bumasa, sumulat at umunawa ng ilang "*code language*"; at gumamit ng *story grid* para sa malikhaing pagsulat.

Ang *Spatial Intelligence* na tumutukoy sa estratehiya kung saan ang isang mag-aaral ay nakapagbibigay ng kaniyang reaksyon sa isang larawang nakita, maaaring imahen sa isipan o imahen na nakikita sa kapaligiran gaya ng slides, pelikula, iginuhit na larawan, larawan mula sa kamera, grapikong simbolo, wikang idyograpiko at iba pa. Ito ay malilinang sa pamamagitan ng biswalisasyon kung saan ang isang mag-aaral ay papipikitin upang malaman kung ano ang nakita niya sa kaniyang diwa pagkatapos mabasa ang isang akda. Isa pa ang *color cues* kung saan ang guro ay maaaring gumamit ng makukulay na tsok sa pagsulat ng aralin sa pisara at maaari rin payagan ang mga mag-aaral na gumamit ng makukulay na *marker* sa pagtatala ng kanilang natutuhan sa klase. Bukod dito ang *picture metaphors* naman ay paglalahad ng isang ideya sa tulong ng ipinakitang larawan. Maaari rin gamitin ang *idea sketching* kung saan ang isang mag-aaral ay malayang maisasalin sa isang iginuhit na larawan ang anumang ideyang kaniyang natutuhan mula sa isang talakayan o sa isang babasahin at ang *graphic symbols* ay ang isa sa pinaka-tradisyunal na estratehiya sa pagtuturo kung saan ang guro ay susulat ng mga teksto sa pisara gamit ang mga simbolong letra. Maaari rin maglaro kaugnay ng pagpapalawak ng talasalitaan, ituro ang *mind mapping* bilang isang proseso ng pagtatala ng mga importanteng impormasyon, pagpapaguhit ng larawan upang ipakita

ang pagbabago ng banghay ng binabasang kuwento at gumamit ng mga *highlight markers* upang madaling makita ang mga mahalagang bahagi ng akdang binabasa.

Ang *Bodily-Kinesthetic Intelligence* ay tumutukoy sa kakayahan ng guro na linangin ang talino na ito sa pamamagitan ng paggamit ng mga *hands-on* at *kinesthetic* na gawain sa tradisyunal na asignatura gaya ng pagbasa.  Ito ay malilinang sa pamamagitan ng gawaing *body answers*, ito'y isang estratehiya kung saan ang mga mag-aaral ay gagamitin ang kanilang katawan upang ipahayag ang sagot sa isang katanungan kaugnay ng talakayan sa klase.  Idagdag pa ang *classroom theater* naman ay isang estratehiya na dito'y ang mag-aaral ay inaasahang ibahagi ang isang teksto, problema sa tinalakay sa pamamagitan ng pagsasatao sa isang sitwasyon.  Ang isa pa ay ang *kinesthetic concept* naman ay ang estratehiya kung saan ang isang mag-aaral ay ipa-*pantomime* ang isang konseptong kapapakilala lamang ng guro o ipakikilala sa isang mag-aaral ang isang bagong kaalaman sa pamamagitan ng pisikal na ilustrasyon.  Ang estratehiyang *hands-on thinking* naman ay pagbibigay ng pagkakataon sa isang mag-aaral na gamitin ang kaniyang mga kamay upang manipulahin ang isang bagay upang matutuhan ang tunay na gamit nito at ang *body maps* na isang estratehiya na ang isang mag-aaral ay gagamitin ang kaniyang katawan upang magsilbing isang mapa.  Idagdag pa ang larong *charades* na dito'y pahuhulaan ang isang salita; ang *embody* naman ay pagsasadula ng kahulugan ng isang salitang napag-aralan; pag-aaral ng alpabeto at pagbabaybay sa pamamagitan ng pagkilos ng katawan; at paggawa ng isang katutubong sayaw para sa isang tayutay.

Sa paglinang naman ng *Musical Intelligence* na tumutukoy sa estratehiya ng guro sa paggamit ng musika sa pagtuturo ng tradisyonal na aralin sa mga mag-aaral. Dito ay maaaring gamitin ang mga estratehiya kagaya ng ritmo, awitin, rap at pagsasahimig. Ang *discographies* ay isang gawain kung saan ang mag-aaral ay maglilista ng mga musika kaugnay ng isang panahon kung kailan naisulat ang isang babasahing akda o paghahanap ng anumang linya mula sa isang awitin na maaaring magbuod ng konseptong natalakay sa klase. Ang *supermemory music* naman ay isang gawain kung saan ang guro ay nagbibigay ng isang makabuluhang kaalaman habang nagpapatugtog ng isang nakakarelaks na awitin gaya ng *Baroque* o anumang klasikong musika. Ang sunod ay ang *musical concept,* dito ginagamit ang musika upang ipahiwatig ang damdamin ng babasahing akda sa tulong ng ritmo at damdaming lumutang sa isang awitin at ang *mood music* naman ay isang estratehiya na ang guro ay hahanap ng isang musika na magmumungkahi ng lugar kung saan naganap ang babasahing kuwento, halimbawa ay kung sa isang gubat naganap ang kuwentong babasahin ay maaaaring magpatugtog muna ng musikang may pagaspas ng tubig, huni ng ibon at may tunog ng hanging nagpapagalaw sa mga puno. Bukod dito ay maaaring pag-aralan ang mga ugaling bayan at magsanay na makipag-usap gamit ang isa sa mga ito, magparinig ng awitin habang nagpapagawa ng isang gawaing pagbasa, magpalikha ng awitin/rap upang maituro ang aralin sa pagbasa at ipakita ang isang kwento o tula sa pamamagitan ng pinagdugtong-dugtong na awitin.

Ang *Interpersonal Intelligence* naman na tumutukoy sa estratehiya ng guro sa pagtuturo na gumagamit ng inkorporasyon ng interaksyon sa pagitan ng mga mag-aaral ay maaaring malinang sa pamamagitan ng *peer sharing*, dito ang isang mag-aaral ay bibigyan ng pagkakataong makipagpalitang-kuro sa kaniyang kapareha kaugnay ng paksang tinatalakay, ang *people sculpture* naman ay estratehiya kung saan ang isang mag-aaral ay pagsasama-samahin upang katawanin sa paraang pisikal ang isang ideya, konsepto o layunin, ang *cooperative groups* naman ay estratehiya na kung saan may isang maliit na pangkat ng mag-aaral ay magsasama-sama upang matugunan ang isang layunin sa klase, *board games* at *simulations* kung saan ang isang pangkat ng mag-aaral ay magsasama-sama upang makalikha ng isang kapaligiran. Idagdag pa ang gawaing gaya ng pagpapagawa ng pinagdugtong-dugtong na kuwento:  pasimulan ang kuwento sa isang mag-aaral, ipapasa ang papel sa iba upang dugtungan ang kuwentong nagawa; pagsusuri ng mensahe at aral ng kuwento sa tulong ng pangkatang pagsang-ayon o pagsalungat sa mga isyung kaugnay nito; pagbasa ng isang tula mula sa iba't ibang perspektibo at iba't ibang damdamin; at pagsasagawa ng isang pagsasanay sa pagbasa kasama ang isang kapareha.

Ang *Intrapersonal Intelligence* na tumutukoy sa estratehiya ng guro upang iparanas sa mga mag-aaral na sila ay isang malayang indibidwal na may kakaibang kuwento ng buhay na may malalim na indibidwalidad ay malilinang sa tulong ng estratehiyang *one-minute reflection period.* Ito ay isang pagkakataong ibinibigay sa mga

mag-aaral upang tipunin ang anumang impormasyong natutuhan sa isang buong araw na talakayan; ang *personnal connections* naman ay pag-uugnay ng mag-aaral ng kaniyang natutuhan sa klase sa kahalagahan nito sa kaniyang personal na buhay, samantalang ang *choice time* na pagbibigay ng pagkakataon sa isang mag-aaral na gumawa ng kaniyang sariling desisyon kaugnay ng isang suliranin sa nabasang akda, isama pa ang *feeling-toned moments* na pagbibigay ng pagkakataon sa isang mag-aaral na magpahayag ng kaniyang nararamdaman gaya ng pagkagalit, pagkatuwa, pagkatakot, pagbabahagi ng opinyon at pagkakaroon ng kasabikan sa tatalakaying paksa; at ang *goal-setting sessions* naman ay pagbibigay ng guro ng pakakataon sa mag-aaral na magbigay ng kaniyang layunin bago magsimula ang anumang araling tatalakayin. Maaari pa rin itong mapagyabong sa pamamagitan ng pagsulat ng talambuhay, pagsusuri ng isang panitikan at pag-uugnay ito sa mga sariling karanasan at pagpapalagay ng mag-aaral na siya ay isang tauhan sa nobela o kuwentong nabasa upang hingin ang kanyang gagawing hakbang kung naharap sa parehong sitwasyong sumubok sa isang tauhang nabasa.

Ang *Naturalist Intelligence* na tumutukoy sa estratehiya ng guro kung saan binibigyan ng pagkataon ang isang mag-aaral na matuto kasama ang kalikasan ay malilinang sa pamamagitan ng estratehiyang *nature walks* o paglalakad sa kalikasan upang matuklasan ang mga bagay na nasa paligid, *windows onto learning* na paggamit ng kung anong elemento ng kalikasan ang makikita sa bintana upang iugnay sa tatalakaying paksa, *plants as props* na pagdadala ng bahagi ng kalikasan sa loob ng silid-aralan upang

magsilbing biswal na pantulong sa talakayan, *pet-in-the-classroom* na panandaliang pag-aalaga ng hayop sa loob ng silid-aralan na maaaring iugnay sa paksang tatalakayin, *ecostudy* naman na pagbibigay-halaga ng guro sa pananagutan ng mag-aaral sa kapaligiran anuman ang paksang kaniyang tinatalakay at ang *nature scene recreation/ simulations* kung saan uunawain ang impluwensya ng klima at kapaligiran ng awtor sa tema ng kanyang naisulat na akda.

Ang *Existential Intelligence* naman na tumutukoy sa estratehiya sa pagtuturo kung saan ang isang mag-aaral ay binibigyan ng maraming pagkakataon upang maipahayag ang kaniyang saloobin at may kakayahang mataya ang kaniyang sariling gawa. Maaaring malinang sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagkakataon sa isang mag-aaral na maiugnay ang kaniyang natutuhan sa loob ng silid-aralan sa mga pangyayari sa labas nito, pagbibigay ng sapat na kaligiran ng paksang tatalakayin sa klase bago ito pag-usapan gaya ng pagtalakay sa epekto ng giyera sa daigdig bago ang pagbabasa ng isang tulang tungkol sa giyera, pagbibigay pagkakataon sa ang mga mag-aaral na tingnan ang isang paksa sa iba't ibang perspektibong maiisip nila, pagpapabuod sa mga mag-aaral ng paksang natalakay sa klase at pagbibigay pagkakataon sa isang mag-aaral na lumikha ng isang liksyon na nais niyang ibahagi sa kaniyang kamag-aral.

Sa aklat ni Lazear (1991 at 1999) na *Teaching with Multiple Intelligence into Four General Stages* ay tinalakay ang antas ng pagtuturo upang malinang ang *multiple intelligence* ng isang mag-aaral ay sa pamamagitan ng apat na antas gaya ng paggising sa


taglay na katalinuhan (*awakening the intelligence)*, na nagsasabing ang bawat *intelligence* ay may neyorohikal at bayolohikal na pinanggagalingan. Ang layunin ng antas na ito ay upang gisingin ang isang partikular na bahagi ng utak, isip o sistema sa katawan ng tao upang ang isang talino na maaaring natutulog na ay magising. Halimbawa ay ang pagpapagawa ng anumang gawaing magpapakilos sa katawan ng tao upang malinang ang kaniyang *kinesthetic intelligence* o maaari rin namang magbigay ng bugtong o palaisipan na sasagutin ng mag-aaral upang malinang ang kaniyang *verbal linguistics intelligence*. Ang ikalawang antas ay tinatawag na antas pagpapalawak (*amplifying stage)*. Dito, pinaniniwalaang ang bawat talino ay maaaring malinang, mapalakas at mapagbuti. Ito ay nagtataglay ng mga gawaing gaya ng pagsasanay upang mapalakas ang isang talino maging ang matutuhan kung paanong mabibigyang interpretasyon upang magawang malinang ang iba't ibang uri ng impormasyon mula sa iba't ibang talino. Ang layunin ng antas pagpapalawak ay upang mapagbuti o mapagtibay ang isang domeyn ng talino kung saan ang isang tao ay mahina o di kumportable. Halimbawa, ay pagbibigay ng gawain gaya ng pagkilala sa iba't ibang uri ng tunog o pagsasanay na pag-ugnay-ugnayin ang iba't ibang *rhythmic pattern* o tono para malinang ang *musical intelligence*. Ang ikatlong antas naman ay ang pagtuturo ng/para sa talino (*teaching of/for the intelligences)*. Dito, sinasabing sa oras na ang isang talino ay magising o mabuhay o ang kasanayang kaugnay nito ay matutuhan ng isang mag-aaral, ang talinong ito ngayon ay maaari nang magamit sa isang matalinong pagkalap ng impormasyon o pagtatamo ng isang kaisipan. Ang lahat ng mag-aaral ay

maaaring matuto upang maging higit na matalino sa iba't ibang paraan at ang lahat ay maaaring maituro at matutuhan sa tulong ng iba't ibang talino. Ang mga guro ay dapat na matutuhan kung paanong gagamitin ang talino sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Ang layunin ng antas pagtuturo (*teaching stage*) ay upang magpakita ng mga aralin gamit ang iba't ibang paraan upang mamaster ang anumang kagamitang pang-akademiko. Halimbawa ay ang pagtuturo ng istruktura ng *molecule* sa pamamagitan ng pagpapagamit sa mga mag-aaral ng modelong *clay* na magpapakita ng iba't ibang bahagi nito (*visual spatial*). Sa pagtuturo naman ng pandiwa, maaaring hayaan ang mga mag-aaral na isakilos ito (*verbal linguistic, bodily kinesthetic*). Ang ikaapat na antas naman ay ang pagsasalin ng talino (*transferring the intelligences).* Ito ang huling antas ng pagtuturo gamit ang *multiple intelligence*. Dito, pinagsasama-sama ang lahat ng talino upang magamit sa pang-araw-araw na gawain. Kasama dito ang paggamit ng talino upang masolusyunan ang isang problema o pagsubok, isyu at ang kakayahan ng isang mag-aaral na harapin ang mga pagsubok sa labas ng silid-aralan. Ang layunin ng antas na ito ay maging bahagi ng kasanayang kognitibo at damdamin upang makaagapay sa totoong buhay. Halimbawa, ang pagsulat ng dyornal sa paaralan ay maaaring makasanayan at maging gabay sa paggawa ng pang-araw-araw o lingguhang dyornal sa bahay (*verbal linguistic, intrapersonal*).

Sina Armstrong (2000) at Campbell (1999) ay kinalala ang katangian ng isang guro na gumagamit ng *teoryang multiple intelligences* sa pagtuturo. Ayon sa kanila, ang

gurong gumagamit ng teoryang *multiple intelligences* ay may sumusunod na katangian: una, laging nagpapalit-palit ng kaniyang estratehiya ng presentasyon ng aralin mula sa *linguistics* patungo sa *musical* at iba pa, kadalasan pinagsasama-sama ang iba't ibang teorya ng *multiple intelligence* sa pagtalakay ng isang aralin sa paraang malikhain; ang ikalawa naman ay gumuguhit ng larawan sa pisara bilang biswal na pantulong o nagpapapanood ng *video clips* upang makatulong sa paglalahad ng isang ideya, nagpapatugtog ng musika habang tumatalakay ng isang natatanging paksa; ang ikatlo naman ay ang gurong nagbibigay ng mga gawaing *hands-on* upang makita ang pagkakaunawa ng mga mag-aaral sa isang paksang katatapos lamang talakayin; ang ikaapat ay ang gurong ginagabayan ang kaniyang mga mag-aaral na makipag-usap sa isa't isa sa iba't ibang paraan, nagbibigigay siya ng panahon upang ang mga mag-aaral ay makagawa ng kanilang repleksyon sa isang makabuluhang paraang nais nila, o matulungan ang mga mag-aaral na maiugnay ang kanilang kasanayan at nararamdaman sa paksa o babasahing tinatalakay; at ang huli ay ang gurong kinikilala ang pagkakaiba-iba ng kakayahan ng lahat ng kaniyang mag-aaral, na ang bawat isa ay may sariling kakayahang kognitibo at may potensyal sa bawat isang talino.

## 1.3. Konseptwal na Balangkas




Ang pinagsama-samang baryabol na nasa loob ng maliit na bilog gaya ng aralin sa panitikan, kompetensi sa pantikan ayon sa *K to 12* na kurikulum, estratehiya batay sa *multiple intelligences* ang bumuo sa Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito. Ang lahat ng karanasan ng mag-aaral maging mga awtput sa klase habang tinatalakay ang

aralin gamit ang Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito sa panitikan ay ebidensyang tinipon sa pamamagitan ng binuong *portfolio* ng mga mag-aaral. Ang lahat ng pinagsalikop na gawaing ginamitan ng estratehiyang batay sa *multiple intelligences* ay inaasahang lilinang sa ika-21 siglong kasanayan ng mga mag-aaral sa mapanuring pag-iisip na makikita sa mas malaking bilog.

Ang mga aralin sa panitikan ay isinunod sa itinalagang aralin sa balangkas ng kurso na ginagamit ng paaralang sumailalim sa pag-aaral na ito. Ang mga paksang tinalakay sa panahon ng pag-aaral ay ang Kuwentong-Bayan na Ang Munting Ibon, Epiko na Indarapatra at Sulayman, at Maikling Kuwento na Pagislam at ang talakayan ay winakasan sa pamamagitan ng pagsasagawa ng Pamantayang Pagganap na pabuo ng proyektong panturismo na isang *travel brochure*.

Ang pinagtuonan sa pagtalakay ng aralin ay ang kompetensing itinakda ng Kagawaran ng Edukasyon sa *K to 12* na kurikulum sa panitikan na (1) nasusuri gamit ang *grapikong pantulong* ang ugnayan ng tradisyon at akdang pampanitikan batay sa napanood na kuwentong-bayan, (2) nasusuri ang ginamit na datos sa pananaliksik sa isang proyektong panturismo, (3) naipahahayag ang sariling pakahulugan sa kahalagahan ng mga tauhan sa napanood na pelikula na may temang katulad ng akdang tinalakay, (4) naipahahayag ang sariling pakahulugan sa kahalagahan ng mga tauhan sa napanood na pelikula na may temang katulad ng akdang tinalakay (5) naiuugnay ang mga pangyayari sa binasa sa mga kaganapan sa iba pang lugar ng bansa, (6) nabubuo ang isang makatotohanang proyektong panturismo ,(7) naipahahayag ang sariling pakahulugan sa

kahalagahan ng mga tauhan sa napanood na pelikula na may temang katulad ng akdang tinalakay, (8) nahihinuha ang kaugalian at kalagayang panlipunan ng lugar na pinagmulan ng kuwentong-bayan batay sa mga pangyayari at usapan ng mga tauhan, (9) naipaliliwanag ang sanhi at bunga ng mga pangyayari at  (10) naisusulat ang komik istrip na nagpapakita ng kakaibang katangian ng pangunahing tauhan sa epiko.

Inihanay ang mga kasanayan sa mapanuring pag-iisip na target linangin sa mga aralin sa panitikan sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga kompetensi sa *K to 12* na kurikulum na may kahawig na kasanayan sa mapanuring pag-iisip gaya ng sumusunod: (1) ang kasanayan sa mapanuring na pag-iisip na nasusuri ang nabasa ay kahalintulad ng kompetensi bilang nasusuri gamit ang grapikong pantulong ang ugnayan ng tradisyon at akdang pampanitikan batay sa napanood na kuwentong-bayan, nasusuri ang ginamit na datos sa pananaliksik sa isang proyektong panturismo, naiisa-isa ang mga elemento ng maikling kuwento mula sa Mindanao; (2) ang kasanayan sa mapanuring pag-iisip na natataya ang binasang akda ay makikita sa kompetensi bilang naipahahayag ang sariling pakahulugan sa kahalagahan ng mga tauhan sa napanood na pelikula na may temang katulad ng akdang tinalakay; (3) ang kasanayan na naiuugnay ang isang impormasyon sa binasa ay makikita sa kompetensi bilang naiuugnay ang mga pangyayari sa binasa sa mga kaganapan sa iba pang lugar ng bansa at nabubuo ang isang makatotohanang proyektong panturismo; (4) ang kanasanayan na nakapaghihinuha sa binasa mula sa inisa-isang kasanayan sa mapanuring pag-iisip ay katulad ng kompetensi bilang nahihinuha ang kaugalian at kalagayang panlipunan ng lugar na pinagmulan ng kuwentong-bayan batay

sa mga pangyayari at usapan ng mga tauhan; at (5) ang kasanayan sa mapanuring pag-iisip na nakapagbibigay-interpretasyon sa impormasyong nabasa ay makikita sa kompetensi bilang naipaliliwanag ang sanhi at bunga ng mga pangyayari at naisusulat ang komik istrip na nagpapakita ng kakaibang katangian ng pangunahing tauhan sa epiko.

Ang mga estratehiya batay sa *multiple intelligences* ayon kay McFarlane (2011) sa kaniyang pag-aaral na *Multiple Intelligences: The Most Effective Platform for Global 21st Century Educational and Instructional Methodologies* ay isang paraan upang makamit ang ika-21 siglong kasanayan ay sa pamamagitan ng mga gawaing pangsilid-aralan na ginamitan ng *multiple intelligences* na teorya. Ang *multiple intelligences*, kung ihahambing sa iba pang *theories of mind* o potensyal ng isang tao ay walang dudang ang pinakaepektibong pamamaraan upang makalikha ng metodo sa pagtuturo para sa silid-aralan ng ika-21 siglo.

Ang mga estratehiyang batay sa *multiple intelligences* ay inspirasyon mula sa ipinakilalang teorya ni Howard Gardner (1993, 1999). Sa kaniyang pag-aaral ay inisa-isa ang mga *intelligences* gaya ng *Linguistics Intelligence*, *Logical Mathematical Intelligence*, *Visual Spatial Intelligence*, *Bodily Kinethetic Intelligence, Musical Intelligence*, *Interpersonal Intelligence*, *Naturalist Intelligence*, *Intrapersonal Intelligence* at *Existential Intelligence.*

Ang mga ebidensya ng pagkatuto ng mga mag-aaral mula sa tinalakay na aralin sa panitikan gamit ang Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito ay nagtataglay ng aralin sa panitikan, kompetensi sa panitikan ayon sa *K to 12* na kurikulum at

estratehiya batay sa *multiple intelligences* ay maingat na tinipon ng mga mag-aaral sa isang *portfolio* tulad ng ginawang pag-aaral ni Sorell (1997) na ginamit ng mananaliksik upang mataya ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na nalinang sa mga mag-aaral.

Ipinakikita sa mas malaking bilog ang ika-21 siglong kasanayan na mapanuring pag-iisip na inaasahang malilinang ng mga baryabol na nasa loob ng mas maliit na bilog. Ito ay nagtataglay ng sumusunod na dimensyong inisa-isa ng Partnership for the 21st Century Skills (2009) gaya ng kasanayan na: (1) nasusuri ang binasa; (2) natataya ang binasa; (3) naiuugnay ang isang impormasyon sa binasa; (4) nakapaghihinuha sa binasa; (5) nabibigyang-interpretasyon ang impormasyong binasa.

Ang mga kasanayan sa mapanuring pag-iisip ay inilarawan gaya ng sumusunod: ang kasanayan sa mapanuring pag-iisip na nasusuri ang binasa ay tumutukoy sa kakayahan na makita ang pagkakaiba-iba sa binasa, makapagpaliwanag, makapaghimay ng impormasyon at makapagbigay-kahulugan; ang kasanayan sa mapanuring pag-iisip na naiuugnay ang impormasyon sa binasa ay inilarawan bilang kakayahan ng mag-aaral na maiugnay ang iba't ibang impormasyon at karunungan, maiugnay ang ilang makatotohanang impormasyon sa mas malaking konsepto, maihambing ang mga ideya at magamit ang impormasyon at karanasan sa iba't ibang disiplina; gayundin ang kasanayan sa mapanuring pag-iisip na nakapaghihinuha ng binasa ay inilarawan bilang kakayahan ng mag-aaral na umunawa sa detalyeng binasa upang masuportahan ang pahayag, makapagbigay ng konklusyon, makapaglahad ng desisyon; isama pa ang kasanayan sa

mapanuring pag-iisip na natatataya ang binasa ay tumutukoy kakayahan ng isang mag-aaral na makapaglarawan ng isang konseptong binasa, makapagpasya, makapagmarka sa gawa ng iba, at makapaghatol sa gawa ng iba; sa huli ang kasanayan sa mapanuring pag-iisip na natatataya ang binasa ay tumutukoy kakayahan ng isang mag-aaral na makapangalap ng impormasyon upang mabigyang-interpretasyon ang binasa, makabuo ng bagong padron bunga ng nakalap na ebidensya at matukoy ang relasyon ng mga impormasyon (Greenstein, 2012).

## 1.4. Paglalahad ng Layunin

### 1.4.1. Pangunahing Layunin

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay mapatunayang ang estratehiyang batay sa *multiple intelligences* ay nakalilinang ng ika-21siglong kasanayan na mapanuring pag-iisip ng mag-aaral sa Filipino 7.

### 1.4.2. Tiyak na Layunin

Ang pananaliksik na ito ay may taglay na sumusunod na tiyak na layunin:

1. Makapagdisenyo ng aralin gamit ang estratehiya batay sa *multiple intelligences* na lilinang sa ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip.
2. Masuri ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na nalinang sa mga aralin sa panitikan gamit ang estratehiyang batay sa *multiple intelligences*.

## 1.5. Kahalagahan ng Pag-aaral

Kinakailangan ng pag-aaral sa kasalukuyan upang mapatunayan kung ang asignaturang Filipino ay nakasasabay sa hamon ng pagbabago sa edukasyon lalo na sa pagkakamit ng ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip ayon *sa K to 12* na kurikulum. Ang pag-aaral na ito ay tutukoy sa kakayahan ng estratehiya sa pagtuturo batay *sa multiple intelligences* sa paglinang ng ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip ng mag-aaral. Nais matukoy ng tagapagsaliksik ang ugnayan ng mga *baryabol* na ito upang makatulong sa paglinang ng ika-21 siglong kasanayan kasabay ng pagtalakay sa mga aralin sa panitikan sa baitang pito. Dahil nakita ng mananaliksik na limitado ang pag-aaral na naisagawa kaugnay ng dalawang baryabol na ito ay nakita ang pangangailangan na mapagtuonan ito ng pansin sa konteksto ng asignaturang Filipino. Gayundin ay nakapukaw-pansin sa mananaliksik ang teoryang *multiple intelligences* na bagamat ginamit na estratehiya sa pagtuturo sa paaralang sumailalim sa pananaliksik ay wala pang pag-aaral na ginawa upang matiyak na ang paggamit ng estratehiya batay sa *multiple intelligences* ay nakatulong sa paglinang ng ika-21 siglong kasanayan sa klase sa Filipino.

**Mag-aaral**.Ang mga mag-aaral ang higit na makikinabang sa pag-aaral na ito, sapagkat kung ang mga klase sa Filipino ay hindi ituturo sa paraang tradisyunal, higit na mababawasan ang pag-iwas ng mga mag-aaral sa mga nakasanayang gawaing pang-klase. Bukod dito, makikilala rin ng mga guro na hindi lamang kakayahang makapasa sa pagsusulit ang kailangan ng mga mag-aaral upang matuto bagkus maisasalang-alang din

ng guro na linangin ang kanilang iba't ibang taglay na talino sa pamamagitan ng paggamit ng guro ng mga estratehiya sa pagtuturong batay sa *multiple intelligences*. Gayundin, kasabay ng pagkatuto ng mag-aaral ng mga kompetensi sa panitikan sa baitang pito gamit ang estratehiya batay sa *multiple intelligences* ay ang paghahanda sa kanila sa pagharap sa totoong hamon ng buhay sa pamamagitan ng paglinang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip.

**Guro**. Mahalaga ang pag-aaral na ito sa mga gurong nangangasiwa ng klase sa Filipino, sapagkat magkakaroon sila ng iba't ibang opsyon ng estratehiya kung paano maituturo ang isang aralin sa Filipino. Magiging higit na kapana-panabik ang mga talakayan sa pagkakaroon ng mga gawaing inobatibo at kakaiba sa nakasanayan. Gayundin, makikita ng guro sa Filipino na ang halaga niya bilang tagapagturo ay hindi lamang nakatuon sa pagpapaunawa sa mga mag-aaral ng mga aralin sa panitikan kundi sa paghahanda sa mga mag-aaral sa mga tunay na nangyayari sa kanilang lipunan kung isasaalang-alang ng guro sa kaniyang pagtuturo ang paglinang sa ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip.

**Administrador**.Malaki ang maitutulong ng pag-aaral na ito sa mga administrador ng paaralan. Kung makikita ng mga administrador na ang estratehiya sa pagtuturo na batay sa *multiple intelligences* ay epektibo sa paglinang ng taglay na ika-21 siglong kasanayan na mapanuring pag-iisip, mas makahihikayat ito sa mga gurong kanilang pinamumunuan na maging higit na inobatibo sa paraan ng pagtuturo upang ang isang institusyon ay hindi lamang manatili sa tradisyunal na paraan ng pagtuturo. Kung ang

isang paaralan ay may kakayahang malinang ang ganitong kasanayan ay tiyak na makalilinang sila ng mga mag-aaral na handang sumabak sa anumang pagsubok na kakaharapin sa totong buhay.

**Tagagawa ng kurikulum**. Ang paglalapat sa pagtuturo ng estratehiya batay sa *multiple intelligences* at ang pag-uugnay nito sa target linanging ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip ay maaaring gamiting padron o gabay ng mga lumilikha ng kurikulum upang maisakatuparan ang layunin ng *K to 12* na kurikulum kung saan ang mga aralin sa iba't ibang asignatura, hindi lamang sa Filipino ay malinang kasabay ng paglinang sa mga kasanayang inisa-isa sa ika-21 siglo na kakailanganin ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng mga impormasyong nabasa.

**Sa mga susunod na pananaliksik.** Sapagkat ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa paglinang ng ika-21 siglong kasanayan na mapanuring pag-iisip gamit ang estratehiya batay sa *multiple intelligences*, maaaring gamitin ito ng iba pang mananaliksik upang gamitin sa paglinang ng iba pang ika-21 siglong kasanayan.

## 1.6. Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa paglinang ng ika-21 siglong kasanayan (*21$^{st}$ century skills*) sa mapanuring pag-iisip (*critical thinking skills*). Ang mga kasanayan ay nilimitahan lamang sa sumusunod: nasusuri ang binasa, natataya ang binasa, naiuugnay ang isang impormasyon sa binasa, nabibigyang-interpretasyon ang binasa at nakapaghihinuha sa binasa. Ang kasanayang nabanggit ay inaasahang malilinang sa

pamamagitan ng estratehiya sa pagtuturo batay sa *multiple intelligences*. Kaalinsabay ng paglinang na ito ng ika-21 siglong kasanayan ay ang pagpapaunlad ng aralin sa panitikan sa klase sa Filipino sa baitang pito. Ang binigyang pokus sa inihandang Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito ay ang pagpapaunlad ng aralin sa panitikan lamang na isinunod sa balangkas ng kursong itinakda na ng paaralang sumailalim sa pananaliksik na makikita sa Apendiks B. Dahil ang paaralang ginamit sa pananaliksik ay sumusunod sa akademikong kalendaryo na tatlong termino sa isang taong panunuruan na may tatlo hanggang apat na buwan sa isang termino, ang Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito na may estratehiya sa pagtuturo na batay sa *multiple intelligences* na nakaangkla sa ika-21 siglong kasanayan ng *K to 12* na kurikulum ay nakasentro lamang sa mga aralin sa unang buwan ng unang termino ng taong panunuruan bilang pagpapaganap sa *pilot test* nito. Ang implementasyon ng Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito na nagtataglay ng mga estratehiyang batay sa *multiple intelligences* upang malinang ang ika-21 siglong kasanayan sa mga aralin sa Filipino sa Baitang Pito na nakatuon sa panitikan ay piniling isagawa sa isang pribadong paaralan sa Las Piñas sapagkat ang paaralang ito ay kinikilala ang *multiple intelligences* sa kanilang *instructional model* (tingnan sa Apendiks C ang halimbawang banghay aralin). Dahil dito, ang mga mag-aaral ay tintutulungang tumuklas ng mga bagong impormasyon sa pamamagitan ng estratehiyang *learning by doing* na sinamahan ng paglinang sa *multiple intelligences* ng mga mag-aaral.

Ang implementasyon ay isang *pilot testing* ng mga araling lalapatan ng estratehiya sa pagtuturong batay sa *multiple intelligences* sa tulong ng mga iminungkahing gawain, ay isinagawa mula huling lingo ng Hunyo hanggang huling lingo ng Hulyo ng 2015. Ang pagtataya sa nalinang na ika-21 siglong kasanayan ay hindi lamang nakasalalay sa pagwawasto ng awtput ng mag-aaral kundi maging *portfolio* na magsisilbing ebidensya ng pagkatuto ng mga mag-aaral gaya na rin ng mungkahi ni Soland (2013) sa kaniyang pag-aaral.

Ang paglalarawan sa awtput na awtentikong ebidensya sa kasanasan ng mga mag-aaral sa mga talakayan sa Filipino Baitang Pito ay nakatuon lamang sa bahagi ng Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito na Pagpapalalim at Paglilipat. Sapagkat dito lamang binigyang-diin ang paghahanay ng kompentensi ng *K to 12* na kurikulum sa batang pito at ang target na ika-21 siglong kasanayan na mapanuring pag-iisip. Inilagay lamang ang ilang bahagi ng binuong Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito upang makita nang malinaw ang daloy ng talakayan sa klase.

### 1.7. Mga Katuturan ng Katawagan

Sa pag-aaral na ito ay may mga katawagang dapat mabigyan ng katuturan upang higit na maging malinaw ang pag-unawa sa ilang kaisipang kaugnay ng paksa.

**Ika 21-Siglong Kasanayan** ay nagtataglay ng kasanayang *learning and innovation skills* kung saan ang kasanayan sa mapanuring pag-iisip o *critical thinking skill* ay nakapailalim. Maihahanda nito ang isang mag-aaral upang maging katangi-tangi sa

pagsasala at pagsusuri ng impormasyon mula sa iba't ibang tekstong nabasa sa klase man o sa iba pang sangguniang sinaliksik. Hindi lang sa talakayan sa klase inaasahang magagamit ang kasanayang ito kundi maging sa mga tunay na pangyayari sa buhay.

**Mapanuring Pag-iisip (Critical Thinking Skills)** ay tumutukoy kasanayang gaya ng (1) nasusuri ang binasa; (2) natataya ang binasa; (3) natutukoy ang ugnayan ng isang impormasyon sa binasa; (3)nahihinuha ang binasa; (4) natataya ang binasa; (5) nabibigyang-interpretasyon ang impormasyong binasa. Ang mga kasanayang ito ang sinikap na linangin sa pamamagitan ng binuong Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito. Tiniyak na ang bawat gawain sa klase ay may target na kasanayan sa mapanuring pag-iisip at ito ay makikita sa mga awtput ng mag-aaral maging sa replektibong sagot sa kanilang binuong *portfolio*.

**Estratehiya Batay sa *Multiple Intelligences*** ay tumutukoy sa mga estratehiya sa pagtuturo ng guro na tumutugon sa katangian ng isang talinong inilarawan ni Gardner (1993,1999). Ito ang ginamit na estratehiya sa pagtuturo sa mga aralin sa panitikan sa baitang pito upang makita ang kakayahan nitong mapalakas ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip.

**Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito** ay isang gabay ng guro sa pagtuturo na sumusunod sa ilang kahawig na bahagi ng isang banghay-aralin Cortez (2013). Ang Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito na idinisenyo upang

magamit ang estratehiya batay sa *multiple intelligence* sa paglinang ng ika-21 siglong kasanayan ay iniayon sa pormat ng banghay-aralin na sumailalim sa pag-aaral na ito upang hindi mailihis sa itinakdang layunin ng paaralan. Ang Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito ay nagtataglay ng paksa, kompetensi, pagtalakay, kasanayan sa mapanuring pag-iisip na target na linangin at sanggunian. Ang mga gawain sa nabuong gabay ay tiniyak na nagtatampok ng mga gawaing pangsilid-aralan na mararanasan din ng mga mag-aaral sa tunay na buhay.

**Portfolio** ay tumutukoy sa kompilasyon ng mga awtput ng mga mag-aaral na isinagawa sa klase kasabay ng implementasyon ng Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito. Dito malayang nailahad ng mga mag-aaral ang kanilang pananaw at natutuhan sa bawat gawaing lumilinang sa kasanayan sa mapanuring pag-iisip.

**Gawaing-papel** ay tumutukoy sa mga ebidensya ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ito ay bahagi ng kanilang *portfolio* kung saan idinikit o iginuhit ng mga mag-aaral ang ebidenysa ng mga awtput sa bawat aralin sa klase. Ito rin ay sinagutang grapikong pantulong bilang pagtugon sa inisa-isang gawain sa Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito. Bukod sa mga ebidensya ng pagkatuto, ito'y bahagi kung saan sinagot ng mga mag-aaral ang mga replektibong tanong na magpapalutang kung nalinang ba sa bawat aralin ang target na kasanayan sa mapanuring pag-iisip ng mga mag-aaral.

# KABANATA II

# REBYU NG KAUGNAY NA LITERATURA

Sa kabanatang ito ng pananaliksik mababasa ang ilang pag-aaral na tumalakay sa mga pangunahing paksa ng pag-aaral na ito, ang ika-21 siglong kasanayan na mapanuring pag-iisip at ang paggamit ng mga estratehiyang batay sa *multiple intelligences* sa paglinang nito.

**Ika 21-siglong Kasanayan (21$^{st}$ Century Skills)**

Nakita ng tatlong pag-aaral ng National Council on Measurement in Education (2012), Partnership for *21$^{st}$ Century Skills* (2009), at Assessment and Teaching of the 21$^{st}$ Century Skills (2014) ang kahalagahan ng paglinang ng ika-21 siglong kasanayan sa paghahanda ng isang mag-aaral sa kaniyang hinaharap. Sa tatlong magkakahiwalay na pag-aaral na ito'y binanggit ang kasanayan sa mapanuring pag-iisip bilang isa sa mga domeyn ng ika-21 siglong kasanayan na mahalagang taglayin ng isang mag-aaral.

Ang National Council on Measurement in Education (2012) ay nagkaroon ng imbestigasyon sa paksang "*Teaching and Assessing the 21$^{st}$ Century skills*," na nagbunga ng isang batayan o *framework* na tutukoy sa kasanayan at kaalamang kakailanganin ng mga mag-aaral para sa kolehiyo at upang maging handa rin sa propesyong kanilang pipiliin sa hinaharap. Ang batayang ito ay binubuo ng sumusunod na kakayahang lilinangin para sa ika-21 siglo: (1) mapanuring pag-iisip (*critical thinking*), (2) kolaborasyon (*collaboration*), (3) pagkamalikhain (*creativity)*, (4) motibasyon (*motivation)*, at (5) metakognisyon (*metacognition*). Ang pag-aaral na ginawa ay

nagbanggit ng kahalagahan ng bawat ika-21 siglong kasanayan sa pagkatuto (*21st century skills*) ng mag-aaral. Ang mapanuring pag-iisip ay may malaking gampanin sa pag-aaral ng isang estudyante maging sa kanyang mapipiling propesyon sa hinaharap, maaari niya itong magamit sa pagbibigay solusyon sa anumang problemang kanyang kahaharapin. Ang motibasyon ay mahalaga rin sapagkat maaaring ang motibasyong nalinang habang ang mga estudyante ay nag-aaral pa lamang ay siya ring motibasyon na magagamit ng isang tao sa kanyang buhay. Sa kabilang banda, ang *creative thinking* ay makatutulong sa mag-aaral upang higit na magtagumpay ang mag-aaral sa mga gawaing pang-akademiko. At sa huli, ang *metacognition* ay makapaglilinang sa naunang kaalaman ng mga mag-aaral kaugnay ng isang paksa sapagkat napatunayang nahihigitan ng mahihinang mag-aaral ang matatalino kung sila ay marunong tumukoy sa kanyang sariling kahinaan sa pag-unawa ngunit umiiwas kumilala sa kaniyang sariling kahinaan.

Ang pagkilala sa kasanayan sa mapanuring pag-iisip bilang mahalagang kasanayang dapat malinang sa ika-21 siglo ng National Council on Measurement in Education (2012) ay di rin nalalayo sa pananaliksik na ginawa ng Partnership for *21st Century Skills* (2009). Dito ay tinatalakay na bukod sa pagtataya sa kakayahan ng mag-aaral sa Pagbasa, Matematika, at Siyensiya sa Amerika ay kinakailangang din linangin at tayahin ang mga kakayahan sa ika-21 siglo. Ang lahat ng mamamayan ng Amerika, hindi lamang ang nakaririwasa sa buhay ay nangangailangan ng ika-21 siglong kasanayan na makapagpapataas sa posibilidad na sila'y magkatrabaho sa hinaharap upang malinang ang kanilang pagiging makabayan. Iminungkahi sa pag-aaral na kailangang linangin ang

sumusunod na $21^{st}$ *century skills*: mapanuring pag-iisip at magbigay ng desisyong naangkop, makapagbigay-solusyon sa ilang suliranin, pagkamalikhain, kakayahang pangnegosyo, komunikasyon at kolaborasyon, makalikha ng inobasyon sa anumang kaalaman, at magkaroon ng kasanayang maging responsable sa anumang bagay na may kinalaman sa obligasyon sa lipunan. Kahawig ng pag-aaral ng National Council on Research in Education ang ginawa ng Assessment and Teaching of the $21^{st}$ Century Skills (2014) na nagsagawa ng isang pag-aaral na nilahukan ng mahigit sa 250 mananaliksik mula sa 60 institusyon sa buong daigdig upang pagpangkat-pangkatin ang lumulutang na $21^{st}$ century skills sa apat na malalaking pangkat ang (1) paraan ng pag-iisip na naglalaman ng pagkamalikhain, mapanuring pag-iisip, pagbibigay-solusyon sa anumang suliranin at kakayahang gumawa ng sariling desisyon. (2) paraan ng pagkilos na nagtataglay ng komunikasyon at kolaborasyon. (3) kagamitan sa paggawa na binubuo ng impormasyon at komunikasyong pangteknolohiya (ICT) at kaalaman sa impormasyon at ang (4) kasanayan upang mabuhay sa mundo kung saan nakapaloob ang pagkamakabayan, buhay at propesyon, maging ang personal at responsibilidad sa lipunan. Hindi nalalayo ang mga inisaisang ika-21 siglong kasanayan at kapansin-pansin sa tatlong pag-aaral ng magkakaibang ahensya ay nabanggit ang kasanayan sa mapanuring pag-iisip. Ang unang dalawang ahensyang nagsaliksik ay binigyang-diin na nakita nila ang kahalagahan ng paglinang sa mapanuring pag-iisip sa paghahanda sa mag-aaral sa haharapin niyang pagsubok sa tunay na buhay at malinang ang pagiging makabayan samantalang ang ikatlong pag-aaral na ginawa ng Assessment and Teaching

of the 21st Century skills (2014) ay tinaya lamang ang taglay na ika-21 siglong kasanayan ng ilang piling institusyon sa buong daigdig at inilista ang mapanuring pag-iisip bilang isa sa mga kasanayang natuklasan. Ang mga pag-aaral na nabanggit ay hindi tumalakay sa kung paano mapalalawak ang kasanayan sa mapanuring pag-iisip gaya ng tinangkang gawin sa pananaliksik na ito.

**Ika-21 Siglong Kasanayan sa Mapanuring Pag-iisip (21st Century Critical Thinking Skill)**

Bagamat ang pag-aaral ng ahensyang Assessment and Teaching of the 21st Century Skills (2014) ay nakatuon sa pagtukoy ng taglay na ika-21siglong kasanayan ng mga manggagawa sa iba't ibang ahensya ay hindi napalawak ang kanilang pananaliksik sa paglalahad ng iba't ibang paraan sa pagtataya ng ika-21 siglong kasanayan lalo ng kasanayan sa mapanuring pag-iisip, ito naman ang tinutukan ng pag-aaral na ginawa nina Facion at Sanchez (1995). Natuklasan nila na maraming iba't ibang paraan upang mataya ang kasanayan sa mapanuring pag-iisip. Gaya na lamang ng isinagawa ng *The California Critical Thinking Disposition Inventor.* Inisa-isa nito ang ilan pa sa mga hakbang upang mataya ang mapanuring pag-iisip sa isang mag-aaral. Ayon sa kanilang pag-aaral, ang pagtatanong ay isa sa mabisang paraan upang malinang ang mapanuring pag-iisip. Ngunit ang tanong na ito ay hindi lamang dapat na nasa antas *knowledge* (pag-alaala). Ang isang paraan upang magawa ito ay ang pagsasaalang-alang ng Bloom's Taxonomy na isinasaalang ang pagtatanong mula sa antas pag-aalala (*knowledge)*, pagsusuri (*analysis*), interpretasyon (*interpretation*), pagbuo (creating) at pagtataya (evaluation).

Ang isa pang paraan upang mataya ang mapanuring pag-iisip ay ang paggamit ng *Socratic Method of Questioning*. Ito ay isang metodo kung saan ang isang mag-aaral ay nagtatanong upang matuklasan ang kahulugan ng isang aralin, makilala kung ang pahayag ay nagsasabi ng katotohanan o opinyon, at masuri ang paraan ng pangangatwirang nabasa o narinig. Ang mga tanong ay ibinibigay upang maimbestigahan ang isang pagdududa, opinyon at ebidensyang nakalap. Maaari itong gawin sa pamamagitan ng pagtawag sa mga mag-aaral na hindi karawaniwang nagtataas ng kamay, pagsagot ng isang mag-aaral sa tanong na susundan ng paglalagom ng ibang kamag-aral na nakikinig sa talakayan, at paglalagom ng mag-aaral sa kaniyang narinig at natuklasan sa talakayan. Bukod dito ang talakayan sa klase at debate ay nakalilinang din naman ng mapanuring pag-iisip. Idagdag pa ang pagtalakay sa isang balitang napakinggan o nabasa at ang pagsusuri sa mga tula.

Binanggit din sa pag-aaral na mahalaga ang disposiyon ng mag-aaral sa paglinang ng kaniyang mapanuring pag-iisip, sapagkat kung may makitang kakulangan sa interes ng mag-aaral na malinang ito, kinakailangang gawin ng guro ang lahat ng kaniyang makakaya upang matulungan ang mag-aaral na malinang ito. Kinakailangan din na ang balangkas ng kursong inihahanda ng guro ay may layuning malinang ang *higher-order thought* nang sa gayon ay makapaghanda ng mga gawaing lilinang dito. At sa huli mahalagang mahikayat ang mga guro na palaganapin ang kakayahan sa mapanuring pag-iisip hindi lamang sa antas kolehiyo kundi sa iba't ibang antas sa paaralan. Sapagkat

hindi man ito malinang sa kasalukuyan, maaaring paglipas ng panahon ay tumubo ang itinanim na teknik na ito sa mga mag-aaral.

Bukod dito ay nakabuo din si Nabuo ni Hou, et.al. (2007) ng isang estratehiyang IDEALS na makatutulong sa mag-aaral na malinang ang proseso ng paggamit ng mapanuring pag-iisip sa kaniyang pag-aaaral na *An Analysis of Peer Assessment Online Discusion within a Course that Uses Project-Based Learning*. Ang estratehiyang IDEALS ay isang gabay upang masolusyunan ang isang *case study* sa pamamagitan ng pagtugon sa mga sumusunod na gabay na hakbang:

I- Identify (Tukuyin ang problema):

D- Define (Bigyang kahulugan ang konteksto ng suliranin):

E- Enumerate (Ilista ang mga opsyon)

A- Analyze (Suriin ang mga opsyon)

S- Self-Correct (Tingnan muli ang ginawang pagsusuri)

Idagdag pa rito ang isa pang paraan upang mataya ang mapanuring pag-iisip na na gumagamit ng *heuristic technique* ay nagpapakita na nabibigyang solusyon ang problema at madalas na nakakakuha ng mataas na iskor sa isang *content-based assessment* kumpara sa mag-aaral na natuto sa paraang tradisyunal - pagbabasa ng batayang aklat at pakikinig sa lektyur.

Ang katulad na pag-aaral ay nagmungkahi na ang *problem-based learning activities* ay nagsusulong ng mapanuring pag-iisip at kakayahang masolusyunan ang isang problema; aktibong partisipasyon sa proseso ng pagkatuto, pagtukoy sa sariling

pangangailangan, pangkatang gawain, malikhaing pagtalakay, pagkatuto sa mga kamag-aral, at integrasyon at pagbubuod ng marami at iba't ibang kaalaman. (Gurses, A. et al (2007).

Bukod dito ay ang mga pasulat at pasalitang takdang aralin ay nakapagbibigay-oportunidad sa isang mag-aaral na mapag-aralan pa ang ilang mga paksa, at nang malinang ang mapanuring pag-iisip nang hindi umaasa sa tulong ng iba. Gumamit ng kolaboratibong gawain gaya ng *think-pair- share*, *concept maps, team-pair-solo, debate*, at *case studies*. Maaari rin ang model critical thinking at isulong ang pagtatanong sa klase. Bukod dito ay gamitin din ang metacognitive awareness sa pamamagitan ng *minute paper* at *muddiest point* (cornellcte@cornell.edu)

Ang ginawa naman ni Sorell (1997) ay sinubukang tayahin ang taglay na mapanuring pag-iisip ng mga mag-aaral sa kursong nursing sa pamamagitan ng pagsulat ng sanaysay sa isang binuong *portfolio*. Dito, pinapili ang mga mag-aaral ng isusulat kung ito'y mula sa *cumulative nursing classroom* o *clinical assignments* na nagpapakita ng mapanuring pag-iisip. Ang bawat guro ay tinaya ang kanilang isinulat na *portfolio* sa pamamagitan ng 5 Point Likert Scale ayon sa limang katergorya na instrumento. Tinaya rin ang kanilang gawa sa pamamagitan ng *email dialogue* ng mag-aaral at gurong tagasuri.

Ang mga isinulat ng mag-aaral na pinakaangkop na nagpakita ng kasanayan sa mapanuring pag-iisip ay ang mga isinulat kung saan ang mga mag-aaral ay naghambing,

nagsuri, nagsagawa ng interpretasyon at nagbigay ng paghihinuha mula sa isang impormasyong narinig at nabasa.

Tulad ng natuklasan nina Facion at Sanchez (1995) kung saan nakita nila ang kahalagahan ng pagtatanong sa klase bilang isang hakbang upang malinang ang kasanayan sa mapanuring pag-iisip ay gumamit din ng mga replektibong tanong sa pagbuo ng mga gawaing-papel na sasagutan ng mga mag-aaral ang pananaliksik na ito upang masusing mataya sa pamamagitan ng maingat na ebalwasyon sa isinulat na sagot ng mga mag-aaral kung tunay na nalinang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip sa kanila sa pagtalakay ng guro ang aralin sa panitikan sa klase. Bukod dito, ginawang padron din ng pananaliksik na ito ang pag-aaral ni Sorell (1997) kung saan sinubukan niyang tayahin ang taglay na mapanuring pag-iisip ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagsulat ng sanaysay sa isang binuong *portfolio*. Sapagkat sa pananaliksik na ito ay bumuo rin ang mga mag-aaral ng kompilasyon ng mga awtput na isinagawa sa klase na tinipon sa isang *portfolio* kasama rin ang mga replektibong sanaysay na ginawa ng mga mag-aaral kaugnay ng bawat paksang tinalakay at mga gawain sa klase sa Filipino. Ang pinagkaiba lamang ng pag-aaral na ito, kung ihahambing sa pananaliksik nina Facion at Sanchez (1995) na gumamit ng istandardisadong pagsusulit upang mataya ang mapanuring pag-iisip ng mga mag-aaral, sa pananaliksik na ito naman ay gumamit ng mga awtentikong awtput ng mga mag-aaral na may paglalahad ng kanilang awtentikong naramdaman, pagtataya at paghihinuha sa mga natalakay sa klase sa Filipino sa tulong ng *portfolio*. At ang pagtataya sa taglay na

ika-21siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip ng mag-aaral ay di lamang nakasalalay sa iisang sanaysay na isinulat gaya ng ginawa sa pag-aaral ni Sorell (1997) bagkus ay pinagbatayan ang mga gawaing-papel ng mag-aaral mula sa pinakaunang gawain sa klase hanggang sa pamantayang pagganap sa loob ng isang buwang talakayan gamit ang Gabay sa Pagtuturo sa Filipino sa Baitang Pito at ang mga replektibong tanong sa *portfolio*.

Hindi lamang pagtataya sa ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip ang mahalagang maisaalang-alang ng mga guro kundi ang paghahanap ng iba't ibang paraan upang maituro rin ang kasanayang ito. Naniniwala ang ilang mananaliksik na ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip ay hindi isang hiwalay na disiplinang ituturo sa mag-aaral kundi isang domeyn na maaaring isabay sa paglinang ng aralin ng mga mag-aaral Halpern (2001) at Enis (1989)

Sa pag-aaral ni Lai (2011), kaniyang napatunayan na ang kasanayan at kakayahan sa maapanuring pag-iisip ay maaaring maituro at matutuhan ng isang mag-aaral. Si Halpern (1998) ay nagpakita ng ebidensya kung saan ang dalawang estratehiya sa pagtuturo ay matagumpay na nalinang ang kasanayang nabanggit. Sa isang pag-aaral, ang mag-aaral na tinuruan ng *general problem solving skills* ay nagpakita ng husay sa *Piageian-inspired measures of cognitive development*. Sa isa pang pag-aaral, ang mga mag-aaral sa kolehiyo ay tinuruan gamit ang espesipikong estratehiya sa pagbibigay-solusyon sa mga aralin sa matematika ay higit na magaling sa mga hindi ginamitan ng estratehiyang ito. Natuklasan ni Kennedy et.al (1991) na ang interbensyon sa estratehiya sa pagtuturo ay nakalilinang sa mapanuring pag-iisip ng mga mag-aaral. Ang isang

halimbawa nito ay ang natuklasan ni Abrami et.al. (2008) na ang mga mag-aaral na nasa ilalim ng *k to 12* na kurikulum ay nagpakita ng higit na kahusayan kumpara sa ibang mag-aaral na hindi kabilang dito.

Upang malinang ito, naniniwala si Halpern (2001) na ang *broad-based o cross-disciplinary approach* ay isang paraan upang maituro ang mapanuring pag-iisip. Ito ay pagsasanib ng pagtuturo ng isang tiyak na aralin habang nalilinang ang kasanayan sa mapanuring pag-iisip. Ito ay kahawig ng pananaw ni Enis (1989) kung saan naniniwala siya sa estratehiyang imersyon. Sa imersyon, ituturo ng guro ang aralin habang natural na natutuhan ng isang mag-aaral ang kasanayan sa mapanuring pag-iisip. Ang nagsulong na dulog na ito ay walang iba kundi sina Bailin et al. (1999) at Lipman (1988), na naniniwala na ang pagtuturo ng mga kasanayan sa pagbasa, pagsulat, pakikinig, pagsasalita ay kasabay na nalilinang ng kasanayan sa mapanuring pag-iisip. Sinigundahan ito ni Silva (2008) kung saan sinabi niyang ang kaalaman sa isang asignatura at ang paraan ng pag-iisip ay maaaring malinang nang magkasabay. Katulad din ng paniniwala ni Case (2005) na ang mapanuring pag-iisip ay isang daan upang maituro ang kasanayan at ang kaalamang nakapaloob sa isang kurikulum; at maging sina Pithers at Soden (2009) ay naniniwalang hindi dapat paghiwalayin ang paglinang sa mapanuring pag-iisip at ang aralin sa klase. Bagkus, dapat makita ang mapanuring pag-iisip bilang paraan ng pagtuturo at pagkatuto sa anumang domeyn.

May ilang estratehiya sa pagtuturo na inirekomenda si Lai (2011), upang malinang ang mapanuring pag-iisip ng isang mag-aaral. Ang mga ito ay ang malawak na

talakayan, kolaboratibong gawain, pagmomodelo, at teknik na konstruktibismo. Halimbawa, maraming mananaliksik ang naniniwala na hindi maaaring malinang ang mapanuring pag-iisip kung hindi gagamit ng bukas at malawak na talakay sa klase (Abrami et.al. 2008; Case, 2005; Facione at Sanchez, 1995; Halpern 1998; Paul, 1992). Binigyang-diin ni Facion na ang malawak na talakayan ay dapat na bigyang tuon din ang disposisyon o pandamdaming aspekto ng mapanuring pag-iisip.

Ang isa pang estratehiya ay ang kolaboratibong gawain (Abrami et al., 2008; Bailin et al., 1999; Bonk at Smith, 1998; Heyman, 2008; Nelson, 1994; Paul, 1992; Thayer-Bacon, 2000). Ang rekomendasyong ito ay nagmula sa Piagetian at Vygotskyian na tradisyon na nagbibigay-diin sa halaga ng interaksyong sosyal sa pagsusulong paglinang ng kognitibong aspekto ng isang tao (mula sa pagbubuod ni Dillenbourg, P. et al., 1996). Ayon kay Piaget, mahalaga ang pakikisalamuha sa ibang tao upang mapaunlad ang sarili. Si Vygotsky naman ay nakita ang halaga ng ibang tao upang magampanan ang mga bagay na hindi kayang gawain ng sarili mo lamang. Dahil dito natuklasan ni Bailin et al., (1999) na kasama sa paglinang ng mapanuring pag-iisip ang kakayahan na tumugon sa mga pangkatang gawain nang may paggalang sa nararamdaman at opinyon ng iba.

Bukod sa malawakang talakayan at kolaborasyon ay nakita rin ang dulog konstruktibismo sa paglinang ng mapanuring pag-iisip. Ang dulog na ito ay inilalarawan bilang estratehiyang nakatuon sa mag-aaral at hindi sa guro bilang pangunahing pinagmumulan ng impormasyon sa klase (Bonk at Smith, 1998; Paul, 1992). Ang mga

guro ay hinihikayat na gumamit ng mga konkretong halimbawa sa pagtuturo upang magsilbing modelo sa pag-unawa ng aralin ng mga mag-aaral (Heyman, 2008; Paul, 1992). Ang mga espesipikong gawaing pansilid na pinaniniwalaang makalilinang sa mapanuring pag-iisip ay ang paggamit ng grapikong pantulong gaya ng concept map at dayagram sa argumento (Bonk at Smith, 1998); KWL na tsart, na isang paraan upang sabihin ng mga mag-aaral ang kanilang nalalaman, nais matutuhan, at kung ano ang kanilang natutuhan sa pagtalakay; gawaing *in a nutshel* na pagsulat, na naglalaman ng buod ng mga argumento; *exit slips*, na nag-iisa isa ng pinakamahahalagang ideya na natutuhan sa klase at ang mga aspekto na nangangailangan ng paglilinaw; *problem-based learning*, at mga *mock trials* (Bonk at Smith, 1998).

Ang mga estratehiya gaya ng *general problem solving skills*, malawak na talakayan, at pagmomodelo (Lai, 2011); interbensyon (Kenedy et.al.,1991); *broad-based o cross disciplinary approach* (Halpern, 2001); imersyon (Enis, 1989); kolaboratibong gawain (Lai, 2011; Abrami et.al.,2008; Bailin et. al., 1999); teknik konstruktibismo (Lai, 2011; Bonk at Smith, 1998; Paul, 1992); paggamit ng grapikong pantulong at *problem-based learning* (Bonk at Smith, 1998) na binanggit ng iba't ibang mananaliksik ay mga estratehiyang napatunayan nang makalilinang sa ika-21 siglong kasanayan na mapanuring pag-iisip.

**Estratehiyang Batay sa *Multiple Intelligences* sa Paglinang ng Mapanuring Pag-iisip**

Ang pagtatangka ng pag-aaral na ito na tuklasin ang kakayahan ng estratehiya batay sa *multiple intelligences* na malinang ang kasanayan sa mapanuring pag-iisip ay pinatunayan ng ilang pag-aaral.

Naisa-isa sa pag-aaral ni Tyler at Loventhal (2011) ang ugnayan ng mapanuring pag-iisip at ng *multiple intelligences*. Napuna ang sumusunod: (1) ang *Logical-Mathematical Intelligence* ay nagpapakita ng kakayahan ng isang mag-aaral na masuri ang isang problema sa isang lohikal na paraan, magamit ang natutuhan sa Matematika sa pagsagot sa isang *mathematical problem*, at maimbestigahan ang isang isyu sa paraang siyentipiko; (2) ang *Bodily-Kinethetic Intelligence* ay paggamit ng katawan upang masolusyunan ang isang problema, makaunawa at matuto. Ang mga gawaing gaya ng *matching games*, *drag-and-drop exercises*, or online simulations ay tiyak na makagagamit ng ganitong uri ng *intelligence*. Ang mga *virtual labs* ay makapagdudulot din ng koordinasyon ng mata at kamay na gumagamit din ng talinong ito; (3) ang *Visual-spatial Intelligence* ay nagpapakita na taong may taglay nito ay may mahusay na pandama sa kaniyang sariling espasyo at may ipinapakitang galing sa pagtuklas ng isang bagay mula sa narinig o nabasang direksyon. Ito rin ay kakayahan ng isang tao na makita ang isang bagay nang may iba't ibang anggulo. Ang ilan sa mga halimbawa nito ay *mind mapping, flow charts, fishbone diagrams, at pictorial presentation* ng isang konsepto; (4) ang *Interpersonal Intelligence* ay isang abilidad na matuklasan o matukoy ang pagkakaiba-iba ng damdamin, intensyon, motibasyon, at damdamin ng ibang tao. Ang

sinumang nagtataglay ng talinong ito ay tiyak na mayroong magandang relasyon sa ibang tao. Ang mga guro, nasa industriya ng pagbebenta, relihiyoso at politiko, maging ang mga *counselor* ay nangangailangan na malinang nang husto ang kanilang *interpersonal intelligence*. Bukod dito, ang mga empleyado ay nangangailangan ng kakayahang pangkomunikasyon mula sa talinong ito upang magamit sa mga kolaboratibong proyekto maging sa pagdedesisyon. Ang mga mungkahing gawain upang malinang ang talinong ito ay pangkatang proyekto, *online communities*, at *discussion board*; at (5) ang *Intrapersonal Intelligence* ay tumutukoy sa kakayahan ng isang tao na maunawaan ang kaniyang sarili, mabigyan ng pagpapahalaga ang sariling damdamin, ito man ay takot o nararamdamang motibasyon. Ang ilan sa mga gawaing maaaring makalinang sa *intrapersonal intelligence* ay ang *blogging*, pag-iisip nang malalim matapos ang isang talakayan, pagsagot sa tanong na humihikayat na magkaroon ng repleksyon ang isang tao.

Sinusugan ito ng pag-aaral nina Tyler at Loventhal (2011) na *Can Multiple Intelligences Enhances Learning for Higher Education Online Instruction*? na nagpapakita ng posibleng relasyon ng *multiple intelligence* at mapanuring pag-iisip. Sa pag-aaral na ginawa nila, ay tinaya kung ang iskor sa pangwakas na pagsusulit ng mga mag-aaral ay tumaas kasabay ng paggamit ng guro ng mga estratehiya batay sa *multiple intelligences*. Nakita sa pag-aaral na ito na higit na nakakuha ng mataas na iskor ang mga mag-aaral sa klase matapos gamitan ng estratehiya batay sa *multiple intelligences*. Ang implikasyong ipinakita ng pag-aaral na ito sa isang di tradisyunal na institusyong pang edukasyon ay ang higit na paggamit ng *multiple intelligences* na teknik sa pagtuturo ng

aralin ay tiyak na may higit na mapanuring pag-iisip ang nalilinang at ito ay masasalamin sa mga gawaing-papel ng mag-aaral.

**Estratehiyang Batay sa *Multiple Intelligences* Bilang Isang Epektibong Paraan sa Paglinang sa Kasanayan sa Iba't ibang Asignatura ng Mag-aaral**

Sa pag-aaral ni Zobisch (2015) natuklasan ang impak ng *multiple intelligences* na teknik sa mga gawain sa klase. Ginamit dito ang *exploratory research* at *mix method*. Sa *mix method*, nakagamit ang mananaliksik ng higit sa isang paraan ng pagkalap ng datos upang makumpirma, *ma-cross validate* at matiyak ang kinalabasan ng pag-aaral (Greene, Caracelli, at Graham, 1989; Morgan, 1998; Steckler, McLeroy, Goodman, Bird, at McCormick, 1992).

Inisa-isa sa nakalap na datos ang mga gawain sa klase na sa palagay ng mga mag-aaral ay nakalinang sa kanilang mapanuring pag-iisip mula sa teknik na batay sa isang tiyak na talino. Ibinigay ng mga mag-aaral ang sumusunod na nararanasang gawain sa klase na batay sa *multiple intelligences.* Ang mga kasanayan sa mapanuring pag-iisip na sa palagay ng mga mag-aaral ay nalinang ng isang estratehiyang batay sa *multiple intelligences* ay ang mga sumusunod: *Verbal/Linguistic* ang pagsasalay ng kuwento (*story telling*), paggawa ng isang desisyon gaya ng pagbili ng bahay, pag-aasawa at iba pa, paggamit ng salita upang mailarawan sa isip ang isang larawan; pagsulat ng mahahalagang ideya sa pisara; *Logical/Mathematical* naman ang pagbuo ng isang *outline* sa pisara ng kung ano ang tatalakayin sa klase, paggamit ng *equation* upang ipakita ang mga komponent ng isang argumento, paggamit ng *formula* upang mataya ang kawastuhan

ng isang argumento; *Visual/Spatial* ang paggamit ng iba't ibang kulay sa pagsulat sa pisara upang mabigyang diin ang iba't ibang bahagi ng isang argumento, pagbibigay ng *hand outs*, at paggamit ng *powerpoint slides*; *Musical* ang ritmo sa pagsasalita ng guro, paggamit ng liriko ng popular na awitin sa pagtalakay ng paksa sa klase; *Bodily/Kinesthetic* ang pag-ikot sa loob ng silid-aralan habang nagtatrabaho nang pares o pangkatan, pagtayo sa harap ng klase para sa presentasyong oral, paggamit ng mga *manipulatives* sa klase upang gamitin sa *role modeling* na gawain at ang pagpunta sa *computer lab* para sa klase sa Math; Intrapersonal ang halimbawang ginamit dito ay ang pagtatrabaho sa klase nang dalawahan upang bigyang repleksyon ang iniiisip ng kamag-aral, at pakikinig sa usapan sa labas ng klase upang mataya ang kahusayan ng argumento; *Interpersonal* ang paggawa ng mga mag-aaral nang pares o pangkatan upang suriin ang isang *case study*, kolaborasyon sa klase upang mapag-usapan ang mga makatotohanang usapin gaya ng politiko*, role-playing*; *Naturalist* ang halimbawang ginamit dito ay ang pagtukoy ng guro sa tagsibol bilang panahon ng pagbabago at muling pagbangin at paghahambing nito sa tao at sa kaniyang posibilidad na mapalawak ang mapanuring pag-iisip.

Ang pag-aaral nina Tyler at Loventhal (2011) at Zobisch (2015) ay pinatunayan na kayang malinang ng estratehiyang batay sa *multiple intelligences* ang kasanayan sa mapanuring na pag-iisip. Ngunit sa kanilang pag-aaral, naging pasaklaw ang pagkilala nila sa kakayahan ng estratehiya batay sa *multiple intelligences* sa paglinang ng kasanayan sa mapanuring na pag-iisip at hindi gaya sa pananaliksik na ito kung saan

itinuon ang pagtukoy sa nalinang na kasanayan sa mapanuring pag-iisip na (1) nasusuri ang binasa; (2) natataya ang binasa; (3) natutukoy ang ugnayan ng isang impormasyon sa binasa; (3)nahihinuha ang binasa; (4) natataya ang binasa; (5) nabibigyang-interpretasyon ang impormasyong binasa. Bukod dito, ang pag-aaral ng mga binanggit na mananaliksik ay nakitang naging matagumpay sa konteksto ng dayuhang mag-aaral at dayuhang kurikulum samantalang ang pananaliksik na ito ay tuon sa kurikulum ng *k to 12* sa Pilipinas. Bukod pa rito, sa ginawang pag-aaral ng tatlong mananaliksik ay tinukoy ang kasanayan sa mapanuring pag-iisip na nalinang ng isang partikular na estratehiya batay sa *multiple intelligences* samantalang sa pag-aaral na ito, ang tuon ay ilarawan kung paanong nalinang ang ika-21 kasanayan sa mapanuring pag-iisip ay nalinang sa bawat awtput na magagawa ng mag-aaral na nakabatay sa alinmang estratehiyang batay sa *multiple intelligences*.

Sa kabilang banda ang estratehiyang batay sa *multiple intelligences* ay napatunayan nang nakatutulong sa paglinang ng kasanayan ng iba't ibang asignatura gaya ng pag-aaral kung saan ang teorya ng *multiple intelligences* ay ginamit bilang estratehiya sa pagtuturo ng Wika (Factor, 2007), Matematika (Saban at Ban, 2011) Agham at Teknolohiya (Saban, 2011; Ozdemir, 2006), Ingles (Zotomayor, 2009; Akbari at Talebinezhad, 2003), at ilang istandardisadong pagsusulit (Campbell, 1999).

Sa pag-aaral ni Factor (2007) na may pamagat na *Development of a Modular Package in Teaching Grammar Using the Multiple Intelligence Theory* ay nagpakita ng sumusunod na resulta: ang pagkilala sa mga pangangailangan at katangian ng mga mag-

aaral ay kailangan para sa paghahanda ng mga epektibong kagamitan sa pagtuturo; ang *modular package* sa pagtuturo ng wika gamit ang teoryang *multiple intelligence* ay napag-alamang mabisa at epektibo sa pagpapaunlad ng pangkomunikatibong kaalaman at kasanayan ng mag-aaral; at ang *modular package* ay nagpapakita na ang pag-integreyt ng teoryang *multiple intelligences* sa pagtuturo ng wika ay mahalaga sa pag-unlad ng kakayahang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral. Tulad din ng natuklasan nina Akbari at Talebinezhad (2003) kung saan inimbestigahan ang posibleng pagkakaroon ng relasyon sa pagitan ng gamit ng estratehiya sa pag-unawa ng wika at iskor ng mga dayuhang mag-aaral sa wikang Ingles sa *multiple intelligences*. Sa ginamit na *correlational* na paraan ng pagsusuri ay lumabas na may makabuluhang ugnayan ang estratehiya sa pag-aaral ng wika at ang iskor sa *multiple intelligences* ng mga mag-aaral. Ang *musical intelligent* ay di nagpakita ng ugnayan sa anumang aspeto ng estratehiyang ginamit gayundin ang *kinesthetic* ay nag-*correlate* lamang sa estratehiyang *memory learning strategies*.

Ang pag-aaral naman nina Saban at Ban (2011) tungkol sa pagsusuri sa estratehiya sa pagtuturo na ginamit sa pagtuturo ng Matematika sa elementarya batay sa *multiple intelligences* na ginamitan ng talatanungan na nakalinya sa walong *multiple intelligences* ay natuklasan na ang parehong guro na nagtuturo ng Matematika sa elementarya ay gumamit ng *definite frequencies* sa kanilang klase-kundi man lahat. Ang guro ng Matematika sa elementarya sa pag-aaral na ito ay nagpakita na higit na isinasaalang-alang ang mga sangay ng talino ng mag-aaral kaysa anupaman. Dahil dito

ang pagkakaiba-iba ng mga estratehiyang ginamit sa pagtuturo ay nagpataas ng karanasan at kahusayan ng guro sa pagtuturo. Ito ay kahalintulad ng natuklasan ni Berkemier (2002) kung saan nakita niyang ang *multiple intelligences* (Gardner, 1983, 1993) na teknik sa pagtuturo ng Matematika ay nakapagpataas sa pag-unawa ng mga mag-aaral na nakita sa mataas na iskor sa kanilang pagsusulit. Sa kabilang banda, gumamit naman sina Douglas, Burton, at Reese-Durham (2008) ng disenyong eksperimental upang paghambingin ang resulta ng dalawang magkaibang metodo sa pagtuturo na naimplimenta sa iba't ibang klase sa North Carolina sa ikawalong baitang sa klase sa Matematika. Ang guro sa unang pangkat (kontrol) na may 29 na mag-aaral ay gumagamit ng metodong *direct* sa pagtuturo. Ang metodong *direct* ay ang pagsasagawa ng *lecture*, pagsusulat ng liksyon sa OHP o pisara, pagsasanay gamit ang aklat, *worksheet* at *workbook*. Ang ikalawang guro naman na nasa ikalawang pangkat ng mag-aaral (*experimental*) an binubuo ng 28 na mag-aaral ay gumagamit ng dulog na ibinatay sa *multiple intelligences*. Dito, ang mga mag-aaral ay malayang nakikilahok sa mga *hands-on* na gawain gaya ng pagbuo ng isang modelo, paggawa ng isang *board game* upang maipakita ang konseptong natutuhan, nagbibigay ng kanilang sariling pidbak sa anumang konseptong nais matutuhan at nagtatanghal sa klase gamit ang isa sa alinmang talino. Ang dalawang pangkat ay may parehong bilang ng lalaki at babaeng mag-aaral maging ang kaligirang etniko. Pareho ang ibinagay na *pre* at *post test* sa kanila para sa isang unit. Matapos maturuan sa dalawang magkaibang metodo, ipinakita ng grupong eksperimental na higit na mataas ang iskor na kanilang nakuha sa pagsusulit na tumaya sa kanilang

kaalaman na may 25.48 na puntos kumpara sa kontrol na grupo na may iskor na 17.25. Batay sa pag-aaral na ito, binigyang konklusyon ni Douglas et.al. na ang *multiple intelligences* ay nakatulong sa mga guro upang makagawa ng *innovative lesson plans* na nakatugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral na naging dahilan upang tumaas ang kalagayang pang-akademiko, sosyal at emosyunal ng mga mag-aaral.

Gumamit din ng parehong disenyong eksperimental sa pananaliksik ang pag-aaral ni Ozdemir et al. (2006) at Douglas et.al. (2008). Ang pinagkaiba lamang, Agham ang asignaturang tuon ni Ozdemir at sinamahan pa niya ng pagtuklas sa pinakagamiting *multiple intelligences* ng mga mag-aaral ang kaniyang pananaliksik. Tulad ng naunang pag-aaral, si Ozdemir et al. (2006) ay nagsagawa ng pag-aaral sa ikaapat na baitang sa klase ng Agham sa isang lungsod kung saan may isang grupong eksperimental na gumamit ng *multiple intelligences* sa pagtuturo at isang grupong kontrol na hindi gumamit ng *multiple intelligences*. Ang bawat klase ay may 35 na mag-aaral at tinuruan gamit ang parehong layunin. Ang layunin ng pag-aaral ay matukoy kung ang *multiple intelligences* ay may impak sa pagkatuto ng mag-aaral sa pag-unawa ng mga layunin sa klase sa Agham. Sa parehong klase ay nagsagawa ng pagsusulit bago magsimula ang isang yunit, at ikalawang pagsusulit matapos ang yunit, at ang ikatlo ay paglipas ng dalawang buwan upang nakita kung may retensyon sa natutuhan mula sa liksyon. Ang resulta, nakitang ang eksperimental na grupo ay nagkaroon ng iskor na mas mataas ng 12 puntos kumpara sa grupong kontrol. Mas mataas din ng 14 na puntos ang grupo ng eksperimental kumpara sa kontrol paglipas ng dalawang buwan. Kung gayon, binigyang

konklusyon ni Ozdemir et al. na ang mga mag-aaral na ginamitan ng *multiple intelligences* ay higit na natuto at higit na may retensyon sa natutuhan kumpara sa hindi ginamitan ng metodong ito.

Pinag-aralan din ni Ozdemir et al. (2006) kung aling talino ang higit na ginagamit ng mga mag-aaral. Ang Teele Inventory of Multiple Intelligences (TIMI) ay ibinigay bago at pagkatapos ng isang yunit upang makita kung anong talino ang gamitin. Nakita na sa isang kontrol na silid-aralan, ang pinakagamiting talino ay ang *interpersonal* at *logical-mathematical*. Ang resulta sa isinagawang *post test* ay nagpakita na nagkaroon lamang ng napakaliit na pagbabago matapos ang isang yunit. Sa silid-aralan kung saan ay eksperimental na ginamitan ng *multiple intelligences* ang pagtuturo ay makikitang ang pinakagamiting *multiple intelligence* ay ang *interpersonal* at *logical-mathematical*. Ngunit matapos ang implementasyon ng *multiple intelligence*, natuklasan na ang mag-aaral ay gumamit na rin ng ibang *intelligences* gaya ng *spatial, musical* maging ang ibang talino na makikita sa grupo ng kontrol. Ang pag-aaral na ito ay nagpakita ng napakaraming benepisyo ng implementasyon ng *multiple intelligences* sa pagtuturo. Dahil sa pagtutuon ng pagtutuo sa kalakasan ng mag-aaral gamit ang *multiple intelligences*, higit na maraming pangangailangan ng mag-aaral ang natugunan, maging ang pakikisangkot ng mag-aaral sa proseso ng pagkatuto ay umangat at ang mga ito ang dahilan kung bakit ang mga mag-aaral ay nagkaroon ng matataas na marka sa pagsusulit sa klase.

Naiiba naman ito sa pag-aaral ni Xie at Lin (2009) kung saan gumamit ito ng disenyong *pre* at *post* test sa pananaliksik na *Research on Multiple Intelligence and Assessment* ay isinagawa ang pre-test at post-test sa mga mag-aaral. Pinangkat ang mga mag-aaral na ito bilang kontrol at eksperimental na pangkat at ang eksperimental na pangkat ay nagpakita ng higit na mahusay na perpormans sa kanilang *post-test*. Nangangahulugan lamang ito na ang mga mag-aaral sa pangkat eksperimental ay higit na nakabenepisyo sa pagtuturo ng kanilang guro na ginamitan ng *multiple intelligences* sa loob ng isang buong semestre. Ang mga gurong nagtuturo gamit ang estratehiyang *multiple intelligences* ay dapat na maglaan ng pantay na atensyon o pagtingin sa mga mag-aaral na may iba't ibang taglay na talino upang mabigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na magkaroon ng iba't ibang paraan upang ipahayag ang kanilang sarili.

Ang mga mag-aaral sa pangkat eksperimental ay higit na mahusay sa paggawa ng proyekto sa pagdidisenyo kumpara sa kontrol na pangkat. Nangangahulugan lamang ito na ang *multiple intelligences* na paraan ng pagtuturo ay nagbigay sa kanila ng higit na inspirasyon at mas maraming paraan upang ipahayag ang kanilang sarili, kung kaya nalinang nang husto ang kanilang kakayahan. Nakita rin na ang mga mag-aaral sa pangkat eksperimental ay higit na mahusay sa mga presentasyong oral kung ikukumpara sa kontrol na pangkat. Nalinang din ng estratehiya batay sa *multiple intelligences* ang *aesthetic sense* at kakayahang kumilala ng kahusayan ng ibang mga mag-aaral na sumailalim sa pag-aaral. Ngunit napansin ng pag-aaral na ito na ang mga mag-aaral na nasa pangkat eksperimental ay hindi nagpakita ng husay sa *linguistic* at *logical-*

*mathematical intelligences*. Kung kaya iminumungkahi sa pag-aaral na ito ang higit na eksplorasyon sa integrasyon ng mga nabanggit na talino sa pagtuturo ng guro.

Samantala, inspirasyon ang *multiple intelligences* na teorya ni Gardner, Linda Campbell at Bruce Campbell (1999) ay bumuo ng *action research* si Zotomayor (2009) na nagbigay ng mungkahing kurikulum na may integrasyon ng *multiple intelligences* para sa klase ng Ingles sa ikatlong baitang. Kinilatis sa pag-aaral na ito ang pananaw ng mga mag-aaral sa modelo sa pagtuturong ibinatay sa *multiple intelligences*. Ang pag-uugali ng mga mag-aaral, kakayahang makagawa sa paraang di tradisyunal ay naghatid sa pagbuo ng sumusunod na konklusyon: (1) tumaas ang tiwala sa sarili ng mga mag-aaral sa loob ng isang taong implementasyon ng pag-aaral; (2) ang mga mag-aaral na dating kilala sa pagkakaroon ng problema sa pag-uugali ay nagpakita ng pagbabago sa kanilang asal; (3) nalinang ang kasanayan sa kolaborasyon; (4) nagpakita ng kakayahang makalikha ng isang gawaing pangklase na nagpapakita ng *multi-modal* sa mga presentasyon ay tumaas sa loob ng isang taong panunuruan habang gumagamit ng tatlo hanggang limang talino sa kanilang pag-uulat sa klase; (5) ang higit na *kinesthetic* na mag-aaral ay higit na nakinabang sa mga gawaing kinasangkutan ng pagkilos ng katawan sa kada 15-20 minuto; at (6) nakitaan ng posibilidad na maging pinuno ang karamihan sa mga mag-aaral.

Sinabi ni Gardner (1999) na ang paglinang sa *multiple intelligences* ay hindi ang tanging layunin ng edukasyon kundi kailangan itong gamiting kagamitan upang mapagbuti ang karanasan ng mag-aaral sa pagkatuto matapos maitadhana ang mga

layunin ng edukasyon. Sinabi ni Gardner na ang *multiple intelligences* ay makatutulong upang matamo ang dalawang layunin ng edukasyon: (1) matulungan ang mga mag-aaral na matukoy ang kanilang tungkuling dapat gampanan sa lipunan at (2) tulungan ang mga mag-aaral na mapaghusay ang sarili sa larangan ng edukasyon at pagdidisiplina sa sarili.

Natuklasan sa pag-aaral ni Zotomayor (2009) na (1) may kakayahan ang mga guro na pagsanibin ang mga araling itinuturo at ang mga gawaing lilinang sa *multiple intelligences* ng mga mag-aaral sa isang banghay aralin. Isa itong paraan upang ang ibang paaralan na di pa gumagamit ng ganitong estratehiya ay magkaroon ng gabay o batayan; (2) kung alam ng mga mag-aaral ang kanilang taglay na *multiple intelligences* ay madali na nilang matutukoy ang gagamiting talino sa iba't ibang karanasang o gawaing pampagkatuto. (3) makapag-iisip ang guro ng higit na malikhain at iba't ibang paraan ng pagtuturo na makatutulong sa mga mag-aaral na mapalalim pa ang kanilang pagkaunawa sa aralin.

Naiiba naman ang pag-aaral nina Campbell at Campbell (1999) sapagkat sa halip na nakatuon sa isang tiyak na asignatura ang kanilang pananaliksik ay nakatuon ito sa pangkalahatang perpormans ng mga mag-aaral na tinaya ng istandardisadong pagsusulit sa dalawang magkahiwalay na paaralan sa Estados Unidos. Pinag-aralan ni Campbell at Campbell (1999) ang Expo Elementary School sa St. Paul, Minnesota, kung saan ay ginagamit ang *multiple intelligences* sa bawat taon ng pagtuturo. Bilang resulta, ay pataas nang pataas ang kanilang iskor sa pambansang istandardisadong pagsusulit kumpara sa ibang paaralan sa distrito. Noong 1996, 36% ng mga mag-aaral ang

nakakuha ng iskor na *above average* sa mga istandardisadong pagsusulit. Tumaas ang bahagdang ito sa 38% noong 1997. Patuloy na tumaas ang iskor ng Expo Elementary sa pandistritong pagsusulit sa baitang tatlo hanggang anim sa Minnesota Comprehensive Asssessment Series II (MCAII) sa Pagbasa at Matematika maging sa pagsusulit ng ikalimang baitang sa Agham. Ayon sa taunang *report card* ng Expo Elementary, taon-taon mula 2005-2010 ay tumataas ang iskor ng paaralan sa mga distritong pagsusulit at napansin na nataasan pa nito ang *average* na pagsusulit sa lugar (Minnesota Department of Education, 2010).

Pinag-aralan din ni Campbell at Campbell (1999) ang Rusell Elementary School sa Lexingcon, Kentucky. Paglipas ng apat na taong implementasyon ng *multiple intelligences,* ang mga mag-aaral sa Rusell Kentaucky Elementary school ay nadoble ang mga dating iskor sa Kentucky Instructional Results Information System (KIRIS) na pagsusulit. Ang pagsusulit na ito ay nag-uuri-uri sa mga mag-aaral sa apat na kategorya gaya ng: *Novice, Apprentice, Proficient, and Distinguished.* Noong una, 50% ng mga mag-aaral ay napabilang sa kategoryang *novice*, na dahilan kung bakit ang paaralan ay nasa ika 30 *percentile* ng mga paaralan sa kanilang distrito. Ngunit pagkatapos ng apat na taong paggamit ng *multiple intelligences*, ay nagkaroon ng dalawang makabuluhang resulta at pagbabago. Una, wala nang mag-aaral ang napabilang sa kategoryang *novice*. Ikalawa, ang pagkakaiba sa pagitan ng iskor ng mga lahing itim at puti ay nawala din.

Ang mga pag-aaral na naitala kaugnay ng paggamit ng estratehiya batay sa *multiple intelligences* sa paglinang ng isang aralin ay nakatuon lamang sa mga

asignaturang gaya Matematika, Agham, Ingles at istandardisadong pagsusulit. Kaya naman ang pag-aaral na ito ay piniling ituon ang pagsusuri sa kakayahan ng estratehiya batay sa *multiple intelligences* sa paglinang ng kasanayan sa mapanuring pag-iisip at ang kompetensi sa panitikan sa Filipino baitang pito.

Bagamat napatunayan ng mga pag-aaral nina Factor (2007), Zotomayor (2009), Akbari at Talebinezhad (2003), sa asignaturang Ingles, Matematika (Saban at Ban, 2012) Agham at Teknolohiya (Saban, 2011; Ozdemir, 2006), at ilang istandardisadong pagsusulit (Campbell, 1999) ang pagiging epektibo ng estratehiya batay *sa multiple intelligences* bilang isang paraan upang malinang ang kakayahan ng mag-aaral sa iba't ibang asignatura, ang kanilang pag-aaral ay nakatuon lamang sa pagtuklas ng paglinang sa komptensi ng aralin at hindi tinangkang isama ang anumang ika-21siglong kasanayan na mahalagang salik upang maihanda ang mga mag-aaral sa pagharap sa tunay na buhay. Ang kanilang mga pag-aaral ay naiiba sa pananaliksik na ito na nagtangkang linangin ang isa sa ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip habang nililinang din ang ilang kompetensi sa panitikan sa Filipino.

Sa kabilang banda naiiba naman ang mga sumusunod na pag-aaral na nasaliksik. Bagamat walang tuwirang ugnayan ang mga susunod na tatalakaying pananaliksik sa pag-aaral tungkol sa paglinang ng ika-21siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip ay minabuti na ring talakayin ng mananaliksik upang mapagtuunan ang iba pang aspekto ng paksang ito. Gaya halimbawa ng pag-aaral ni Saban (2011) tungkol sa pagtataya ng mga gawaing pampagtuturo na ipinatupad sa pagtalakay ng mga aralin sa asignaturang Agham

sa mababang paaralan at sa kursong teknolohiya sa larangan ng teoryang *multiple intelligences*: ay natuklasang karamihan sa mga guro ay gumagamit ng gawaing pampagtuturong tumutugon sa iba't ibang sangay ng talino. Bukod dito, napag-alaman din na ang pagtuturo ay may kinalaman sa teoryang *multiple intelligences* at dahil dito, ang karamihan sa mga guro sa elementarya maging ang mga gurong matagal na sa larangan ng pagtuturo ay gumagamit ng iba't ibang gawain sa kanilang pagtalakay ng aralin na lumilinang sa labis sa isang *multiple intelligences* na posibleng taglay ng mga mag-aaral. Napag-alaman din na bagamat alam ng ibang guro na ang bawat mag-aaral ay may taglay na *multiple intelligences* ay hindi pa rin lahat ng guro ay nakapagbibigay ng gawaing lilinang sa iba't ibang *multiple intelligences* ng mga mag-aaral. Kung gayon, dapat maimbestigahan kung bakit hindi nagpapakita ang guro ng pagkagusto na maghanda ng kagamitan o gawain sa pagtuturo na nakaangkla sa *multiple intelligences* ng mag-aaral. Natuklasan ang mga datos na ito sa pamamagitan ng isang *inventory* ng gawaing pangsilid-aralan na tutuklas sa isang talino kasabay ng isang *semi-structured na uri ng panayam.*

Ang pag-aaral naman ni Suliman et.al (2011) na sumubok sa estilo sa pagtuturo ng guro sa primarya at sekundarya na batay sa teorya ng *multiple intelligences* ay may layuning tayahin ang *multiple intelligences profile* ng guro sa primarya at sekundarya at ang ugnayan nito sa estilo ng guro sa pagtuturo. Isinaad sa kaniyang pag-aaral na ang makabagong paraan ng pagtuturo sa kasalukuyan na isinasaalang-alang ang pagkakaiba-iba ng kakayahan ng mag-aaral ay nagsisimula nang makagawian ng karamihan sa mga

paaralan sa ngayon. Sa nakalipas na panahon, nagsisimula nang gamitin ng mga guro ang teoryang *multiple intelligences* bilang dulog sa pagtuturo upang maabot ang pangangailangan ng higit na nakararaming mag-aaral. Ang pangunahing layunin ng pag-aaral nina Suliman , Hasan at Yi ay matukoy ang taglay na *multiple intelligences* ng guro at estilo sa pagtuturo ng mga guro sa antas primarya at sekundarya. At ang resulta ng kanyang pag-aaral, nakita ang makabuluhang ugnayan sa limang *multiple intelligences profile* gaya ng *spatial*, *naturalistic, logic/mathematics, interpersonal, and musical* samantalang may tatlong talino na *naturalistic, musical at intrapersonal* na nakitaan ng mahalagang pagkakaiba sa mga estratehiya sa pagtuturo ng guro sa pagitan ng primarya at sekundarya. Ito ay dahil karamihan sa mga guro sa sekundarya ay nagtataglay ng higit na mataas na antas ng pag-iisip na abstrak kumpara sa mga guro na nasa antas primarya. Bukod pa diyan, ang mga guro na nasa antas sekundarya ay nagtataglay ng higit na mataas na *naturalistic intelligence* kumpara sa mga gurong nasa antas primarya dahil sa uri ng aralin na kanilang itinuturo sa klase. Napatunayan din ng pag-aaral na ito na ang guro sa antas sekundarya ay higit na mahusay sa *interpersonal intelligence* dahil sa kanilang interaksyon sa kanilang mga mag-aaral ay mahalagang salik sa pagkakaroon ng isang epektibong proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Samantalang ang mga guro naman sa antas primarya ay nagtataglay ng *musical intelligence* dahil sa madalas na paggamit nila ng mga laro at awit bilang estratehiya sa pagtuturo sa klase sa antas primarya. Sa aspekto naman ng estilo sa pagtuturo, may tatlong estilo sa pagtuturo ang nakitang lumutang sa pagitan ng mga guro sa antas primarya at sekundarya. Natuklasan sa

kanilang pag-aaral na ang estilo sa pagtuturo ng mga guro sa antas primarya ay nakatuon sa *naturalistic* na dulog dahil sa paggamit ng kapaligiran sa labas ng silid-aralan kung ikukumpara sa estilo ng pagtuturo ng guro sa antas sekundarya na nakatuon naman sa pagtuturo sa loob ng silid-aralan. Ang resultang ito ay kahawig ng resulta na nakuha ni Serin et.al. (2009), na nagsasabing ang mga guro sa antas primarya ay madalas gamitin ang dulog *naturalistic* sa kanilang pagtuturo. At nakita rin sa kaniyang pag-aaral na ang mga guro sa antas sekundarya ay nakatuon naman sa dulog na interpersonal na nagtataglay ng mga gawain gaya ng talakayan, pangkatang gawain at interaksyon ng mga mag-aaral. Batay sa resulta ng pananaliksik ni Suliman et.al (2011), maaaring ipagpalagay na ang parehong guro sa antas primarya at sekundarya ay ginamit ang teorya ng *multiple intelligences* sa kanilang pagtuturo. Ngunit ang uri ng talinong binibigyang tuon ng guro sa kanilang pagtuturo ay nag-iiba depende sa antas ng mga mag-aaral na kanilang tinuturuan. Ang parehong guro sa antas primarya at sekundarya ay kinikilala ang pagiging epektibo ng pagtuturo na ibinatay sa teoryang *multiple intelligences*, at sa pamamagitan ng paggamit ng teoryang *multiple intelligences,* natutulungan ng guro ang mag-aaral na matuto ng mga bagong kasanayan at kaalaman nang mas mahusay at mas epektibo.

Ang pag-aaral ni Libo-on (2010) na tungkol sa *Multiple Intelligences* at ang ugnayan nito sa estilo ng pagtuturo ng tagapayo ng ika-6 na baitang at ng estilo sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa ika-6 na baitang mula sa piling paaralang pampubliko at pampribado sa Kidapawan Division ay natuklasan niya na ang *multiple intelligences* ng

mga mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay iba-iba. Ang mga nangibabaw na *multiple intelligences* ng mag-aaral ay ang *verbal-linguistic, logical-mathematical, visual patial, musical, interpersonal* at *naturalist intelligence*. Ang *visual learning style* naman ang nangunang *learning style* na ginamit ng karamihan sa mga kalahok. Ito ay nangangahulugang karamihan sa mga kalahok ay mas natuto sa panonood na resulta ng paggamit ng mga biswal na pantulong gaya ng g*raph, tsart, film strips*, at *powerpoint presentation*. Sa ugnayan naman ng *multiple inteligence* at *teaching style*, napatunayan ng mananaliksik na may makabuluhang ugnayan ang *multiple intelligences* at teaching style ng guro. Nangangahulugang sa kanyang pag-aaral na isinasaalang-alang ng guro ang *multiple intelligences* na taglay ng mga mag-aaral sa paghahanda ng aralin. Bukod dito, tinalakay sa kaniyang pag-aaral na sa pagitan naman ng *multiple intelligences* at *learning style* ng mga mag-aaral ay natuklasan ng mananaliksik na walang makabuluhang ugnayan ang dalawang ito. Ipinahihiwatig nito na hindi masyadong ginagamit ng guro ang mga impormasyon kaugnay ng mga *learning style* ng mag-aaral sa paghahanda ng aralin gayundin, ipinagpalagay ni Lib-on na hindi malinaw sa mga kalahok ang teorya ng *multiple intelligences* sa *learning style*.

Ang pag-aaral ni Matic (2004) kaugnay ng Supplementary Activities in English for *Developing Multiple Intelligences* among Senior Students of Bonifacio Camacho National High School, nagpakita ito ng mga layuning gaya ng: makapaghanda ng kagamitang pampagtuturo na makatutulong sa guro upang mabigyan ng alternatibong paraan upang masolusyunan ang suliranin sa pagtuturo ng wika at makalikha ng iba't

ibang gawain na lilinang sa *multiple intelligences* na taglay ng mga mag-aaral. Sa kanyang paghahanda para sa pag-aaral ay tinukoy ng mananaliksik ang suliranin ng guro sa proseso ng pagtuturo, mula dito ay tinukoy ng mananaliksik ang mga kagamitan o sangguniang maaaring magamit sa paglinang ng mga kasanayan sa pagtuturo ng wika na makalilinang din sa *multiple intelligences* ng mag-aaral. Nang matapos ang pangangalap ng kagamitan ay inuri ang mga ito batay sa kung ito ay nabibilang sa *verbal linguistics, mathematical-logical, musical-rhythmic, visual spatial, bodily kinesthetic, interpersonal, intrapersonal, at naturalist*. Sa proseso ng pangangalap ng impormasyon ay natuklasan ng mananaliksik na karamihan sa mga guro ay nahihirapang hikayatin ang mga mag-aaral na makilahok sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto, ang mga mag-aaral ay nagtataglay ng napakaraming *multiple intelligences* na dapat ay malinang nang isa-isa, ang mga mag-aaral na binibigyan ng mga gawaing tutugon sa kanilang *multiple intelligences* ay maaaring malinang ang sarili nilang *multiple intelligences* na taglay, at karamihan sa mga guro ay nagsusumikap na makahanap ng paraan upang mahikayat ang mga mag-aaral na makilahok sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Mula sa mga natuklasan ng mananaliksik ay nabuo ang sumusunod na konklusyon: ang mga inihandang kagamitan ay maaaring magbigay ng alternatibong paraan upang matugunan ang suliranin sa pagtuturo ng wika at ang isinagawang iba't ibang gawain ay nalinang at napaunlad ang indibidwal na *multiple intelligences* ng mag-aaral sa ikaapat na taon ng Bonifacio Camacho National High School. Sa huli, ang rekomendasyon ng mananaliksik ay hikayatin ng administrasyon ng Bonifacio Camacho National High School ang mga guro,

di lamang sa kagawaran ng Ingles, kundi maging sa iba pang asignatura na gumawa ng gawaing lilinang sa *multiple intelligences* ng mga mag-aaral, ang mga guro sa Ingles ay dapat na gamitin ang mga gawain ginamit sa pag-aaral na ito upang matiyak na ang mag-aaral ay makikilahok sa proseso ng pagtuturo ng wika ng guro, magkaroon ng seminar kaugnay ng *multiple intelligences* na gawain na dadaluhan ng guro upang mabigyan sila ng ideya kung paano ito magagamit sa klase, ang mga magulang ay dapat ding mabigyan ng impormasyon tungkol sa *multiple intelligences* na tutukoy sa pangangailangan ng mga mag-aaral maging sa kanilang interes, at ang pinakahuli ay magkaroon pa ng pananaliksik na magpapaunlad sa *multiple intelligences* na taglay ng mga mag-aaral.

Sa mga huling pag-aaral na nasaliksik ay natuklasan na ang pag-aaral na ginawa ni Saban (2011) ay nakatuon lamang sa pagtataya ng mga ginagamit na estratehiya sa pagtuturo at inuri bilang mga gawaing may katangiang gaya ng sa *multiple intelligences*. Makikitang nalalayo na ito sa mga pag-aaral sa kasalukuyan kung saan kinikilala na ang *multiple intelligences* bilang isang estratehiya sa pagtuturo. Samantala, ang pag-aaral naman nina Suliman (2011) at Serin (2009) ay pinag-aralan ang *multiple intelligences profile* ng guro at ang ugnayan nito sa estilo ng pagtuturo ng guro naiiba naman ito ng pag-aaral ni Libo-on na tumaya sa taglay na *multiple intelligences* ng mga mag-aaral bago gumamit ng estratehiyang batay sa *multiple intelligences* ang guro sa klase. Maganda rin pag-aralan ang dalawang ito lalo na ang ginawa ni Libo-on na pagsasaalang-alang sa taglay na talino ng mag-aaral bago ang paglalapat ng estratehiya upang matiyak na angkop sa isang klase ang ginagawang estratehiya sa pagtuturo ngunit kinulang ito sa

pagtuklas kung ano ang bentahe nito sa loob ng klase. Maganda pa rin na susugan ang pag-aaral na ito ni Libo-on ng pagtuklas kung naging mahusay ang mag-aaral dahil ang estratehiya batay sa *multiple intelligences* ay angkop sa pangangailangan at *profile* ng mga mag-aaral sa isang partikular na klase.

Ang pananaliksik na ito ay may layuning mapatunayan na ang estratehiya sa batay sa *multiple intelligences* ay nakalilinang ng ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip. Kaalinsabay nito ay layunin din ng pag-aaral na makapagdisenyo ng aralin na nagtataglay ng aralin sa panitikan, kompetensi sa panitikang itinakda ng *K to 12* na kurikulum, estratehiya batay sa *multiple intelligences* at target na ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na lilinangin. Ang mga gawaing-papel sa binuong Gabay sa Pagtuturo sa Filipino Baitang Pito ang magsisilbing patunay na ang estratehiya batay sa *multiple intelligences* ay nakalilinang ng ika-21 siglong kasanayan na mapanuring pag-iisip. Sa pagsusumikap na matamo ang mga layuning nabanggit ay isinaalang-alang ang mga nabasang kaugnay na pag-aaral.

Pinatunayan ng tatlong mga ahensyang National Council on Measurement in Education (2012), Partnership for *21$^{st}$ Century Skills* (2009), at Assessment and Teaching of the 21$^{st}$ Century Skills (2014) ang pangangailangan na malinang ang kasanayan sa mapanuring pag-iisip bilang isang paraan upang maihanda ang mag-aaral sa mga haharapin sa tunay na buhay. Ngunit ang mga pag-aaral ay nakasentro lamang sa

pagtukoy ng mga ika-21 siglong kasanayang dapat taglayin at hindi kung paano ito malilinang sa isang tao gaya ng ginawa sa pananaliksik na ito.

Gayundin, sa mga pagsasaliksik na nabasa ay inisa-isa ang mga posibleng paraan upang mataya ang mapanuring pag-iisip sa isang mag-aaral gaya ng paggamit ng *portfolio* bilang isang awtentikong paraan ng pagtataya na natuklasan ni Sorell (1997). Subalit ang pagtuklas ni Sorell sa taglay na kasanayan sa mapanuring pag-iisip ng kaniyang mag-aaral ay sa pamamagitan lamang ng isang sanaysay na sinuri sa loob ng kaniyang *portfolio*, ang pag-aaral na ito ay maglalarawan sa lahat ng ginawa ng mag-aaral sa klase sa tulong ng tinipong gawaing-papel na ipinagawa ng guro sa tulong ng Gabay sa Pagtuturo ng Filipino Baitang Pito. Ang mga gawaing-papel na ito ay magkakasamang tinipon sa isang *portfolio* kung saan ang mahalagang bahagi nito na nagtataglay ng pagsulat ng repleksyon sa isang buong buwang karanasan sa klase sa ilalim ng mga gawaing ipinagawa ng guro mula sa Gabay sa Pagtuturo ng Filipino Baitang Pito ay sinuri at binigyang interpretasyon. Ang mga repleksyong isinulat ng mga mag-aaral ay ginabayan ng mga replektibong tanong na inspirasyon naman sa pag-aaral nina Facion at Sanchez (1995) kung saan tinukoy nila na makatutulong ang pagtatanong sa mga mag-aaral upang malinang ang kanilang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip.

Bukod dito, maraming mga pag-aaral ang nagpapakita ng kakayahan ng estratehiya batay sa *multiple intelligences* bilang isang salik na nakalilinang sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa iba't ibang asignatura gaya ng pag-aaral nina Factor (2007),

Zotomayor (2009), Akbari at Talebinezhad (2003), sa asignaturang Ingles, Matematika (Saban at Ban, 2012) Agham at Teknolohiya (Saban, 2011; Ozdemir, 2006), at ilang istandardisadong pagsusulit (Campbell, 1999) ang pagiging epektibo ng estratehiya batay *sa multiple intelligences* bilang isang paraan upang malinang ang kakayahan ng mag-aaral sa iba't ibang asignatura. Kung kaya sa pananaliksik na ito ay tinangkang gamitin naman ang estratehiyang batay sa *multiple intelligences* sa paglinang ng kompetensi sa Filipino sa baitang pito.

Sa pag-aaral naman nina Lai (2011) Tyler at Loventhal (2011) at Zotomayor (2009), napatunayan na kayang linangin ang kasanayan sa panitikan ng mga gawaing batay sa *multiple intelligences* kasabay ng paglinang ng kasanayan sa mapanuring pag-iisip. Ang kanilang pag-aaral ay malakas na saligan upang sa pag-aaral na isinagawa sa pananaliksik na ito ay subuking linangin ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip ng mga mag-aaral habang isinasaalang-alang ang kompetensi sa Panitikan sa Filipino sa baitang pito.

Sa mga nasaliksik na pag-aaral na ginawa sa Pilipinas, makikita na ang nangibabaw ay pagtukoy sa *multiple intelligences profile* ng mga guro at ang ugnayan nito sa estratehiya sa pagtuturo ng guro sa klase Saban (2011), ang pagtukoy sa *multiple intelligences profile* ng guro at ang relasyon nito sa estilo ng pagtuturo Suliman (2011), paghahanda ng kagamitang pampagtuturo na iniayon sa *multiple intelligences* Matic (2004), at pagkilala sa taglay na *multiple intelligences* ng mag-aaral upang angkupan ng estratehiyang batay sa *multiple intelligences* Factor (2007) at Libo-on (2010). Sa

kabilang banda, sa mga pag-aaral na nabanggit ay walang pagtatangkang tuklasin kung hanggang saan nakatulong ang mga pag-aaral na ginawa upang paunlarin ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip ng mga mag-aaral gamit ang estratehiya batay *multiple intelligences*.

Sa kabuuan, ang mga pag-aaral na inisa-isa sa pananaliksik na ito ay nagbigay sa mananaliksik ng kalinawan at ideya sa pagbuo ng konseptwal na balangkas na angkop sa layunin ng pag-aaral.

# KABANATA III

# METODOLOHIYA

Ang bahaging ito ng pananaliksik ay magpapakita ng metodo at pamamaraang ginamit sa pag-aaral. Ito ay ipakikita sa pamamagitan ng sumusunod na bahagi: (1) Disenyo ng Pananaliksik, (2) Kalahok, (3) *Setting* ng Pag-aaral, (4) Instrumento ng pananaliksik, (5) Pamamaraan sa pangangalap ng datos at (6) Pagsusuri ng Datos.

## 3.1. Disenyo ng Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay isang kwalitatibong pananaliksik na ginamitan ng disenyong pagsusuring sekwensyal. Ang pagsusuring sekwensyal ay isang metodong kwalitatibo kung saan ang mananaliksik ay inilalahad ang natuklasan sa pag-aaral na ang layunin ay makapagsagawa ng isang detalyadong eksplorasyon sa isang maliit na grupo ng indibidwal (Creswell, 2003).

Ang mga awtput ng mga mag-aaral simula sa pinakaunang aralin hanggang sa pinakahuling itinala sa Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito sa loob ng isang buwan ay masusing sinuri at tinaya. Ito ang prosesong maglalarawan kung nalinang ba ng mga estratehiya sa pagtuturong batay sa *multiple intelligences* ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip ng mga mag-aaral na kinilala ng *K to 12* na kurikulum. Ang pagkakaugnay-ugnay ng ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip (*Critical Thinking Skills*), estratehiya sa batay sa *multiple intelliegences* at araling lilinangin sa panitikan ayon sa kompetensi ng *K to 12* na kurikulum sa Filipino sa baitang pito ay ipinakita sa pamamagitan ng Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito

na maaaring maging gabay ng guro sa pagtuturo sa klase anumang pormat ng banghay-aralin ang kanilang ginagamit.

### 3.2. Kalahok

Ang mga kalahok sa pananaliksik na ito ay mga mag-aaral sa baitang pito ng isang pribadong paaralan sa lungsod ng Las Piñas sapagkat sa baitang pito pinakamatagal nang naimplementa ang *K to 12* na kurikulum na tumatakbo na nang halos apat na taong panunuruan. Ang mga mag-aaral na ito ay nasa edad 12 o 13.

Ang mga kalahok na mag-aaral ay pinili sa paraang *non-random sampling* na *purposive*, iisang pangkat lamang ang sumailalim sa pag-aaral upang mataya nang husto ang kanilang taglay ng ika-21 siglong kasanayan sa tulong ng mga awtput na sinagutan ng mga mag-aaral sa klase. Ang pagtataya ay ginawa sa pamamagitan ng isa-isang paglalarawan ng nakitang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na nalinang sa bawat ginawang awtput ng mga mag-aaral. Ginawang purposive *non-random sampling* ang pagpili sa kalahok sapagkat ang pagpapangkat sa mga mag-aaral sa baitang pito sa paaralang ito ay *heterogeneous*. Nangangahulugang ang mga mag-aaral sa baitang pito ay nagtataglay ng magkakaibang antas ng talino at magkakaibang antas ng talento. Ang pagpapangkat na ito ay naiiba sa ibang antas kung saan ang mga mag-aaral mula baitang walo hanggang sampu ay pinapangkat ayon sa kanilang talino, kaya naman may mga pangkat na tinatawag na *cream (narito ang pinakamatatalino sa bawat antas)*. Ito ang higit na nagpatibay sa desisyong gawing kalahok sa pag-aaral ang mga mag-aaral sa baitang pito dahil sa daybersidad ng mga mag-aaral dito.

### 3.3. *Setting* ng Pag-aaral

Ang isang pribadong paaralan sa lungsod ng Las Piñas ang piniling kalahok ng mananaliksik sa pag-aaral na ito sapagkat ang paaralang ito ay tiyak na gumagamit ng estratehiya sa pagtuturo na lilinang sa *multiple intelligences* ng mga mag-aaral. Bahagi ng misyon at bisyon ng paaralan na malinang ang iba't ibang talino ng mga mag-aaral di lamang ang kakayahang kognitibo ng mga ito bilang pagsuporta nito sa adbokasiya ng Kagawaran ng Edukasyon na bigyan ng kaangkupang pagmamarka ang pagsusulit na pasulat at ang pagtataya sa perpormans ng mga mag-aaral. Sa pagtataya ng perpormans ng mga mag-aaral makikita ang mga gawaing awtentiko na sumasalamin sa pangyayari sa totoong buhay at ang mga ito'y nakaangkla sa teorya ng *multiple intelligences* na ipinakilala ni Gardner (1983,1999).

Simula antas primarya hanggang hayskul ay bahagi ng kanilang mga banghay-aralin ang mga gawaing pansilid na isinasaalang-alang ang *multiple intelligences* na layuning malinang sa bawat gawain. Ito ay isang ebidensyang nagpapatunay sa kanilang matapat na pagsasaalang-alang sa paggamit ng teoryang *multiple intelligences* sa paglinang ng mga aralin sa bawat paksang itinuturo na makikita sa Apendiks C na Halimbawang Banghay-Aralin sa Baitang Pito.

Sa kasalukuyan din ay isinusulong ng paaralan ang pagpapaunlad sa ika-21 siglong kasanayan sa pamamagitan ng iba't ibang gawaing pampaaralan na makalilinang nito subalit hindi pa labis ang implementasyon nito.

## 3.4. Instrumento sa Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay ginamitan ng iba't ibang instrumento upang mailarawan kung nalinang sa mga mag-aaral ang ika-21 siglong kasanayan na mapunuring pag-iisip.

Ang mga instrumentong ginamit ay ang Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito, gawaing-papel ng mga mag-aaral na tinipon sa isang *portfolio* upang mataya ang pangwakas na awtput sa bawat aralin at ang *portfolio* kung saan nakatala ang mga repleksyon ng mga mag-aaral sa mga karanasan sa loob ng isang buwang paggamit ng Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito sa klase sa Filipino.


Ang Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito sa panitikan ay nagtataglay ng aralin sa panitikan, kompetensi sa panitikan alinsunod sa *K to 12* na kurikulum, pagpapaunlad ng aralin sa tulong ng estratehiya batay sa *multiple intelligences* at target na ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip. Ito ay binalangkas ayon sa banghay-aralin na ginagamit sa paaralang sumailalim sa pag-aaral na ito.

Ang mga awtput ng mag-aaral ay mga gawain sa klase na produkto ng estratehiya bata sa *multiple intelligences*. Ito ay maingat na inihanda upang matiyak na ito'y angkop sa aralin, kompetensi sa panitikan at target na ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na lilinangin. Ang mga ito'y mga gawain sa bahagi ng Palalimin at Paunlarin natin.

Ang *portfolio* ay paraan ng mag-aaral upang tipunin ang mga ebidensya ng pagkatuto sa isang buwang talakayan gamit ang Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito sa panitikan. Tiniyak na ang mga gawaing tinipon sa *portfolio* ay gawaing batay *multiple intelligences* at ang mga replektibong tanong ay makapagpapalitaw ng nalinang na ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip.

### 3.5. Pamamaraan ng Pananaliksik

Ang pagtuklas kung ang estratehiya sa pagtuturong batay sa *multiple intelligences* ay nakatulong sa paglinang sa ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip ay dumaan sa sumusunod na hakbang sa pananaliksik:



### *3.5.1. Pagdidesenyo ng Aralin sa Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito*

Ginamit ang Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito bilang gabay ng gurong nagtuturo sa baitang pito sa pagtalakay ng kaniyang aralin sa unang buwan ng unang termino. Ang Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito ay binalangkas ayon sa ginagamit na banghay-aralin ng paaralang sumailalim sa pag-aaral na ito ngunit hindi ginamit nang tuwiran ang pormat sapagkat ito ay pinapayak at nilangkapan ng target na ika-21 kasanayan sa mapanuring pag-iisip na lilinangin.

Ang mga paksa sa binuong Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito ay iniayon sa balangkas ng kursong inihanda ng gurong nagtuturo sa baitang pito bilang kahingian na rin ng administrasyon na ang paksang tatalakayin sa klaseng sumasailalim sa pag-aaral na ito ay di maiiba sa mga pangkat na di kalahok sa pag-aaral. Ang balangkas ng kurso ng Filipino baitang pito ay nasa Apendiks F.

Sumunod na inihanay ang angkop na kompetensi sa pagtalakay ng panitikan ayon sa *K to 12* na kurikulum. Pinili lamang ang mga kompetensi na angkop sa paksang tatalakyin sa panitikan sa baitang pito.

Matapos ihanay ang paksa sa panitikan at ang kompetensi ayon sa K *to 12* na kurikulum ay inilapat ang mga estratehiya sa pagtuturong batay sa *multiple intelligences* na dati nang bahagi ng disenyo ng UBD na banghay-aralin ng paaralang sumailalim sa pag-aaral na ito. Ngunit sa binuong Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito ay tiniyak na ito'y nakahanay sa target na ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-

iisip na lilinangin. Ang bahagi ng pagtalakay sa aralin ay nahahati sa sumusunod na bahagi (1) Alamin, ito'y bahagi ng aralin kung saan ipinakikilala ng gurong tumatalakay ang tema ng aralin sa pamamagitan ng pag-uugnay nito sa isang tunay na pangyayari sa lipunan, (2) Paunlarin, ito ang bahagi ng aralin kung saan isinasagawa ang panimulang gawain, talasalitaan, at pagbasa (3) Palalimin, ito ang bahagi ng aralin kung saan ang mag-aaral ay magsusuri ng panitikang kanilang binasa, (4) Paglalagom, ito ay bahagi ng aralin kung saan lalagumin ng mag-aaral ang tinalakay na paksa at ang (5) Paglilipat, kung saan ang mag-aaral ay inaasahang mailipat o maiugnay sa ibang gawain, paksa o isyu sa lipunan ang binasa at tinalakay na panitikan sa bahagi ng Palalimin. Hindi nilimitahan ang bilang ng gawain sa bahagi ng Palalimin at Paglilipat, maaaring isa o higit pa ang mga gawaing inihanda ayon sa pangangailangan ng aralin.

Ang mga gawain sa bawat bahagi ng Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito ay nilangkapan ng mga tanong na mapanuri at replektibo upang mapalutang ang nililinang na ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip tulad ng natuklasan nina Facion at Sanchez (1995) kung saan napatunayan nilang ang pagtatanong ay isang epektibong paraan upang malinang ang mapanuring pag-iisip ng isang tao.

Ang mga gawaing nakapaloob dito na makikita rin sa mga gawaing-papel na tinipon sa *portfolio* ay tiniyak na nagtatampok ng ilang mga pangyayari sa tunay na buhay upang makita kung paano tutugon ang mga mag-aaral sa mga ganitong kahawig na sitwasyon.

Ang Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito ay maaaring magamit ng sinumang guro anuman ang pormat ng banghay-aralin na kanilang ginagamit sa paaralan.

**3.5.1.1. Paglilista sa ika-21 siglong kasanayan sa Mapanuring Pag-iisip**

Ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip ay binuo mula sa piniling paglalarawan ng bawat kasanayan na mapanuring pag-iisip (*critical thinking skills*), na inisa-isa ng Partnership for the 21$^{st}$ Century Skills (2009) at iniayon sa kompetensi ng *K to 12* na kurikulum gaya ng : (1) nasusuri ang binasa; (2) naiuugnay ang isang impormasyon sa binasa; (3) nabibigyang-interpretasyon ang binasa;(4) nakapaghihinuha sa binasa; at (5) natataya ang binasa.

Inihanay ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip sa kahingian ng kompetensi ng *K to 12* na kurikulum gaya ng sumusunod: nasusuri gamit ang grapikong pantulong ang ugnayan ng tradisyon at akdang pampanitikan batay sa napanood na kuwentong-bayan, naiisa-isa ang mga elemento ng maikling kuwento mula sa Mindanao, naipahahayag ang sariling pakahulugan sa kahalagahan ng mga tauhan sa napanood na pelikula na may temang katulad ng akdang tinalakay, naiuugnay ang mga pangyayari sa binasa sa mga kaganapan sa iba pang lugar ng bansa, nabubuo ang isang makatotohanang proyektong panturismo, nahihinuha ang kaugalian at kalagayang panlipunan ng lugar na pinagmulan ng kuwentong bayan batay sa mga pangyayari at usapan ng mga tauhan, naipaliliwanag ang sanhi at bunga ng mga pangyayari, naisusulat ang komik istrip na nagpapakita ng kakaibang katangian ng pangunahing tauhan sa epiko.

Ito ay ginawa upang matiyak na ang mga estratehiya sa pagtuturo na ginamit sa binuong Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito ay nakatutugon sa isang tiyak na ika-21 siglong kasanayan na mapanuring pag-iisip. Ang mga deskriptor din na ito ang naging gabay sa pagbuo ng mga gawaing-papel ng mga mag-aaral upang matiyak na ang mga replektibong tanong dito ay nakatutugon sa bawat kasanayan sa mapanuring pag-iisip. Isinaalang-alang din ang mga deskriptor na ito sa pagbuo ng *portfolio* ng mga mag-aaral upang matiyak na ang mga replektibong tanong ay tutugon sa mga nililinang na ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip.

Pinili ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na target linangin at inilarawan ang bawat isa. Isinaalang-alang sa pagpili ng kasanayan sa mapanuring pag-iisip ang katangian ng bawat kasanayan. Makikita sa talahanayan 1 ang inisa-isang kasanayan sa mapanuring na pag-iisip.

#### 3.5.1.2. Paghahanay ng Estratehiyang Batay sa *Multiple Intelligences* sa Teorya ng *Multiple Intelligences* ni Gardner (1993, 1999)

Upang matiyak na ang estratehiya sa pagtuturong batay sa *multiple intelligences* ay tumutugon sa pilosopiya ng teoryang *multiple intelligences* ni Gardner (1993,1999) ay inihanay ang dalawang ito. Una ay inisa-isang ilarawan ang teorya ng *multiple intelligences* ni Gardner (1993,1999). Kasunod nito ay inisa-isa ang mga estratehiya sa pagtuturo na ginamit sa talakayan at pagkatapos ay inilarawan ito. Sa huli ay inihanay ang katangain ng estratehiya sa pagtuturo sa katangian ng teorya ng *multiple intelligences*

ni Gardner (1993,1999) upang makita ang magkakaugnay na katangian nito at sa huli ay tiniyak na angkop ang pagtatakda ng estratehiya. Ang paghahanay ay inilarawan sa talahanayan 2.

### *3.5.2. Pagbuo ng Gawaing-Papel*

Ang mga gawaing-papel ng mag-aaral ay mga ebidensya ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ito ay bahagi ng kanilang *portfolio* kung saan idinikit o iginuhit ng mga mag-aaral ang ebidenysa ng mga awtput sa bawat aralin sa klase. Ito rin ay ilang grapikong pantulong na sinagutan ng mga mag-aaral bilang pagtugon sa mga gawaing inilahad sa Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito . Bukod sa mga ebidensya ng pagkatuto, ito'y bahagi rin kung saan sinagot ng mga mag-aaral ang mga mapanuri at replektibong tanong na magbibigay suporta sa paglalarawan ng mananaliksik kung nalinang ba sa bawat aralin ang target na kasanayan sa mapanuring pag-iisip ng mga mag-aaral. Ang gawaing-papel ay makikita sa Apendiks D.

Ang gawaing-papel ay hinugot mula sa mga gawain sa Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito na makikita sa bahagi ng Palalimin at Paglilipat. Sa pagbuo ng gawaing-papel maingat na inihanay ang paksa, kompetensi sa *K to 12* na kurikulum, gawaing ayon sa estratehiya batay sa *multiple intelligences*, mga replektibong tanong na magtutulay sa target na ika-21 siglong kasanayang natamo ng mag-aaral sa bawat paksa at mga target linanging ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip.

### *3.5.3. Pagbuo ng Portfolio*

Ang unang hakbang sa pagbuo ng *portfolio* ay ang paghahanay ng layunin nito sa inaasahang resulta ng gawain sa bawat paksa batay sa kompetensi ng *K to 12* na kurikulum sa panitikan.

Ang sumunod na hakbang ay ang pagpaplano ng mga gawaing sasalikop sa isang tiyak na paksa, kompetensi sa panitikan ayon sa K *to 12* kurikulum, at target na ika-21 siglang kasanayan sa mapanuring na pag-iisip.

Ang ikatlong hakbang ay ang paghahanda ng mga replektibong tanong na tutugon sa layunin ng pag-aaral.

Ang *portfolio* ay ginamit upang kalapin ang mga ebidensya na nasa awtput ng mga mag-aaral sa bawat paksang tinalakay upang makatulong sa layunin ng pag-aaral na mapatunayan kung ang estratehiya sa pagtuturo batay sa *multiple intelligences* ay nakalilinang ng ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip. Ang *portfolio* ay iniayon sa mungkahi ng *Defining Portfolio Assessment* (2015). Ito ay nahahati sa iba't ibang bahagi gaya ng pahinang **Nahirapan Ako Rito**, kung saan inilagay ng mag-aaral ang ebidensya ng isang gawain sa klase kung saan sila nahirapan at binigyan nila ito ng isang maikling replektibong paliwanag kung ano ang dahilan at nahirapan sila sa nasabing gawain. Ang kakayahan ng mag-aaral na mataya ang sariling gawa ay isang kasanayan sa mapanuring pag-iisip (Hou, 2007). Ito rin ay ipinakita sa ikalawang bahagi na may pamagat na **Ang Galing Ko Rito**…, kung saan gaya sa unang pahina ay nagdikit o gumuhit ng larawan ang mag-aaral ng ebidensya kung saan siya nadalian na sinundan

ng isang replektibong paliwanag kung bakit siya nadalian sa gawain. Ang ikatlong pahina naman ay ang pagsagot ng mag-aaral sa replektibong tanong na (a) *Ano-anong mga gawain sa klase ang iyong naranasan na sa iyong palagay ay ibinatay sa alinmang multiple intelligences na teorya*? *Isa-isahin at ipaliwanag*. Ang tanong na ito ay halaw sa pag-aaral ni Zobisch (2015) kung saan ipinaisa-isa niya sa mga kalahok na mag-aaral ang mga gawain sa klase na sa kanilang palagay ay nakalinang ng kanilang mapanuring pag-iisip mula sa teknik na batay sa *multiple intelligences*. Ang unang tanong din ay makatutulong upang mapatunayang nakamit ang unang layunin na makapagdisenyo ng aralin gamit ang estratehiyang batay sa *multiple intelligences*. Ang ikalawang replektibong tanong naman sa *portfolio* na nasa bahagi (b) ay "*Nakatulong ba ang mga estratehiya ng guro na batay sa multiple intelligences upang malinang ang iyong kasanayan sa mapanuring pag-iisip?*". Ang tanong na ito ang naging gabay upang matukoy kung nakatulong ang estratehiya batay sa *multiple intelligences* sa paglinang ng ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip ng mag-aaral batay sa kanilang sariling perspektibo.

Kasama sa *portfolio* ang kompilasyon ng mga gawaing-papel bilang ebidensya ng awtput ng mga mag-aaral sa bawat aralin sa baitang pito sa loob ng isang buwang pagtuturo gamit ang Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito. Ang padron ng *portfolio* ay makikita sa Apendiks E.

Ang unang bahagi ng *portfolio* na sumailalim sa pagsusuri ay ang replektibong tanong A na: "*Ano-anong mga gawain sa klase ang iyong naranasan na sa iyong palagay*

*ay ibinatay sa alinmang multiple intelligences na teorya*? *Isa-isahin at ipaliwanag* . Ang mga sagot ng mag-aaral sa bahaging ito ng *portfolio* ay sinuri at nilagom upang mapatunayan ang tiyak na layunin bilang 1 na makapagdisenyo ng aralin gamit ang estratehiya batay sa *multiple intelligences* na lilinang sa ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip ay natamo batay sa perspektibo ng mag-aaral. Sa pamamagitan ng mga sagot ng mag-aaral ay natiyak ang estratehiya batay sa *multiple intelligences* na ginamit sa klase bilang estratehiya ng guro sa pagtuturo.

Ang ikalawang bahagi ng *portfolio* na sinuri ay ang unang pahina nito kung saan sumulat ng replektibong sago tang mag-aaral sa pahinang **Ang Galing Ko Rito…** na nagpapakita ng isang ebidensyang awtput ng mag-aaral kung saan naniniwala siyang naging mahusay siya sa pagsagot. Gayundin ay sinuri ang ikalawang pahinang **Nahirapan Ako Rito**… kung saan nagkabit ng ebidensyang awtput ang mag-aaral ng gawaing sa palagay niya ay naging mahirap at pagkatapos ay nagmungkahi ng sariling hakbang kung paano ito mapapadali sa susunod na pagtatangka.

Ang ikatlong bahagi naman ng *portfolio* na sinuri ay ang inisa-isang awtput sa gawaing-papel kasama ang mga sagot ng mag-aaral sa replektibong tanong na resulta ng mga talakayan at gawain sa klase ayon sa estratehiya batay sa *multiple intelligences* na sumailalim sa sekwensyal na pagsusuri. Ito'y bilang pagtugon pa rin sa pangunahing layunin ng pananaliksik na ito na mapatunayang ang estratehiya batay sa *multiple intelligences* ay nakalilinang sa ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip.

Ang huling bahagi ng *portfolio* na sumailalim sa pagsusuri ay ang replektibong tanong B sa *portfolio* na "*Nakatulong ba ang mga estratehiya ng guro na batay sa multiple intelligences upang malinang ang iyong kasanayan sa mapanuring pag-iisip?"* na sinagot ng mag-aaral ay sinuri at binigyang-interpretasyon upang maging isa sa mga patunay na kung paanong ang estratehiya batay sa *multiple intelligences* ay nakatulong sa paglinang ng ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-isip. Ang mga sagot ng mag-aaral ay sinuri upang matukoy ang nangibabaw na tema kaugnay ng kakayahan ng mga estratehiya pagtuturo batay sa *multiple intelligence* na malinang ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip. Ang bahaging ito ng *portfolio* ang naghatid sa mananaliksik upang matugunan ang pangunahing layunin na mapatunayang ang estratehiya batay sa *multiple intelligences* ay nakalilinang sa ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip sa Filipino 7.

Ang resulta ng kinolektang *portfolio* ng mga mag-aaral ay sinuri at binigyang interpretasyon sa Kabanata IV ng pag-aaral na ito.

### 3.5.4. Pagsusuri ng Datos mula sa *Portfolio* sa pamamaraang Sekwensyal

Ang pagsusuri ng datos ay ayon sa sistema ng isang *pagsusuring sekwensyal* kung saan inilarawan ang mga gawain ng mag-aaral simula sa unang araw ng talakayan hanggang sa huli. Sa paglalarawan ipinakita ang nalinang na ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip sa pamamagitan ng estratehiya batay sa *multiple intelligences* ayon sa mga sagot ng mag-aaral sa mga replektibong tanong na makikita sa gawaing-papel.

Ang mga sagot ng mag-aaral ay sinuri sa pamamagitan ng pagtukoy sa paulit-ulit na paglabas ng mga susing salita o parirala na kanilang ginamit sa pagsagot ng gawaing-papel. Ito ay naisakatuparan sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagbabasa sa mga bahagi ng kanilang repleksyon upang masuri ang mga sagot na may magkakaparehong kahulugan at ang mga sagot na halos nagpauli-ulit sa iba't ibang mag-aaral, pagkokoda sa mga sagot at pagbalik sa mga kaugnay na pag-aaral na maingat na sinuri at tinalakay sa pag-aaral na ito. Ang mga temang lumutang sa bawat sagot ng mag-aaral ay pinagsama-sama upang maisulat ang interpretasyon nito.

Sa huli, kinumpirma ng ibang bahagi ng *portfolio* kung tunay na nalinang ng estratehiyang batay sa *multiple intelligences* ang ika-21 siglong kasanayang mapanuring pag-iisip ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paglilista ng magkakaparehong sagot ng mga kalahok sa replektibong bahagi ng *portfolio* na a.) Ang Galing ko Rito at b.) Nahirapan ako Rito. Gayundin ang bahagi kung saan pinasagutan ang sumusunod: a.) *Ano-anong mga gawain sa klase ang iyong naranasan na sa iyong palagay ay ibinatay sa alinmang multiple intelligences na teorya*? *Isa-isahin at ipaliwanag*; at b.) "*Nakatulong ba ang mga estratehiya ng guro na batay sa multiple intelligences upang malinang ang iyong kasanayan sa mapanuring pag-iisip?*"

### 3.5.5. Pagsulat ng Interpretasyon ng Datos

Ang datos na nagpatunay kung nalinang ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip gamit ang estratehiyang batay sa *multiple intelligences* ay ang mga nakalap na sagot ng mag-aaral sa gawaing-papel kung saan idinikit, iginuhit at pinunan ng mag-aaral ng sagot mula sa mga replektibong tanong. Ang replektibong tanong dito ay ibinatay sa target na kasanayan sa mapanuring pag-iisip na lilinangin sa bawat gawain sa klase. Ang mga gawaing-papel na ito ay makikitang lahat sa *portfolio* ng mga mag-aaral.

### 3.5.6. Pagtalakay sa Nalinang na Ika-21 Siglong Kasanayan sa Mapanuring Pag-iisip

Sa bahaging ito ng pananaliksik maingat na tinalakay ang nalinang na ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip gamit ang estratehiya batay sa *multiple intelligences* mula sa mga sinuring bahagi ng *portfolio* ng mag-aaral. Ito rin ay inihanay at makikita sa Apendiks G.

# KABANATA IV

## PRESENTASYON, PAGSUSURI AT INTERPRETASYON NG DATOS

Sa bahaging ito ng pag-aaral ay inilahad ang resulta ng nakalap na datos sa pananaliksik. Ang mga datos ay kinolekta at naiproseso batay sa pagkakasunud-sunod ng layuning inilahad sa unang kabanata ng pag-aaral na ito. Ang pangunahing layunin ng pag-aaral ay mapatunayan na ang estratehiya sa pagtuturong batay sa *multiple intelligences* ay nakalilinang ng ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring na pag-iisip. Kasunod ng layuning makapagdisenyo ng aralin gamit ang estratehiyang batay sa *multiple intelligences* na lilinang sa ika-21 siglong kasanayan at masuri ang nalinang na ang ika-21 siglong kasanayan na mapanuring pag-iisip gamit ang estratehiyang batay sa *multiple intelligences*.

**Layunin 1: Makapagdisenyo ng aralin gamit ang estratehiya batay sa *multiple intelligences* na lilinang sa ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip.**

### 4.1. Pagdidisenyo ng Aralin sa Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito

Ang paaralang sumailalim sa pananaliksik na ito ay gumagamit ng mga gawain sa klase ayon sa *multiple intelligences* upang malinang ang target na talino sa mga mag-aaral ngunit di isinasaalang-alang kung ang teoryang ito ni Gardner (1993, 1999) ay sapat at angkop pa sa isa na namang teoryang isinusuolong ngayon ng Kagawaran ng

Edukasyon sa bawat paaralan, ang paglinang sa ika-21 Siglong Kasanayan.  Ito ang naging batayan sa pagdidisenyo ng Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito.

Ang mga paksang tinalakay habang isinasagawa ang pag-aaral na ito ay isinunod mula sa balangkas ng kurso na masusing inihanda ng mga gurong nagtuturo sa nasabing paaralan na sinang-ayunan ng mga administrador.  Ang balangkas ng kurso ay nakabatay sa *K to 12* na kurikulum.  Ang mga paksang ginamit sa pananaliksik ay ang Kuwentong-Bayan, Epiko at Maikling Kuwento.  Ang huling bahagi ng Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito ay ang pamantayang pagganap kung saan gumawa ang mga mag-aaral ng proyektong panturismo.

### 4.1.1. Paglilista ng Ika-21 Siglong Kasanayan sa Mapanuring Pag-iisip

Ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip ay inisa-isa upang mabigyang-direksyon ang pagpili sa paksang tatalakayin sa klase.  Ang paglilista ay makikita sa talahanayan 1.

**Talahanayan 1: Ika-21 Siglong Kasanayan sa Mapanuring Pag-iisip (Partnership for the 21st Century Skills, 2009 at Greenstein, 2012)**

| KASANAYAN SA MAPANURING PAG-IISIP | KATANGIAN |
|---|---|
| Natataya ang binasa | - Nakapaglalarawan ng isang konseptong binasa<br>- Nakapagpapasya sa sitwasyong binasa<br>- Nakapagmamarka sa gawa ng iba<br>- Nakapaghahatol sa gawa ng iba o sa binasang impormasyon |
| Nakapaghihinuha | - Inuunawa ang detalye ng binasa upang masuportahan ang pahayag<br>- Nakapagbibigay ng konklusyon<br>- Nakapaglalahad ng desisyon |
| Naiuugnay ang isang impormasyon sa binasa | - Naiuugnay ang iba't ibang impormasyon at karunungan<br>- Naiuugnay ang ilang makatotohanang impormasyon sa mas malaking konsepto<br>- Naghahambing ng mga ideya<br>- Nagagamit ang impormasyon at karanasan sa iba't ibang disiplina |
| Nabibigyang-Interpretasyon ang binasa | - Nakapagkakakalap ng impormasyon upang mabigyang interpretasyon ang binasa<br>- Nakabubuo ng bagong padron bunga ng nakalap na ebidensya<br>- Natutukoy ang relasyon ng mga impormasyon |
| Nasusuri ang binasa | - Nakakikita ng pagkakaiba<br>- Nakapagpapaliwanag<br>- Nakapaghihimay ng binasa<br>- Nakapagbibigay-kahulugan |

Ang paglilista ay alinsunod sa itinakdang kasanayan sa mapanuring pag-iisip ng Partnership for the 21st Century Skills (2009). Isinaalang-alang sa pagpili ng ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip ang katangian nito ayon sa paglalarawan ni Greenstein (2012), ng Partnership for the 21st Century Skills at ang katangian ng kompetensi sa panitikan sa baitang pito.

Mahalaga ang katangian ng bawat inilistang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip upang magabayan ang guro sa pagtataya at pagsusuri sa mga gawaing-papel ng mag-aaral. Ang mga katangiang ito ang naging gabay upang matiyak na ang isang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip ay nalinang sa isang paksang aralin.

Masasabing ang mag-aaral ay nakakitaan ng kasanayan sa pagtataya ng isang aralin kung ang mag-aaral ay nakapaglalarawan ng isang konseptong binasa, nakapagpapasya sa sitwasyong binasa, nakapagmamarka sa gawa ng iba, at nakapaghahatol sa gawa ng iba o sa binasang impormasyon.

Ang mag-aaral naman na nagpakita ng kakayahan na makaunawa ng detalye sa binasa, nakapagpapahayag ng pagsuporta sa isang pahayag, nakapagbibigay ng konklusyon at nakapaglalahad ng desisyon ay masasabing nagtataglay ng ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na nakapaghihinuha.

Ang mag-aaral ay may kakayahang maiugnay ang isang impormasyon sa binasa kung ang mag-aaral ay nakapag-uugnay ng iba't ibang impormasyon at karunungan sa binasa, nakapag-uugnay ng ilang makatotohanang impormasyon sa mas malaking konsepto, nakapaghahambing ng mga ideya at nagagamit ang impormasyon at karanasan sa iba't ibang disiplina.

Gayundin ay nagbibigyang-interpretasyon ng mag-aaral ang binasa kung nakapagkakakalap ng impormasyon upang mabigyang interpretasyon ang binasa,

nakabubuo ng bagong padron bunga ng nakalap na ebidensya at natutukoy ang relasyon ng mga impormasyong binasa.

At sa huli, nakapagsusuri ng binasa ang mag-aaral kung nakakikita ng pagkakaiba-iba sa detalye, nakapagpapaliwanag, nakapaghihimay ng impormasyon at nakapagbibigay-kahulugan sa impormasyong binasa.

Kasunod ng paglilistang ito at ang pagbibigay-katangian sa bawat isang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip ay ang paglalapat nito sa kahingiang kasanayan ng *K to 12* na kurikulum na inilarawan sa Talahanayan 2.

### 4.1.2. Pag-uugnay ng Kompetensi sa Panitikan ayon sa *K to 12* na Kurikulum at Ika-21 Siglong Kasanayan sa Mapanuring Pag-iisip

Tiniyak na ang target linanging ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip ay inihanay sa kompetensi sa panitikan ayon sa itinakda ng *K to 12* na kurikulum. Ang pag-uugnay ay inilahad sa talahanayan 2. Ginawa ang paghahanay na ito upang matiyak na ang inisa-isang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip ay akma at makatutugon sa itinakdang kompetensi ayon sa *K to 12* na kurikulum para sa baitang pito. Ang paghahanay na ito ang naging daan upang matukoy ang paksang pagtutuunan ng pansin sa isang buwang talakayan. Isinaalang-alang ang katangian ng bawat ika-21 siglong kasanayan sa ginawang pag-uugnay nito sa kompetensi ng *K to 12* na kurikulum.

**Talahanayan 2: Pag-uugnay ng Kompetensi sa Panitikan ayon sa *K to 12* na Kurikulum at Ika-21 Siglong Kasanayan sa Mapanuring Pag-iisip**

| **Ika-21Siglong Kasanayan na Mapanuring Pag-iisip** | **Kompetensi ng *K to 12* na Kurikulum (Ginamit sa Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito)** |
|---|---|
| 1. Nasusuri ang nabasa | Nasusuri gamit ang grapikong pantulong ang ugnayan ng tradisyon at akdang pampanitikan batay sa napanood na kuwentong-bayan<br><br>Nasusuri ang ginamit na datos sa pananaliksik sa isang proyektong panturismo |
| 2. Natataya ang binasang akda | Naipahahayag ang sariling pakahulugan sa kahalagahan ng mga tauhan sa napanood na pelikula na may temang katulad ng akdang tinalakay |
| 3. Naiuugnay ang isang impormasyon ang binasa | Naiuugnay ang mga pangyayari sa binasa sa mga kaganapan sa iba pang lugar ng bansa<br><br>Nabubuo ang isang makatotohanang proyektong panturismo.<br><br>Naipahahayag ang sariling pakahulugan sa kahalagahan ng mga tauhan sa napanood na pelikula na may temang katulad ng akdang tinalakay |
| 4. Nakapaghihinuha ng binasa | Nahihinuha ang kaugalian at kalagayang panlipunan ng lugar na pinagmulan ng kuwentong bayan batay sa mga pangyayari at usapan ng mga tauhan |
| 5. Nabibigayang-interpretasyon ang impormasyong nabasa | Naipaliliwanag ang sanhi at bunga ng mga pangyayari.<br><br>Naisusulat ang komik istrip na nagpapakita ng kakaibang katangian ng pangunahing tauhan sa epiko. |

Ang ika-21 isang siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na nasusuri ang binasa ay iniugnay sa kompetensi ng *K to 12* na kurikulum na nasusuri gamit ang grapikong pantulong ang ugnayan ng tradisyon at akdang pampanitikan batay sa

napanood na kuwentong-bayan at nasusuri ang ginamit na datos sa pananaliksik sa isang proyektong panturismo dahil sa parehong layunin nito na makapagsuri. Gayundin ay iniugnay ang kompetensi sa panitikan na naipahahayag ang sariling pakahulugan sa kahalagahan ng mga tauhan sa napanood na pelikula na may temang katulad ng akdang tinalakay dahil sa katangian ng kasanayan na makapagbigay ng kahulugan sa isang pangyayari sa akdang binasa.

Ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na natataya ang binasa ay iniugnay naman sa kompetensi sa panitikan na naipahahayag ang sariling pakahulugan sa kahalagahan ng mga tauhan sa napanood na pelikula na may temang katulad ng akdang tinalakay dahil ang pagpapahayag ng sariling pagpapakahulugan sa isang binasa ay matatamo kung ang mag-aaral ay magagawang makapagpasya sa isang sitwasyong binasa tulad ng paglalarawan ni Greenstein (2012).

Ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na naiuugnay ang isang impormasyon sa binasa ay inihanay sa kompetensi sa panitikan na naiuugnay ang mga pangyayari sa binasa sa mga kaganapan sa iba pang lugar ng bansa dahil tugma ito sa katangian ng kasanayan sa mapanuring pag-iisip kung saan tinitingnan ang kakayahan ng mag-aaral sa pag-uugnay-ugnay ng mga detalye. Isama pa ang kompetensi na nabubuo ang isang makatotohanang proyektong panturismo dahil upang makagawa ng isang proyektong panturismo ang isang mag-aaral ay kinakailangan maiugnay niya ang binubuong *travel brochure* sa mga impormasyon at kulturang nasaliksik tungkol sa mga probinsyang pinagmulan ng akdang binasa mula sa iba't ibang sanggunian.

Bukod pa rito, ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na naiuugnay ang isang impormasyon sa binasa ay iniugnay sa kompetensi ng *K to 12* na kurikulum na naipahahayag ang sariling pakahulugan sa kahalagahan ng mga tauhan sa napanood na pelikula na may temang katulad ng akdang tinalakay dahil kakailanganin ang kakayahan ng mag-aaral sa pag-uugnay ng binasang akda sa pinanood na pelikula o docu-film na may katulad na tema.

Ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na nakapaghihinuha ng binasa ay iniugnay sa kompetensi ng *K to 12* kurikulum na nahihinuha ang kaugalian at kalagayang panlipunan ng lugar na pinagmulan ng kuwentong-bayan batay sa mga pangyayari at usapan ng mga tauhan dahil sa katulad na layunin nitong makapaghinuha ang mag-aaral.

Sa huli, ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na nabibigyang-interpretasyon ang binasa ay iniugnay sa kompetensi ng *K to 12* na kurikulum na naipaliliwanag ang sanhi at bunga ng mga pangyayari dahil sa layunin nitong tulungan ang mag-aaral na matukoy ang relasyon ng mga impormasyon (Greenstein, 2012). Gayundin ay iniugnay ito sa kompetensi ng *K to 12* na naisusulat ang komik istrip na nagpapakita ng kakaibang katangian ng pangunahing tauhan sa epiko dahil sa layunin nitong matulungan ang mag-aaral na makabuo ng isang bagong padron bunga ng isang nakalap na impormasyon.

### 4.1.3. Paghahanay ng Paksa sa Panitikan at Kompetensi ng *K to 12* na Kurikulum

Tiniyak na ang mga paksang tatalakayin gamit ang Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito ay nakahanay sa kompetensi sa *K to 12* na iniugnay sa ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip. Ito ay isinagawa upang matiyak na ang itinakdang balangkas ng kurso ng gurong nagtuturo sa Filipino 7 ay akma sa layunin ng pananaliksik na ito. Ang paghahanay ay makikita sa talahanayan 3.

**Talahanayan 3: Paghahanay ng Paksa sa Panitikan at Kompetensi ng *K to 12* na Kurikulum**

| PAKSA | KOMPETENSI SA PANITIKAN AYON SA *K TO 12* NA KURIKULUM |
|---|---|
| Kuwentong-Bayan | Nahihinuha ang kaugalian at kalagayang panlipunan ng lugar na pinagmulan ng kuwentong-bayan batay sa mga pangyayari at usapan ng mga tauhan.<br><br>Nasusuri gamit ang grapikong pantulong ang ugnayan ng tradisyon at akdang pampanitikan batay sa napanood na kuwentong-bayan.<br><br>Naiuugnay ang mga pangyayari sa binasa sa mga kaganapan sa iba pang lugar ng bansa. |
| Epiko | Nakikilala ang katangian ng mga tauhan batay sa tono at paraan ng kanilang pananalita.<br><br>Naipaliliwanag ang sanhi at bunga ng mga pangyayari.<br><br>Naipahahayag ang sariling pakahulugan sa kahalagahan ng mga tauhan sa napanood na pelikula na may temang katulad ng akdang tinalakay.<br><br>Nakabubuo ng isang komik istrip. |
| Maikling Kuwento | Naisasalaysay ang buod ng mga pangyayari sa kuwentong napakinggan<br>Naiisa-isa ang mga elemento ng maikling kuwento mula sa Mindanao.<br><br>Nasusuri ang isang docu-film.<br><br>Naisasalaysay nang maayos at wasto ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari. |

| | |
|---|---|
| Proyektong Panturismo | Naiisa-isa ang mga hakbang na ginawa sa pananaliksik mula sa napakinggang mga pahayag.<br><br>Nasusuri ang ginamit na datos sa pananaliksik sa isang proyektong panturismo.<br><br>Nabubuo ang isang makatotohanang proyektong panturismo. |

Inihanay ang mga paksang tatalakayin sa loob ng binubuong Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito sa kompetensi ng *K to 12* na kurikulum sa panitikan. Ang paghahanay na ito ay isinagawa matapos maiugnay ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip sa mga kompetensi sa panitikan ayon sa *K to 12* na kurikulum. Kung babalikan ang talahanayan 2 at 3 makikita na ang paksang tinalakay sa klaseng sumailalim sa pananaliksik ay nakahanay batay sa sumusunod: paksang aralin sa panitikan, kompetensi sa pantikan ayon sa *K to 12* na kurikulum at kaugnay na ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na lilinangin sa talakayan.

### 4.1.4. Pagtatakda ng Estratehiya Batay sa *Multiple Intelligences* sa Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito

Matapos maisa-isa ang mga paksa, kompentesi sa panitikan at target na lilinanging ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip ay itinakda naman ang mga estratehiyang gagamitin sa pagtuturo ng aralin batay na rin sa mungkahing gawain sa kompetensi ng *K to 12* na kurikulum. Makikita ang inilistang gawain sa talahanayan 4.

**Talahanayan 4: Pagtatakda ng Estratehiya Batay sa *Multiple Intelligences* sa Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito**

| PAKSA | KOMPETENSI | ESTRATEHIYA BATAY SA *MULTIPLE INTELLIGENCES* |
|---|---|---|
| Kuwentong-Bayan | Nahihinuha ang kaugalian at kalagayang panlipunan ng lugar na pinagmulan ng kuwentong bayan batay sa mga pangyayari at usapan ng mga tauhan<br><br>Nasusuri gamit ang grapikong pantulong ang ugnayan ng tradisyon at akdang pampanitikan batay sa napanood na kuwentong-bayan.<br><br>Naiuugnay ang mga pangyayari sa binasa sa mga kaganapan sa iba pang lugar ng bansa. | Paggamit ng Grapikong Pantulong sa pag-uugnay ng tradisyon at pangyayari sa akdang binasa.<br><br>Multiple Intelligences:<br>Logical, Visual Spatial, Intrapersonal, Existential |
| Epiko | Nakikilala ang katangian ng mga tauhan batay sa tono at paraan ng kanilang pananalita<br><br>Naipaliliwanag ang sanhi at bunga ng mga pangyayari<br><br>Naipahahayag ang sariling pakahulugan sa kahalagahan ng mga tauhan sa napanood na pelikula na may temang katulad ng akdang tinalakay.<br><br>Nakabubuo ng isang komik istrip | **Estratehiya**:<br>Paggamit ng estratehiyang Coperative Group sa pagtukoy ng sanhi at bunga sa mga pangyayari sa binasa.<br>**Multiple Intelligences**:<br>Verbal linguistic, visual spatial, interpersonal<br><br>**Estratehiya:**<br>Panonood at pagsusuri ng pelikulang may katulad na tema.<br>Pagsulat ng Journal sa pagsusuri ng pelikula<br><br>**Multiple Intelligences**<br>Visual Spatial, Verbal Linguistics, Intrapersonal, Musical, Existential<br><br>**Estratehiya:**<br>Pagbuo ng Komik Istrip<br><br>**Multiple Intelligences:**<br>Visual spatial, verbal linguistic |
| Maikling Kuwento | Naisasalaysay ang buod ng mga pangyayari sa kuwentong napakinggan<br>Naiisa-isa ang mga elemento ng maikling kuwento mula sa Mindanao.<br><br>Nasusuri ang isang dokyufilm<br><br>Naisasalaysay nang maayos at wasto ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari | **Estratehiya:**<br>Pagbuo ng Venn Diagram upang masuri ang dokyufilm. Dito'y iuugnay ang dokyufilm at ang binasang maikling kuwento.<br><br>**Multiple Intelligences:**<br>Visual Spatial, Verbal Linguistic, Logical, Musical |
| Proyektong Panturismo | Naiisa-isa ang mga hakbang na ginawa sa pananaliksik mula sa napakinggang mga pahayag<br><br>Nasusuri ang ginamit na datos sa pananaliksik sa isang proyektong panturismo<br><br>Nabubuo ang isang makatotohanang proyektong panturismo | **Estratehiya:**<br>Show and Tell ng nabuong proyektong panturismo.<br><br>**Multiple Intelligences:**<br>**I**nterpersonal, Verbal Linguistic, Visual Spatial, Existential: |

Ang pagtatakda ng mga estratehiya ay iniayon sa kahingian ng kompetensi sa *K to 12* na kurikulum na inisa-isa ng Kagawaran ng Edukasyon upang hindi lumihis ang

gawain sa klase sa inaasahang pagganap na itinakda ng kagawaran. Ang mga estratehiyang ito ay iniakma sa tiyak na *multiple intelligences* ni Gardner (1993, 1999).

### 4.1.5. Paghahanay ng Estratehiya sa Pagtuturo Batay sa *Multiple Intelligences* sa Teorya ng *Multiple Intelligences* ni Gardner (1993, 1999)

Ang estratehiyang inisa-isa sa talahanayan 4 ay sinigurong nakatutugon sa teorya ng *multiple intelligences* ni Gardner (1993, 1999). Ito ay inisa-isa batay sa pamamagitan ng paghahanay nito sa paglalarawan ng bawat *multiple intelligences*. Makikita ang paghahanay sa talahanayan 5.

**Talahanayan 5: Paghahanay sa Estratehiya Batay sa *Multiple Intelligences* sa Teorya ng *Multiple Intelligences* ni Gardner (1993, 1999)**

| **Katangian ng Teoryang *Multiple Intelligences* ni Gardner (1993,1999)** |
|---|
| ***Verbal Linguistic Intelligence*** - tumutukoy sa kakayahang matutuhan ang iba't ibang wika at ang abilidad na magamit ang wika upang matugunan ang isang layunin.<br><br>***Logical-Mathematical Intelligence*** - tumutukoy sa kakayahang makapagsuri ng suliranin sa isang lohikal na paraan.<br><br>***Musical Intelligence*** ay tumutukoy sa kasanayan sa pagtatanghal, komposisyon, at pagtangkilik sa musika, ito rin ang kakayahan ng isang tao na makabuo ng sariling musika, tono at ritmo.<br><br>***Bodily-Kinesthetic Intelligence***- tumutukoy sa kakayahan ng isang tao na magamit ang kanyang katawan upang masolusyunan ang isang suliranin, ito rin ay isang abilidad ng tao na magamit ang isip upang maikoordineyt ang isang kilos.<br><br>***Visual Spatial Intelligence***- tumutukoy sa potensyal na makakilala at magamit ang mga padron mula sa isang malawak o masikip na lugar, ito rin ay kakayahan ng tao na magamit ang kaniyang imahinasyon.<br><br>***Interpersonal Intelligence***- tumutukoy sa kakayahang maunawaan ang intensyon, motibasyon at ninanais ng ibang tao. Tinutulungan nito ang isang tao na makihalubilo sa iba. |

***Intrapersonal Intelligence***- tumutukoy sa kakayahang maunawaan ang sarili at mapahalagahan ang damdamin ng iba.

***Naturalist Intelligence***- tumutukoy sa abilidad ng tao na maiklasipika ang mga nabubuhay na nilikha sa daigdig maging ang pagiging sensitibo sa katangian ng iba't ibang nilikha.

***Existential Intelligence***- tumutukoy sa pagiging sensitibo sa kakayahan na matalakay nang malalim ang mga tanong kaugnay ng eksistens ng tao at kahulugan ng buhay na tao.

| **Estratehiyang Batay sa Multiple Intelligences na makikita sa binuong Gabay sa Pagtuturo sa Filipino Baitang Pito.** | **Pag-uugnay sa Teorya ng Multiple Intelligences ni Gardner (1993. 1999)** |
|---|---|
| **Grapikong Pantulong**<br>Ito ay pag-uugnay sa nahinuhang tradisyon at kultura ng lugar na pinagmulan ng kuwentong-bayan na tinatalakay sa pangyayari sa isang *video clip* na tungkol sa isang kwentong-bayan na may parehong tema sa binasa. Kinilala itong estratehiya sa pagtuturong batay sa *multiple intelligences* na Logical, at Visual Spatial.<br><br>Pagupuno ng konsepto sa tsart upang matukoy ang mga lemento ng maikling kuwento. Kinilala itong estratehiya sa pagtuturong batay sa *multiple intelligences* na logical, *Verbal linguistic* at *Visual Spatial*. | **Logical** ang kakayahan na magabayan ang mag-aaral sa paggamit ng grapikong pantulong dahil ang pagpupuno ng impormasyon sa isang tsart ay isang lohikal na paraan ng pagsusuri ng datos.<br><br>**Visual Spatial** dahil sa kakayahan nitong iayos ang impormasyon sa pamamagitan ng presentasyong biswal na pagpupuno sa grapikong pantulong.<br><br>**Verbal Linguistic** dahil sa kakayahan ng mag-aaral na magamit ang wika sa pagtupad ng layunin ng gawain na mapunan ng impormasyon ang grapikong pantulong.<br><br>**Intrapersonal** dahil sa kakayahan nitong matulungan ang mag-aaral na ilahad ang sariling opinyon kaugnay ng mga katanungan tungkol sa pinanood na kuwentong-bayan.<br><br>**Existential** dahil sa kakayahan nitong tulungan ang mag-aaral na mag-isip ng isang solusyon sa problemang kinaharap habang binubuo ang grapikong pantulong. Gayundin ay ang kakayahan ng estratehiya na tulungan ang mag-aaral na iugnay sa tunay na buhay ang ilang nakita sa pinanood na kuwentong-bayan. |
| **Cooperative Group**<br>Ito ay isang gawain kung saan pinangkat ang klase sa lima upang tukuyin ang pangyayari sa binasang epiko na nagpapakita ng sanhi at bunga sa tulong ng pagpupuno ng tsart. Kinilala itong estratehiya sa pagtuturong batay sa *multiple intelligences* na *Verbal Linguistic, Interpersonal, at Visual Spatial.* | **Verbal Linguistic** dahil sa kakayahan nitong magamit ang wika upang matugunan ang layuning makapagbahagi sa kamag-aral ng natuklasang sanhi at bunga ng pangyayari. |

| | |
|---|---|
| | **Interpersonal** dahil nakilala ng mga mag-aaral ang opinyon ng kasama sa pangkat habang tinutuklas ang mga sanhi at bunga ng binasang epiko.<br><br>**Visual Spatial** dahil nakatulong ang tsart sa Cooperative Group upang maisaayos ang ideyang napag-usapan sa pangkatang gawain. |
| **Panonood ng Pelikula, Pagsagot sa Replektibong Tanong sa Gawaing-papel**<br>Ito ay panonood ng pelikulang Panday 2. Ipahahayag ng mag-aaral ang sariling pakahulugan sa kahalagahan ng mga tauhan sa napanood na pelikula na may tema ng katulad ng epikong tinalakay. Pagkatapos ng panonood ay pasasagutan naman sa mga mag-aaral ang ilang replektibong tanong mula sa gawaing-papel. Kinilala itong estratehiya sa pagtuturong batay sa *multiple intelligences* na *Verbal Linguistic, Visual Spatial, Intrapersonal* at *Musical*. | **Verbal Linguistic** dahil sa kakayahan ng gawaing ito na gamitin ang wika upang maipaliwanag ang sariling pananaw mula sa mga replektibong tanong.<br><br>**Visual spatial** at **musical** dahil ang estratehiyang ito'y gumamit ng larawan ng pelikulang pinanood at ang mga sound effects nito upang higit na madama ang senaryo sa palabas.<br><br>**Intrapersonal** dahil sa kakayahang mailahad ang sariling pagpapalagay sa ilang pangyayari sa pinanood<br><br>**Existential** dahil sa kakayahan ng estratehiya na tulungan ang mag-aaral na iugnay ang katangian ng epiko sa pelikula na angkop sa panlasa ng kabataan sa kasalukuyan maging sa ilang pangyayaring makatotohanan. |
| **Pagbuo ng Komik Istrip**<br>Dito ay guguhit ang mga mag-aaral ng isang komik istrip na nagpapakita ng kakaibang katangian ng pangunahing tauhan sa mga akdang gaya ng epiko. Kailangang bigyang diin sa gawaing ito ang pagpapalutang sa kulturang pinagmulan ng epiko maging ang kabayanihang ipinakita sa bawat epikong ginawan ng komik istrip. Sa dulong *frame*, kinakailangang lumutang ang konsepto ng epekto ng epiko sa kulturang Pilipino na may pagbibigay-diin sa kulturang Mindanao. Kinilala itong estratehiya sa pagtuturong batay sa *multiple intelligences* na *visual spatial* at *verbal linguistic.* | **Verbal Linguistic** dahil sa kakayahang magamit ang wika upang ipakita sa mga diyalogo sa komik istrip ang kulturang pinagmulan ng epiko maging ang kabayanihang ipinakita sa epiko na ginawang komiks.<br><br>**Visual Spatial** dahil sa kakayahan ng mag-aaral na magamit ang kaniyang imahinasyon upang mabigyang mukha ang epikong nais niyang buoin sa komiks. |
| **Pagbuo sa Venn Diagram ng Nabasang Kuwento at Napanood na Dokyumentaryong Palabas**<br><br>Pinanood ng mga mag-aaral ang isang dokyumentarong palabas tungkol sa pagbibinyag ng Muslim at inihambing ito sa<br><br>binasang maikling kwento sa tulong ng venn diagram. | **Logical** dahil sa kakayahan ng gawain na magabayan ang mga mag-aaral sa pag-aayos ng detalyeng napanood at nabasa sa paraang lohikal sa tulong ng *venn diagram.* |

| | |
|---|---|
| | **Visual Spatial** dahil sa kakayahan ng gawaing ito na matulungan ang mag-aaral na maiayos ang ideyang nakalap sa tulong ng isang tsart. Ang dokyumentaryong palabas ay daan upang Makita ng mga mag-aaral ang imaheng inilalarawan sa kuwentong binasa.<br><br>**Musical** dahil sa kakayahan ng dokyumentaryong palabas na maging higit na kapani-paniwala ang senaryo ng pagbibinyag sa Muslim sa tulong ng mga musika at tunog na ginamit dito maging ang awiting Muslim na ginagamit sa pagbibinyag.<br><br>**Verbal Linguistic** dahil sa kakayahan ng gawain na magabayan ang mga mag-aaral na magamit ang mga wika upang mailahad ang saloobin at nalalaman kaugnay ng mga replektibong tanong tungkol sa tinalakay. |
| | **Verbal linguistic** dahil sa kakayahan ng gawaing ito na matulungan ang mga mag-aaral na magamit ang wika upang mabigyang –puna ang proyektong panturismo na ginawa ng kamag-aral.<br><br>**Visual Spatial** dahil sa kakayahan ng mag-aaral na bumuo ng isang proyektong panturismo na biswal upang mahikayat ang mga turista na magtungo sa isang magandang lugar sa isang probinsya.<br><br>**Interpersonal** dahil sa kakayahan ng gawaing ito na mabigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na ibahagi sa kapangkat ang kanilang pagsusuri sa ginawang travel brochure ng kanilang kamag-aral.<br><br>**Existential** dahil sa kakayahan ng estratehiyang tulungan ang mga mag-aaral na gamitin ang mga awtentikong impormasyon tungkol sa probinsyang pinagmulan ng mga akdang tinalakay sa loob ng isang buwan upang makagawa ng isang proyektong panturismo bilang pamanatayang pagganap sa klase. |

Sa pamamagitan ng paghahanay na isinagawa ay maliwanag na makikita kung paanong ang isang payak na mungkahing gawain mula sa itinakda ng *K to 12* kurikulum ay naging higit pang kapana-panabik dahil sa pag-aangkop ng mga estratehiyang ito sa *multiple intelligences* ni Gardner (1993, 1999). Sa pamamagitan nito'y nagkaroon ng panibagong mukha ang talakayan sa loob ng klase.

Upang matiyak na ang mga estratehiya batay sa *multiple intelligences* ay talagang naisagawa ng guro sa baitang pito sa kaniyang klase ay nilagom, sinuri at binigyang interpretasyon ang mga sagot ng mag-aaral sa replektibong tanong sa kanilang *portfolio*. Ang replektibong tanong A na "*Ano-anong mga gawain sa klase ang iyong naranasan na sa iyong palagay ay ibinatay sa alinmang multiple intelligences na teorya?*" ay pinasagutan sa mag-aaral upang masiguro na naranasan ng mga mag-aaral ang estratehiya batay sa *multiple intelligences* sa pagtalakay ng panitikan sa baitang pito. Ang paghahanay sa naranasang estratehiya batay sa *multiple intelligences* ng mga mag-aaral ay inihanay sa talahanayan 6.

**Talahanayan 6: Mga Estratehiya Batay sa *Multiple Intelligences* na Naranasan ng mga Mag-aaral sa Klase Batay sa Replektibong Tanong A sa *Portfolio***

| URI NG TALINO | MGA ESTRATEHIYA SA PAGTUTURONG BATAY SA *MULTIPLE INTELLIGENCES* |
|---|---|
| Visual Spatial | "Ang komiks ay batay sa sa *visual spatial* at ito ay humasa sa aking kasanayan sa pagguhit."<br><br>"Yung sa draw a hero, ginamit po namin ang *multiple intelligence* na *Visual Spatial* kasi po sa Visual Spatial ginagamit ang *creativity*."<br><br>*"Visual Spatial*. Ito ay isang *multiple intelligence* na sa tingin ko'y ginamit sa isang gawain. At ang gawaing ito ay ang *sketch your hero*. Binase ito sa *visual spatial* dahil ito ay naglilinang ng ating pagguhit."<br><br>"Ang worksheet tungkol sa mga tinalakay namin ngayon ay lahat *multiple intelligences* dahil ang sketch your hero, panday 2, ay may *multiple intelligences* na visual spatial."<br><br>"Ang ibingay ni Bb. Jill na *worksheet* ay sa pagsusuri ng *travel brochure* ng kamag-aral maglilinang pa lalo sa aking kaalaman,bakit? Dahil dito masusubok ang kaalaman namin at dito rin mahahasa ang aking kasanayan sa pagsagot nang maayos sa bawat mahahalagang katanungan at mga impormasyon na aming inihanda para sa gawain." |
| Kinesthetics | "Ang isa ay ang "reader's theater" dahil nangangailangan na nakakaintindi ka sa sinasabi ng mga nagbabasa at kailangan nakakasunod ka sa mga sinasabi nila para mabigyan ng interpetasyon ang binasa."<br><br>"Kinesthetic: halos lahat ng mga gawaing-klase na nabanggit ay kinakailangan ng mga grupo at interaksyon." |
| Verbal Linguistics | "Ang isa ay ang "reader's theater" dahil nangangailangan na nakakaintindi ka sa sinasabi ng mga nagbabasa at kailangan nakakasunod ka sa mga sinasabi nila."<br><br>"Ang isang gawain na ibinigay ng guro ay tungkol kay Indarapatra at Sulayman. May iba't ibang tanong batay sa kuwento na dapat sagutin ng mga estudyante."<br><br>"Verbal linguistics: ibinahagi ng aming guro ang pagsagot ng oral sa aming mga gawain."<br><br>"Ang pangalawang *multiple intelligence* ay ang komik istrip ang *multiple intelligences* nito ay ang *Visual Spatial* at *Verbal linguistics* dahil kailangan ang pag-iisip ng diyalogo na gagawin ko para sa komik istrip."<br><br>"Verbal Linguistics: napansin ko po habang ang aking mga kapwa mag-aaral ay nagtuturo ng iba't ibang paksa." |

| | |
|---|---|
| | "Pagbabahagi sa klase ng natutuhan, dahil dito nalalaman ng guro kung naintindihan ng estudyante ang tinalakay." |
| Logical | "Sa aking palagay, ang pagsagot namin sa *worksheets* ay ibinatay sa *multiple intelligences*, dahil upang masagot ang mga tanong sa aming mga worksheet dapat naiintindihan at nauunawaan naming ang mga tanong at ang aming mga topics."<br><br>"Mag-iisip kami ng mabuti sa pinanonood namin at ang *visual spatial* may venn diagram ito na nagpapakita ng ano ang pagkakaiba ng pinanood naming dokyumentaryong palabas sa binasang kwento."<br><br>*"work sheets*, dahil nasusulat natin ang nakuhang impormasyon sa gawain at pagbabasa." |
| Interpersonal | "Interpersonal: isinagawa sa amin ang iba sa mga *worksheet* na by *group*."<br><br>*"Group activities*, dito natin nakukuha ang iba't ibang opinyon. Kung marami kayo sa grupo mas malawak ang makukuha mo sa paksa dahil iba ang pagkaintindi sa paksa." |
| Musical | "Sa panonood ng dokyumentaryong palabas ay nakita ko ang *multiple intelligence* na *linguistics*, *visual spatial*, *musical*. Sa panonood kailangang pakikinggan ang detalye sa pinanonood na dokyumentaryong palabas para maintindihan ito." |
| Intrapersonal | "Habang ako'y nagse-self study"<br><br>"Habang sumasagot sa portfolio." |
| Naturalistic | "Napansin ko po ito lalo na sa gawaing proyektong panturismo." |

Mahalagang matiyak na kinilala ng mga mag-aaral ang estratehiya batay sa *multiple intelligences* sa talakayan sa klase upang mapatunayan ang unang layunin ng mananaliksik na makapagdisenyo ng aralin gamit ang estratehiya batay sa *multiple intelligences* sa paglinang ng ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip.

Natuklasan mula sa sinagutang replektibong tanong A sa *portfolio* ang pagkilala ng mga mag-aaral sa mga gawain sa klase sa Filipino bilang estratehiya batay sa *multiple intelligences*. Ang ilang sagot ng mag-aaral ay umayon sa ginawang paghahanay at

paglilista ng mananaliksik sa pagdidisenyo ng aralin sa tulong ng Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito. Napansin ng mga mag-aaral na ang estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Visual Spatial* ay ang mga gawaing lumilinang sa kanilang imahinasyon gaya ng pagguhit, pagsagot sa *worksheet* at ang pagbuo ng *travel brochure*. Ang estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Visual Spatial* ay kinilala ng mga mag-aaral na mga estratehiya upang malinang ang kanilang pagiging malikhain.

Ang estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Kinesthetics* naman ay kinilala ng mga mag-aaral bilang mga gawaing may kinalaman sa paggalaw gaya ng mga pangkatang- gawain.

Ang estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Verbal Linguistic* ayon sa replektibong sagot ng mga mag-aaral ay anumang gawain sa klase na nangangailangan ng pagsasalita o mga oral na presentasyon. Gayundin ang pagbuo ng isang diyalogo bilang isang pasulat na awtput.

Ang estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Logical* ay kinilala ng mga mag-aaral bilang mga gawain na kinakailangan ng pagsusuri sa mga gawaing-papel lalo na ang anumang ginagamitan ng grapikong pantulong upang lagumin, suriin at iugnay sa ibang impormasyon ang isang akdang binasa.

Ang estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Interpersonal*, gaya ng pagkilala ng mga mag-aaral sa *Kinesthetic*, ay anumang gawain na pangkatan.

Ang estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Musical* ay kinilala ng mga mag-aaral bilang mga gawaing kasabay ng panonood ng isang pelikula dahil sa napakikinggang tunog, musika at usapan ng tauhan sa pelikula o docu-film.

Ang estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Intrapersonal* ay naranasan ng mga mag-aaral sa mga gawaing may kaugnayan sa solong pag-aaral ng liksyon at pagsagot sa mga dyornal sa *portfolio*.

Sa huli, ang estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Naturalistic* ay naranasan ng mag-aaral sa gawaing *travel brochure* kung saan tila namasyal sila sa lugar na ginawan ng proyektong panturismo sa tulong ng mga larawan ng magagandang tanawin.

Kapansin-pansin na hindi kinilala ng mga mag-aaral ang mg estratehiya sa pagtuturong batay sa *multiple intelligence* na *Existential*.

Upang masagot ang ikalawang layunin na masuri ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na nalinang sa mga aralin gamit ang estratehiya batay sa *multiple intelligences* ay isinagawa ang pagsusuri ng datos sa pamamagitan ng sekwensyal na pagsusuri sa iba't ibang bahagi ng *portfolio* ng mag-aaral. Ang mga bahagi ng *portfolio* na sinuri ay ang mga gawaing-papel na awtput ng mag-aaral, unang pahina ng *portfolio* na Ang Galing Ko Rito, ikalawang pahina ng *portfolio* na Nahirapan Ako Rito at ang huli ay ang replektibong tanong B na "*Nakatulong ba ang mga estratehiya ng guro batay sa multiple intelligences upang malinang ang iyong kasanayan sa mapanuring pag-iisip?*".

**Layunin 2: Masuri ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na nalinang sa mga aralin gamit ang estratehiya batay sa *multiple intelligences*.**

## 4.1. Pagsusuri ng Datos sa mga Gawaing-Papel sa Pamamagitan ng Pagsusuring Sekwensyal

Ang pagsusuri ay nakatuon lamang sa mga datos na mula sa kompilasyon sa *portfolio* na ginawa ng mga mag-aaral sa baitang pito. Sinuri ang mga gawaing-papel ng mag-aaral na nasa bahaging gawaing-papel na tinipon sa isang *portfolio* mula sa bahagi ng Palalimin at Paglilipat mula sa Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito. Gayundin ay sinuri ang nilalaman ng mga replektibong tanong mula sa *portfolio* na sinagot ng mga mag-aaral sa baitang pito. Sinuri ang nagawa ng estratehiya sa pagtuturo batay sa *multiple intelligences* sa paglinang ng ika-21 siglong kasanayan. Ito ay isinagawa sa pamamagitan ng pagsusuri sa inisa-isang sagot ng mag-aaral sa replektibong tanong sa mga gawaing-papel. Ang hakbang na ito ay maihahawig sa ginawang pag-aaral nina Facion at Sanchez (1995) kung saan napatunayan na ang pagtatanong ay mabisang paraan upang malinang ang mapanuring pag-iisip ng mag-aaral.

Sa ginawang sekwensyal na pagsusuri ay itinala ang obserbasyon sa bawat isang gawaing-papel ng mag-aaral na nakatuon sa aralin sa panitikan, uri ng gawain, estratehiya batay sa *multiple intelligences* at ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring na pag-iisip na target malinang sa bawat aralin.


**<u>Aralin 1:</u> Kuwentong-bayan, Ang Munting Ibon**

**<u>Gawain 1</u>: Grapikong Pantulong**

***<u>Multiple Intelligences</u>*: Logical, Visual Spatial, Verbal Linguistic, Intrapersonal, Existential**

**<u>Mapanuring Pag-iisip</u>: Nakapaghihinuha ng Binasa, Naiuugnay ang Isang Impormasyon sa Binasa, Natatataya ang Binasa**

**Larawan 1: Grapikong Pantulong, Kuwentong-Bayan**




Ang unang aralin sa Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito ay ang pagtalakay sa kuwentong-bayan na *Ang Munting Ibon.* Upang maipakita ang pagpapalalim sa paksang ito at matiyak na ang natutuhan ng mag-aaral tungkol sa elemento ng kuwentong-bayan ay magamit sa pag-unawa ng isa pang *genre* na may temang kahawig nito ay isinagawa ang pagpapanood sa isina-*video* na kuwentong-bayan na ang pamagat ay *Bakit Mataas ang Langit*? Matapos mapanood ang *video* ay

pinunuan ng mag-aaral ang grapikong pantulong upang mailahad ng mag-aaral ang natuklasang tradisyon at kultura na pinatunayan ng ilang pangyayari mula sa pinanood na *video*. Ang gawaing nabanggit ay idinisenyo ayon sa kompetensi na itinakda ng *K to 12* na kurikulum na nasusuri gamit ang grapikong pantulong ang ugnayan ng tradisyon at akdang pampanitikan batay sa napanood na kuwentong-bayan at ang kompetensi *ng K to 12* na kurikulum na naiuugnay ang mga pangyayari sa binasa sa mga kaganapan sa iba pang lugar sa bansa. Inihanay din sa ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na naiuugnay ang isang impormasyon sa binasa, natataya ang binasa at nakapaghihinuha sa binasa ang gawaing ito.

Ang gawain kung saan pinabuo ng grapikong pantulong ang mga mag-aaral ay isang estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Logical* dahil sa kakayahan nitong maiayos ang mga detalye ng binasa sa paraang sistematiko at lohikal, *Visual Spatial* dahil sa pagsasaayos ng impormasyon sa paraang biswal sa tulong ng tsart, at *Verbal Linguistic* dahil sa kakayahan ng mag-aaral na magamit ang wika upang maipahayag ang kaniyang damdamin sa mga replektibong tanong sa gawaing-papel (Zobisch, 2015).

**Nakapaghihinuha ng binasa**

Mula sa unang gawain na pagbuo ng grapikong pantulong kaugnay ng kompetensi ng *K to 12* na kurikulum na nasusuri gamit ang grapikong pantulong ang ugnayan ng tradisyon at akdang pampanitikan batay sa napanood na kuwentong-bayan ay natuklasan na kayang mahinuha ng mga mag-aaral ang ilang tradisyon at kultura na lumutang sa kuwentong-bayan mula sa ilang pangyayari sa pinanood na *video*. Lumutang ang mga

tradisyon gaya ng paggamit ng duyan ng sanggol, pagbabayo ng palay, pagsasaka bilang paraan ng pamumuhay ng mga tao, paghahanda ng mga kababaihan sa mga pangangailangan sa bahay habang ang lalake ang nagtatrabaho sa malayong siyudad, pamumuhay nang simpleng ng mga tao, pagtira ng tao sa kabundukan, pagkakaroon ng mahirap na pamumuhay dahil sa pagtira ng mga tao sa lalawigan nakatira, paniniwala sa Diyos at paniniwala sa paganismo o bathala. Ang mga tradisyon at kulturang inisa-isa ng mga mag-aaral ay napatunayan dahil sa pagbabanggit ng mga mag-aaral ng ilang pangyayari sa kuwentong-bayan na napanood.

Ang nabanggit na paghihinuha ng ilang mag-aaral ay taliwas sa ginawa ng iba sapagkat napaniwala sila ng kuwentong-bayan na maaaaring magsabit ng gamit sa ulap sapagkat itinala ito ng ilang mag-aaral bilang isa sa mga tradisyon ng mga tao sa lugar na pinagmulan ng kuwentong-bayan.

Sa kabilang banda, nakita rin naman ng ilang mag-aaral sa pagsagot sa tanong na *May pahayag ba mula sa napanood na isa iyong palagay ay paghihinuha lamang*?, na ang pagsasabit sa ulap ay hindi makatotohanan. Ang dalawang konseptong ito ay nagpapakita ng di konsistensi sa pagsusuri ng ilang mag-aaral sa akdang napanood.

Bagamat bahagyang di konsistent ang ginawang pagsusuri ng mag-aaral ay naobserbahan sa karamihan sa mga awtput ng mag-aaral na ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na nakapaghihinuha ng binasa ay tunay na nalinang ng estratehiya batay sa *multiple intelligences* na *Logical, Visual Spatial, Verbal Linguistic* tulad ng natuklasan nina Bonk at Smith (1998). Ang ilan sa mga patunay na nalinang ang

kasanayang ito ay nahinuha ng mga mag-aaral na ang hanap-buhay ng mga tao sa lugar na iyon ay pagsasaka dahil ang kuwentong-bayan na napanood ay nangyari sa bukirin at may isang tagpo kung saan ang ina ay nagbabayo ng bigas na kaniyang sasaingin.  Isa pa, nahinuha ng mag-aaral na ang mga ina ay madalas na maiwan sa bahay upang mag-alaga ng kaniyang anak samantalang ang ama ay umaalis upang magtrabaho sapagkat ang nanay sa kuwentong-bayan na napanood ay nagbabayo ng bigas habang pinatutulog ang sanggol sa duyan.  Ito rin ang naging dahilan kung paano nahinuha ng mga mag-aaral na ang mga sanggol sa sinaunang panahon ay pinatutulog sa duyan ng kanilang mga ina. Binanggit din na ang ama ng tahanan ay nagtatrabaho sa lungsod sapagkat sa kuwentong pinanood ay isinalaysay na nagtatrabaho ang nanay sa bahay habang ang ama ay nagtatrabaho sa malayong lugar. Nahinuha ng mga mag-aaral na ang malayong lugar na binanggit at ang lungsod ay pareho lamang.  Ang pagbibigay-konklusyon ng mga mag-aaral sa ilang pangyayaring binasa ay tumutugon sa katangian ng ika-21 siglong kasanayan na maanuring pag-iisip na nakapaghihinuha sa binasa (Greenstein, 2012).

Ang paglalahad ng paghihinuha ay naisakatuparan sa tulong ng estratehiya  batay sa *multiple intelligence* na *Verbal Linguistic* kung saan nagamit nila ang kanilang kakayahan sa pagbabahagi ng kaisipan sa paraang pasulat.  Gayundin ang estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Logical* kung saan maingat nilang naihanay sa isang grapikong pantulong ang nahinuhang tradisyon sa tiyak na pangyayari sa napanood na kuwentong-bayan at nakatulong din ang estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Visual Spatial* dahil naging madali ang pag-unawa sa akda sa tulong ng panonood.

Idagdag pa ang kakayahan ng mag-aaral na maiugnay ang kuwentong-bayan sa mga tunay na tradisyon at paniniwala ng lugar na pinagmulan nito ay sumusuporta sa natuklasan ni Gurses (2007) sa kaniyang pag-aaral na ang mag-aaral ay may kakayahan magsagawa ng integrasyon ng isang ideya sa iba pang kaalaman.

Ang ika-21 kasanayan sa mapanuring pag-iisip na nakapaghihinuha ng binasa ay nakita rin sa pamamagitan ng sagot ng mga mag-aaral sa tanong na "*Ano kaya ang sinapit ng sanggol matapos tumaas nang tumaas ang ulap dahil sa pagsigaw ng kaniyang ina?"* at sa tanong na "*Sa iyong palagay, ano ang dahilan kung bakit madalas masasalamin ang kultura sa panitikang ating binabasa o pinanonood?*" Nakita ang paghihinuha sa mga sagot ng mag-aaral kung saan gumamit ng mga pahayag sa paghihinuha ng mga pangyayari gaya ng siguro, sa aking palagay, sa tingin ko, at baka (Julian,A. et.al, 2014).

**Naiuugnay sa Isang Impormasyon ang Binasa**

Sa pamamagitan din ng gawaing ito ay nalinang ang kasanayan sa mapanuring pag-iisip na naiuugnay sa isang impormasyon ang binasa kung saan nabanggit ng isang mag-aaral na maaaring ang kuwentong-bayan ay pagpapakita ng tradisyon ng mga taga-Ifugao, Benguet dahil sa kuwento sinabing ang ulap ay mababa, kaya natukoy ng mag-aaral na nasa mataas na lugar sila at pagsasaka ang kabuhayan ng mga tao rito dahil naiugnay nito sa kaniyang dating nabasa tungkol sa Ifugao, Benguet na mayroong Hagdan-hagdang Palayan. Sa gawaing ito, bukod sa nalinang ang nabanggit na kasanayan sa mapanuring pag-iisip ay nalinang din ang kompetensi sa *K to 12* na kurikulum na

naiuugnay ang mga pangyayari sa binasa sa mga kaganapan sa iba pang lugar sa bansa. Patunay na kayang malinang nang sabay ang kompetensing itinakda ng kurikulum maging ang kasanayan sa mapanuring pag-iisip na kinikilala bilang ika-21 siglong kasanayan (Case, 2005).

Naging matagumpay ang estatehiya batay sa *multiple intelligence* na *Verbal Linguistic* sa paglinang ng ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na naiuugnay sa isang impormasyon ang binasa, kung saan malayang naiugnay ng mag-aaral ang kaniyang dating kaalaman sa probinsya ng Ifugao Benguet at ang kaniyang naobserbahang hanap-buhay ng mga tao sa kuwentong-bayan at naipakita ito sa paraang pasulat.

Ang estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Existential* ay tumulong sa mag-aaral upang maiugnay ang isang hanap-buhay na nakikita sa totoong buhay sa hanap-buhay ng tauhan sa pinanood na kuwentong-bayan. Ito ay patunay na ang estratehiyang ito ay nakatulong sa mag-aaral na malinang ang kaniyang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na naiuugnay ang isang impormasyon sa binasa.

**Natataya ang Binasa**

Ang kasanayan sa mapanuring pag-iisip na natataya ang binasa ay nakita rin sa ilang mag-aaral sa pamamagitan ng pagsusuri sa tugon nila sa replektibong tanong kaugnay ng gawain na pagbuo ng grapikong pantulong. Ang unang katanungang sinuri kaugnay ng kasanayang ito ay ang "*Ano-ano ang mga suliraning iyong naobserbahan sa pagbuo ng grapikong pantulong?"* Naisa-isa ng mag-aaral ang suliranin na kanilang

naranasan gaya ng mahirap na pag-intindi sa malalalim na salita, hindi masyadong naintindihan ang pinanood, hindi makuha ang mga simpleng detalye, at nahirapang kilalanin ang kultura.  Ang kakayahan ng isang tao na makilala ang kaniyang kahinaan ay isa ring ebidensya na ang mapanuring pag-iisip ay nalinang ayon kay Hou (2007) sa kaniyang estratehiyang nabuo na IDEALS kung saan sinabi niyang sa I na nangangahulugang *Identify your problem* o pagtuklas ng isang mag-aaral sa kaniyang suliraning kinakaharap sa pag-unawa ay isang malakas na hakbang tungo sa pagpapaunlad ng kasanayan sa mapanuring pag-iisip.  Ito ay katulad din ng paglalarawan ni Greenstein (2012) sa kasanayan sa pagtataya kung saan ang mag-aaral ay may kakayahang magbigay ng paghahatol sa kaniyang sariling gawa. Karamihan sa solusyong ginawa ng mga mag-aaral ay ang panonood nang paulit-ulit hanggang sa maunawaan ito. Nakita rin ang kakayahan ng mga mag-aaral na mataya ang ilang pangyayari sa kuwentong-bayan sa pamamagitan ng mga sagot sa tanong na "*May mga pahayag ba mula sa napanood na sa iyong palagay ay paghihinuha lamang?  Magbanggit ng patunay at magpaliwanag.*"  Dito binanggit ng mga mag-aaral na natitiyak nila na ang paliwanag tungkol sa dahilan kung bakit mataas ang langit ay isang kathang-isip lamang. Ipinaliwanag na kaya nasabing mababa ang langit noong una sapagkat sila ay nakatira sa mataas na lugar gaya ng pag-uugnay ng isang mag-aaral sa kaniyang nabasa tungkol sa Hagdan-hagdang palayan sa Banaue na ito'y bulubundukin at ang pangunahing ikinabubuhay ay ang pagsasaka.  Naobserbahan din mula sa paliwanag ng mag-aaral tungkol sa kung paano nilikha ang kalawakan na isinalig sa isang pahayag sa bibliya.

Gayundin ay pinabulaanan ang isang pangyayari sa kuwentong-bayan kung saan binanggit na ang ulap noon dahil sa sobrang baba ay maaaring sabitan ng mga kung ano-anong bagay. Hindi ito sinang-ayunan ng mag-aaral sapagkat ang ulap ay hangin lang kaya di maaaring makapagsabit ng bagay dito. Ito ay sinuportahan din ng natutuhan ng mag-aaral sa asignaturang Agham kung saan ang langit ay isang kumpol lamang ng *vapor*. Ang ginawang ito ng mag-aaral ay malinaw na integrasyon ng kanilang dating nalalaman sa pahayag mula sa binasang akda (Gurses, 2007) .

Ang mga inisa-isang sagot ng mag-aaral ay nagpakita ng kanilang kakayahang magbigay ng paghahatol sa isang sitwasyon na kabilang sa isa sa katangian ng ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na nakapagtataya sa binasa kasabay ng kasanayang naiuugnay ang impormasyon sa binasang akda dahil sa pagbanggit ng mga ebidensyang ayon sa Agham at bibliya. Ang estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Verbal Linguistic* ay nakatulong upang ilahad ng mag-aaral ang kanilang paghatol sa binasang akda.


Ang pagtukoy ng mag-aaral sa mga hakbang kung paano mabibigyang-solusyon ang kanilang suliranin sa pagbuo ng grapikong pantulong ay patunay na nalinang ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip ng isang mag-aaral gaya ng natuklasan nina Lyutykh (2009) , Taylor at Patterson (2000).

Ang kakayahan ng mag-aaral na matukoy ang kultura at tradisyon ng isang lugar batay sa kilos at gawi ng mga tao sa paligid nito ay isang kakayahang dapat taglayin ninuman upang sa tunay na buhay ay magamit ito ng mag-aaral upang maging sensitibo

sa mga tao sa paligid. Ang pagiging sensitibo sa paniniwala at tradisyon ng ibang tao ay isang mahalagang katangiang dapat taglayin ng isang manggawa sa isang institusyon, ng isang mamamayan sa isang lipunan maging ng isang miyembro ng pamilya (Partnership for the 21st Century Skills, 2009).

**<u>Aralin 2</u>: Epiko, Indarapatra at Sulayman**
**<u>Gawain 1</u>: Cooperative Group (sanhi at bunga)**
***<u>Multiple Intelligence</u>*: Verbal Linguistic, Interpersonal at Visual Spatial**
**<u>Mapanuring Pag-iisip</u>: Nabibigyang Interpretasyon ang Binasa**

**Larawan 2: Cooperative Group, Epiko**



| PANGYAYARI | SANHI | BUNGA |
|---|---|---|
| 1. Ang malagim na pangyayari sa bayan ng Mindanaw. | Dahil dumating ang mga halimaw sa bayan ng Mindanaw | Kaya hindi naging mapayapa ang mga tao sa bayan ng Mindanaw |
| 2. Nagtungo si Sulayman sa Bundok matumtum. | Dahil hinaharap niya si Kurita. | Kaya namatay si Kurita. |
| 3. Namatay si Sulayman | Dahil nadaganan siya ng malaking na pakpak ni Pah. | Kaya hinanap ni Indarapatra si Sulayman. |
| 4. Nakipaglaban si Indarapatra sa bundok Kurayan. | Dahil gusto niya maghiganti para sa kanyang kapatid. | Kaya naging mapayapa ulit ang bayan ng Mindanaw. |

Ang ikalawang aralin ay pagtalakay sa Epikong Indarapatra at Sulayman. Sa araling ito isinagawa ang gawaing *cooperative group* na estratehiya sa pagtuturo na batay sa *multiple intelligences* na *Verbal Linguistic* dahil sa kakayahan nitong magamit ang wika upang matugunan ang layuning makapagbahagi sa kamag-aral ng natuklasang sanhi at bunga ng pangyayari, *Interpersonal* dahil natulungan ng estratehiyang ito na makilala ng mga mag-aaral ang opinyon ng kasama sa pangkat habang tinutuklas ang mga sanhi at bunga ng binasang epiko at *Visual Spatial* dahil nakatulong ang tsart sa *Cooperative Group* upang maisaayos ang ideyang napag-usapan sa pangkatang gawain.

Ang gawaing ito ay isinunod sa kompetensi ng *K to 12* na kurikulum na naipaliliwanag ang sanhi at bunga ng mga pangyayari at ginamitan ng estratehiya batay sa *multiple intelligences* na *Verbal Linguistic*, *Interpersonal* at *Visual Spatial* sa kasanayan sa mapanuring pag-iisip na nabibigyang interpretasyon ang binasa.

**Nabibigyang-Interpretasyon ang Binasa.**

Batay sa pagpupuno ng mga mag-aaral sa gawaing-papel kaugnay ng pagtukoy sa sanhi at bunga ng mga pangyayari sa epikong binasa ay naobserbahan ang ilang pagkakahawig ng kanilang mga pangangatwiran kaugnay ng pagsagot nila sa tanong na "*Ano-ano ang iyong mga batayan sa pag-iisa-isa ng mga sanhi at bunga sa gawaing papel na sinagutan*." Naobserbahan na karamihan sa mga mag-aaral ay ibinatay ang kanilang mga sagot sa pag-unawa sa akdang binasa, pagtukoy ng ilang saknong na nagpatunay ng kanilang sagot gaya ng saknong II na patunay sa sagot sa bilang 1, III, IV, IX para sa bilang 2, XVI, XV para sa bilang 3, XIV para sa bilang 4.

Nahahati sa limang pangkat ang naobserbahan sa mga sagot ng mag-aaral. Napansin sa unang pangkat ng mga gawaing-papel na iniwan lamang na walang detalye ang gawaing-papel kung kaya maaaring ipagpalagay na ang mangilan-ngilang mag-aaral na ito ay walang kakayahang tumukoy sa sanhi at bunga ng binasang akda. Ang ikalawang pangkat naman ay nakakitaan ng mga di angkop na pag-uugnay sa mga sanhi at bunga ng pangyayaring binanggit sa unang hanay ng tsart na sinagutan. Gaya halimbawa ng pagbanggit na "pinana ang tribu" gayong wala namang katulad na pangyayari sa epiko, binangggit din ang pakikipaglaban ni Indarapatra upang makakuha ng tubig ngunit hindi naman ipinaliwanag kung bakit nakipaglaban si Indarapatra at tuwirang pagsasabi na nagkaroon ng kapayapaan at katahimikan sa Mindanao na hindi nailalahad ang kadahilanan. Ang ikatlong obserbasyon naman ay inulit lamang ng ibang mag-aaral ang pangyayaring inilahad sa unang hanay ng tsart kung saan nakalahad ang mga pangyayari mula sa akda at pagkatapos ay isinulat muli sa bahagi ng sanhi at bunga nang walang anumang pagpapaliwanag. Ang ikaapat na grupo naman ng mga mag-aaral ay natukoy nang tama ang mga sanhi at bunga ng mga pangyayari ngunit hindi nailahad ang kumpletong detalye. Halimbawa, ang pagbabanggit ng mag-aaral na nagkaroon ng masayang wakas ang kuwento kahanay ng pangyayari na nakipaglaban si Indarapatra sa bundok Kurayan. Hindi naipaliwanag dito kung nagkaroon ng masayang pagwawakas dahil napalaya na ang mga mamamayan sa takot na hatid ng mga halimaw sa kanilang bayan. Isa pang halimbawa ay ang pagbibigay ng bunga sa pangyayaring namatay si Sulayman ay sinabi ng mag-aaral na binuhusan ng tubig ni Indarapatra si Sulayman

upang mabuhay muli ngunit hindi tinalakay ng mag-aaral na nagtungo si Indarapatra sa kabundukan upang ipaghiganti ang kamatayan ni Sulayman. Binanggit din sa bahagi ng bunga ng pangyayari na nakipaglaban si Indarapatra sa bundok Kurayan at maraming tao ang namatay ngunit hindi nilinaw ng mga mag-aaral kung namatay ba ang mga tao dahil sa pakikipaglaban ni Indarapatra o namatay ang tao dahil hindi agad nalaban ang halimaw na may pitong ulo. Sa pangyayari kung saan namantay si Sulayman, isinagot ng mag-aaral na nalungkot si Indarapatra ngunit di ipinaliwanag ang sumunod na hakbang na kaniyang ginawa. Napansin din sa mga sagot ng mag-aaral ang pagiging di tuwiran ng mga sagot gaya ng paggamit ng salitang halimaw at hindi ang tiyak na larawan o pangalan nito gayong pinangalanan naman sa epiko lahat ng halimaw dito. Sa pagkakataong ito, hindi lahat ng mga mag-aaral ay nagawang maunawaan ang akdang binasa at di nagawang mabigyang-interpretasyon ang mga kilos at pangyayari sa epiko. Maaaring ang estratehiya sa pagtuturo batay sa *multiple intelligence* na *Visual Spatial*, *Verbal Linguistic* at *Interpersonal* sa araling ito ay di lubos na nakalinang sa kasanayan sa mapanuring pag-iisip na nabibigyang-interpretasyon ang binasa ng mga mag-aaral.

Sa kabilang banda, magkasindami naman ang mga mag-aaral na nakakuha ng tamang sagot ngunit hindi napalawak ang paliwanag sa pag-uugnay sa mga sanhi at bunga ng mga pangyayari. Ang ilang patunay na natamo nang pahapyaw ang kompetensi ng *K to 12* na kurikulum sa pagtukoy ng sanhi at bunga ay ang kakayahan ng mga mag-aaral na magamit ang mga salitang hudyat ng sanhi at bunga gaya ng paulit-ulit na

paggamit ng *dahil* at *upang* para sa sanhi at *kaya* para sa bunga  na kinilala rin sa aklat na Makabagong Balarilang Filipino ni Santiago (1991).

Bagamat sinasabi ni Gurses (2007) na ang pakikisangkot ng mag-aaral sa pangkatang gawain na estratehiya batay sa multiple intelligence na *interpersonal* ay isang mabisang paraan upang malinang ang mapanuring pag-iisip ay hindi ito lubos na nagtagumpay sa bahaging ito ng gawain sa klase sapagkat hindi lahat ng mag-aaral ay matagumpay na nakapaghambing ng mga ideya gaya ng paglalarawan ni Greenstein (2012) sa kasanayang ito.

Ganunpaman, nakita pa rin sa pag-aaral na ito ang kahalagahan ng *Visual Spatial* sa pag-unawa at pagbibigay-interpretasyon ng mag-aaral sa isang paksang binabasa o pinanonood gaya ng natuklasan ni Libo-on (2010).  Gayundin ang estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Verbal Linguistic* dahil sa kakayahan nitong matulungan ang mag-aaral na gamitin ang mga hudyat sa pagbuo ng pahayag na sanhi at bunga gaya ng *dahil*, *upang* at *kaya* (Santiago, 1991).


**<u>Aralin 2</u>: Epiko, Indarapatra at Sulayman**

**<u>Gawain 2</u>: Panonood ng Pelikula**

***<u>Multiple Intelligence</u>*: Verbal Linguistic, Visual Spatial, Intrapersonal, Musical, Existential**

**<u>Mapannuring Pag-iisip</u>: Natataya ang binasa, Nasusuri ang Akdang Binasa**

**Larawan 3: Panonood ng Pelikula, Epiko**


GABAY NA TANONG:

1. Sino-sino ang mga tauhang napanood sa pelikulang Panday 2?

Ang mga tauhang tumatak sa Panday 2 ay sina Flavio, Arlana/Bagwis, Lizardo, at si Alulod.

2. Ilarawan ang mga tauhang iyong napanood? Anong katangian nila ang makapagsasabing sila ay isang Superhero?

Si Flavio ay isang magiting na handa makipaglaban na kahit sino man para sa kanyang bayan.
Si Arlana/Bagwis ay isang magandang babae na nagpapalit ng anyo bilang dragon.
Si Lizardo ay ang kalaban ni Flavio. Kung hindi dahil sakanya, di magkakaroon ng "intensity" ang pelikula.
Si Alulod ay ang nagbibigay kasiyahan sa pelikula dahil sa mga reaksyon niya sa bawat na

Ang ikalawang gawain kaugnay ng pagtalakay sa Epiko ay ang pagpapalalim nito sa pamamagitan ng panonood ng isang pelikulang may kahawig na tema sa binasang akda. Ang panonood ng pelikula at pagsusuri rito ay ginamitan ng estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Verbal Linguistic* dahil sa paglinang sa kakayahan ng mag-aaral na magamit ang wika upang maipahayag ang kaniyang *punto de vista* sa pinanood na pelikula, *Visual Spatial* dahil sa panonood ng pelikula ay napapagana ang imahinasyon ng mga mag-aaral at naipakikita sa pamamagitan ng larawan ang mahahalagang pangyayari rito, *Intrapersonal* at *Existential* sapagkat kinakailangang ilagay ng mag-aaral

ang kaniyang sarili sa sitwasyon nabasa o napanood upang mailahad ang possible niyang nagawa kung siya ay nasa parehong sitwasyon gaya ng mga tauhan sa akda at *Musical* dahil sa tulong ng mga tunog at musika ay higit na naramdaman ng mag-aaral ang pagkamakatotohanan ng ilang sitwasyon sa pinanood. Hawig ito sa natuklasan nina Tyler at Loventhal (2011) kung saan tinalakay nila sa kanilang pag-aaral ang nagawa ng *multiple intelligence* na *Visual Spatial* upang malinang ang kasanayan sa mapanuring pag-iisip sa pamamagitan ng pagtuklas ng isang bagay o kaalaman sa pamamagitan ng narinig o napanood at ang *Intrapersonal* kung saan ipinakikita ang kakayahan ng isang tao na makilala ang kaniyang sarili at sa pag-aaral ni Zobisch (2015) kung saan natuklasan niya ang kakayahang ng *multiple intelligence* na *Musical* na matulungan ang mag-aaral na maunawaan ang isang bagay na kaniyang naririnig.

Ang gawaing ito ay nakaangkla sa kompetensi ng *K to 12* na kurikulum na naipahahayag ang sariling pakahulugan sa kahalagahan ng mga tauhan sa napanood na pelikula na may temang katulad ng akdang tinalakay.  Ito ay may layuning malinang ang mga ika-21siglong kasanayan na mapanuring pag-iisip na nasusuri at natataya ang binasa.

**Nasusuri ang akdang binasa**

Sa gabay na tanong na "*Ilarawan ang mga tauhang iyong napanood at tukuyin ang katangiang makapagsasabing sila ay isang superhero gaya ng bayani sa epikong nabasa"* ay naisa-isa ng mga mag-aaral ang sumusunod na katangian: walang takot, buong-pusong ginampanan ang kaniyang tungkulin, may taglay na kapangyarihan, lumalaban sa kampon ng kadiliman, may katangiang taglay na di makikita sa isang

normal na tao gaya ng pagkakaroon ng kapangyarihan at kakayahang magpalit ng anyo, nagtatanggol ng inaapi, matapang, malakas at handang isugal ang buhay para iligtas ang iba. Ang ilan sa mga katangiang ito ay maihahalintulad sa katangian ng bayani sa isang epiko na inisa-isa ni Isagani Cruz at binanggit sa aklat ni Mendiola at Ramos (1994) gaya ng pagtataglay ng agimat o anting-anting ng pangunahing tauhan at pakikipaglaban ng pangunahing tauhan. Patunay lamang na kayang matukoy ng mga mag-aaral ang katangian ng tauhan sa epiko di lamang sa pamamagitan ng pagbabasa ng epiko kundi sa pamamagitan din ng panonood ng isang pelikulang may kahawig na tema ng epikong binasa. Ang panonood ng pelikula ay isang estratehiyang batay sa *multiple intelligences* na *Visual Spatial* at *Musical* na hawig sa natuklasan nina Zobisch (2015) at Tyler at Loventhal (2011).

Ang katangian ng ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na nasusuri ang binasa ay mapatutunayang nalinang sa pamamagitan ng paghihimay-himay ng mag-aaral sa impormasyong binasa (Greenstein, 2012). Ito ay makikita sa mga gawaing-papel ng mag-aaral sa tulong ng pagsusuri sa kanilang sagot sa replektibong tanong na "*Ano-anong mga ebidensya ang iyong maiisa-isa upang maipakita ang kahalagahan ng mga tauhan sa pinanood na pelikula?*". Sa pamamagitan ng replektibong tanong na ito ay napalitaw ang perspektiba ng mag-aaral kaugnay sa nakita nilang kahalagahan ng pagkakaroon ng bida at kontrabida sa pelikula sapagkat kung wala nito ay hindi magiging kagiliw-giliw ang panonood at isa pa ay walang kikilos at walang tatapos ng suliranin

kung walang ang mga tauhan. Ang gampaning ito ng tauhan ay di lamang mahalaga sa isang pelikula bagkus ay mahalaga rin sa iba't ibang genre na ating binabasa.

Ang estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Verbal Linguistic* ay nakatulong upang mailahad ng mag-aaral ang kanilang paghihimay-himay ng impormasyon sa binasang epiko at pelikulang may magkahawig na tema.

**Natataya ang binasa**

Upang makita ang kakayahan ng mag-aaral na makapagtaya ng binasa ay pinasagutan ang gabay na tanong na "*Kung ikaw si Indarapatra, hahayaan mo bang umalis ang iyong kapatid upang iligtas ang inyong bayang pinamumunuan gaya ng ilang pangyayari sa pelikula*?" Sa pagkakataong ito'y nasagot ng mga mag-aaral ang tanong tungkol sa desisyong kaniyang gagawin sakaling sila ay mapunta sa katayuan ni Indarapatra. Ang iba'y nagsabing hindi nila papayagang umalis ang kanilang kapatid upang makipaglaban sa malayong lugar sapagkat di dapat nag-iiwanan ang magkakapatid samantalang ang iba'y nagsabing maaaring payagan upang habang ang kapatid ay nakikipaglaban sa labas ng kaharian ay may magbabantay pa rin sa kanilang nasasakupan.

Ang paglalagay sa sarili sa katayuan ng tauhan sa kuwentong binasa ay pagpapakita ng kaniyang kakayahang mabigyan ng solusyon ang suliraning kinakaharap ng tauhan sa kuwento.

Ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na natataya ang isang sitwasyon sa binasa ay may malaking gampanin sa mapipiling propesyon sa hinaharap

lalo na sa panahong kakailanganin ng isang tao na gumawa ng desisyon para sa kaniyang nasasakupan maging sa kasamahan sa trabaho (National Council on Measurement in Education, 2012).

Ang tanong na "*Ano ang iyong maimumungkahi upang mapagbuti pa ang mga nilikhang Pinoy Superhero at lalo pa silang tangkilikin ng mga kabataang kagaya mo*?" ay ginamit upang mailarawan ang kakayahan ng mga mag-aaral na mataya ang binasa. Binanggit ng mga mag-aaral na kinakailangang i-*upgrade* ang mga pangyayari sa kuwento upang higit na maging kaakit-akit ang mga pinoy *superhero* na bersyon ng bayani ng epiko sa sinaunang panahon, idagdag pa na dapat ay maikuwento ito upang mapalaganap ang kagandahan nito, gawing moderno at gandahan ang kanilang itsura gamit ang makabagong teknolohiya upang magkaroon ng magandang *visual effects*, bigyan ng malakas na kapangyarihan, ibahagi sa *social network*, gawing napapanahon at iayon sa panlasa ng kabataan, gawing orihinal at gawing tatak Pinoy at ipanood sa telebiyon gaya ng Wansapanataym. Mula sa nabanggit ng mag-aaral na iba't ibang paraan upang mapagbuti ang mga nilikhang Pinoy Superhero sa ating bansa ay matutukoy natin ang halaga ng *Visual Spatial* na talino kung saan iminungkahi nilang higit nilang tatangkilikin ang mga Pinoy *superhero* na may magandang *visual effects*, makabago, orihinal at napapanood sa telebisyon. Samantalang makikita rin ang kahalagahan ng *Verbal Linguistic* na talino sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng *superhero* sa paraang pasalita. Gayundin sa paggamit ng *social media* bilang isang

midyum upang mahikayat ang mga kabataan na tangkilikin ang Pinoy *superhero* ay may malaking ginampanan ang talinong *Interpersonal*.

Kitang-kita ang ginampanang papel ng estratehiya batay sa *multipl intelligence* na *Existential* sa pagbibigay-mungkahi ng mag-aaral na iayon sa panlasa ng kabataan sa kasalukuyan ang paglikha ng isang bayani sa epiko. Dito pilit na inilalapit ng mag-aaral ang mga epiko sa kung ano ang makahihikayat sa mga kabataan sa kasalukuyan upang higit itong tangkilikin ng nakararami. Ang ginawang pag-uugnay sa kasalukuyan ng estratehiyang ito ay nagpakita ng nalinang na ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na natataya ang isang impormasyong nabasa. Sapagkat nabigyang-hatol ng mag-aaral ang mga epikong Pilipino at kung bakit hindi ito halos kilala at iniidolo ng mga kabataan sa kasalukuyan.

Makikita rin sa gawaing ito ang kakayahan ng mag-aaral na maglapat at gumamit ng makabagong impormasyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng mungkahi kung paano malilinang ang larawan ng mga tauhan o bayani sa epiko ay manipestasyon na ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip ay nalinang sa mag-aaral gaya ng natuklasan nina Scriven at Paul (2003).

Ang kakayahan ng isang mag-aaral na matukoy ang suliranin sa isang binasa at ang kakayahan nilang makapaghatol kung ano ang kakulangan ng impormasyong binasa ay isang senyales na nalilinang na ang kaniyang kasanayan sa mapanuring pag-iisip (Hou, 2007; Greenstein, 2012 ).


**<u>Aralin 2</u>: Epiko: Indarapatra at Sulayman**

**<u>Gawain 3</u>: Komik Istrip**

***<u>Multiple Intelligences</u>*: Visual Spatial, Verbal Linguistic**

**<u>Mapanuring Pag-iisip</u>: Nabibigyang-interpretasyon ang Impormasyong Binasa**

**Larawan 4: Komik Istrip, Epiko**




Ang ikatlong gawain sa aralin dalawa ay ang pagbuo ng komik istrip. Ang layunin ng gawaing ito ay magabayan ang mag-aaral na makabuo komik istrip na nagpapakita ng kakaibang katangian ng pangunahing tauhan. Ang gawaing ito ay ayon sa estratehiya batay sa *multiple intelligences* na *Visual Spatial* dahil sa kakayahan ng gawaing ito na isalin ng mag-aaral sa larawan ang imaheng nagbuo sa kaniyang diwa (Zobisch, 2015) habang pinaplano ang bubuoing epiko at *Verbal Lingustic* dahil sa kakayahan ng gawaing ito na tulungan ang mag-aaral na ilahad nang pasalita ang kaniyang sariling bersiyon ng epiko sa pamamagitan ng pagsulat ng mga diyalogo ng tauhang kanilang nilikha.

Ang gawaing ito ay nakabatay sa kompetensi ng *K to 12* na kurikulum na naisusulat ang komik istrip na nagpapakita ng kakaibang katangian ng pangunahing

tauhan sa epiko. Layunin din ng gawaing ito na makitang nalinang sa mag-aaral ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na nabibigyang-interpretasyon ang impormasyong binasa.

**Nabibigyang-Interpretasyon ang Impormasyong Binasa**

Ang nabuong komik istrip ng mga mag-aaral ay mapapangkat sa tatlong pagkakahawig. Ang unang pangkat ng komiks na nabuo ng mga mag-aaral ay hindi nakamit ang layunin ng gawain na makabuo ng sariling bersyon ng epiko at sa halip ay bumuo ng isang kuwentong walang anumang bahid ng kabayanihan, natatanging kapangyarihan at pakikidigma na mga katangian ng isang tunay na epiko. Gumawa sila ng komiks tungkol sa pagnanakaw, diwata, suliranin sa paaralan, buhay ng isang pamilya, kalagayan sa ospital, pangigisda at buhay sa siyudad.

Ang ikalawang pangkat ng komik istrip ay hindi naman humiwalay sa konsepto ng nabasang epiko na Indarapatra at Sulayman. Hindi nabago ang pangalan ng tauhan, tagpuan, maging ang orihinal na kalaban ng mga tauhang sina Indarapatra at Sulayman ay parehong ginamit ng mga mag-aaral sa nabuong komiks. Ang pinagkaiba lamang, isinalaysay nila ito sa paraang tuluyan kung paano nila ito naunawaan. Hindi man nakalikha ng bagong epiko ang mag-aaral bilang interpretasyon sa katangian ng epikong natutuhan sa talakayan, ang pagsasalin ng mga mag-aaral mula sa patulang anyo ng epiko patungo sa anyong tuluyan maging ang paglikha ng sariling anyo ng mga pangunahing tauhan at mga kalaban ay pagpapakita na rin ng kakayahang makapagbigay-

intepretasyon sa binasang impormasyon at ito ay naisakatuparan dahil sa estratehiya batay sa *multiple intelligences* na *Verbal Linguistic* at *Visual Spatial*.

Ang ikatlong pangkat naman ay komiks na adaptasyon ng kuwentong Indarapatra at Sulayman. Sa adaptasyong ginawa ng mga mag-aaral ay nakabuo sila ng isang bagong kuwento mula sa nabasang epiko at mula sa natutuhang katangiang dapat taglayin ng isang epiko. Ang pagbuo ng isang adpatasyon ng isang kuwento ay patunay na kayang bigyan ng sariling interpretasyon ng mag-aaral ang isang nabasa.

Bagamat hindi nakamit ang tunay na layunin na makalikha ng sariling gawang epiko sa isang komiks ay nakita pa rin ang kakayahan ng mag-aaral na makapagbigay ng interpretasyon sa binasa sa pamamagitan ng paglalahad sa paraang pasalaysay ng isang epikong na anyong patula at ang paggawa ng adaptasyon sa isang orihinal na akdang binasa. Ang kakayahang makagawa ng isang adaptasyon ng binasa ay isa ring kasanayan sa mapanuring na pag-iisip tulad ng natuklasan ni Greenstein (2012). Ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip ay nakamit ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng adaptasyon o pag-iiba sa pangyayari sa nabasang epiko, paglalagay ng kaparehong katangian ng epiko sa sariling likhang komiks, paggamit ng imahinasyon, pagpapalit-anyo sa mga kalaban ng pangunahing tauhan sa epikong binasa, pagsasama-sama ng detalye kaugnay ng katangian ng isang epiko, pag-iisa-isa ng mga pangyayari at pagpapalutang sa kakaibang katangain ng pangunahing tauhan.

Ang paggamit ng komik istrip na batay sa estratehiya ng *multiple intelligences* na *Visual Spatial* at *Verbal Linguistic* ay may malaking ginampanan sapagkat natulungan

nito ang mga mag-aaral na makapagsalaysay ng panibagong pangyayari sa binuong komiks (*Verbal Linguistic*) at nagabayan sila na maiguhit ang larawang nabuo sa kanilang imahinasyon sa nabuong komiks (*Visual Spatial*). Ang makabuo ng isang bagong kuwento mula sa isang orihinal na akda ay halimbawa rin ng estratehiyang pagmomodelo na napatunayan na rin na nakalilinang ng kasanayan sa mapanuring pag-iisip gaya ng natuklasan ni Lai (2011).


**Aralin 3: Maikling Kuwento, Pagislam**

**Gawain 1: Venn Diagram ng Binasang Kuwento at ang Dokyumentaryong Palabas**

***Multiple Intelligences*: Verbal Linguistic, Visual Spatial, Logical, Musical, Existential**

**Mapanuring Pag-iisip: Natataya ang binasa, Naiiugnay sa isang impormasyon ang binasa at Nakapaghihinuha sa binasa**

**Larawan 5: Venn Diagram, Maikling Kuwento**



Ang ikatlong aralin na Pagislam ay ginamitan ng gawaing pagbuo ng Venn Diagram na maghahambing sa kuwentong nabasa at sa impormasyon mula sa napanood na dokyumentaryong palabas. Ito ay ayon sa estratehiyang batay sa *multiple intelligences* na *Verbal Linguistic* dahil sa kakayahan ng gawain na magabayan ang mga mag-aaral na magamit ang mga wika upang mailahad ang saloobin at nalalaman kaugnay ng mga replektibong tanong tungkol sa tinalakay, *Visual Spatial* dahil sa kakayahan ng gawaing ito na matulungan ang mag-aaral na maiayos ang ideyang nakalap sa tulong ng isang tsart na *venn diagram* at sa tulong ng dokyumentaryong palabas na nagpakita sa mga mag-aaral ng imaheng inilalarawan sa kuwentong binasa, *Logical* dahil sa kakayahan ng gawain na magabayan ang mga mag-aaral sa pag-aayos ng detalyeng napanood at nabasa sa paraang lohikal at *Musical* dahil sa kakayahan ng dokyumentaryong palabas na maging higit na kapani-paniwala ang senaryo ng pagbibinyag ng Muslim sa tulong ng mga musika at tunog na ginamit dito maging ang awiting Muslim na ginagamit sa pagbibinyag. Ang paggamit ng grapikong pantulong gaya ng *venn diagram* ay kinilala nina Bonk at Smith (1998) na isang hakbang upang malinang ang mapanuring pag-iisip ng isang mag-aaral.

Ang pag-uugnay sa kuwentong binasa gamit ang dokyumentaryong palabas ay nakaayon sa kompetensi ng *K to 12* na kurikulum na nasusuri ang isang docu-film kung saan layunin din ng gawaing ito na malinang ang ika-21 siglong kasanayang mapanuring pag-iisip na natataya ang binasa, naiuugnay sa isang impormasyon ang binasa at

nakapahihinuha sa binasa. Ginamit ang mga impormasyong inilahad ng mag-aaral sa *venn diagram* at replektibong tanong sa gawaing-papel upang maobserbahan ang nalinang na kasanayan sa mapanuring na pag-iisip.

Bilang resulta ay naobserbahan na ang sinagutang *venn diagram* ng mga mag-aaral ay nagpakita ng kanilang kakayahang maghambing ng mga datos na nabasa at narinig. Halimbawa, binanggit ng mga mag-aaral na ang kanilang napanood na dokyumentaryong palabas ay hindi naglahad ng kumpletong detalye sa paraan ng pagbibinyag ng Muslim kumpara sa inisa-isang hakbang sa pagbibinyag na nasa aklat na kanilang nabasa. Idagdag pa ang napansin ng mag-aaral na pagkakapareho ng tema ng pinanood at binasa, ito ay parehong tungkol sa Pagislam o ang pagbibinyag ng Muslim.

**Natataya ang Binasa**

Upang makita ang kakayahan ng mag-aaral na magamit ang kasanayan sa mapanuring pag-iisip na natataya ang binasa ay pinasagutan ang tanong na "*Anong pangyayari sa pagbibinyag ng Muslim mula sa iyong napanood ang iyong pinaniniwalaan?"*. Inilahad ng mga mag-aaral ang pangyayaring kanilang pinaniniwalaan bagama't may iba't iba silang pananaw kaugnay dito gaya ng paniniwala sa pagbulong ng Imam sa bata na magpapakilala sa bata sa kanilang Diyos na sinsamba, pagtuli sa kalalakihan dahil naniniwala ang mga mag-aaral na ito ay ginagawa ng kahit na sino Muslim man o hindi, at ang pagbibinyag sa bata bilang isang tradisyon sa anumang relihiyong kinabibilangan. Pinakikita lamang na kaya nang salain ng isang mag-aaral ang

impormasyong kaniyang nabasa sa pamamagitan ng paglalahad ng mga detalyeng nabanggit. Higit nilang nagawa ito nang mahusay kung ikukumpara sa kanilang ginawang pagtataya sa ilang pangyayari sa pinanood na kuwentong-bayan sa unang araw ng talakayan kung saan ipinataya rin ang mga pangyayari kung katanggap-tanggap o hindi. Mababalikan na sa unang gawain ay nagkamali ang ilang mag-aaral sa paniniwalang bahagi ng lumang tradisyon ang pagsasabit ng mga bagay sa ulap gayong ito'y di makatotohanan kung iuugnay sa turo ng Agham.

Ang isa pang tanong na sinagot ng mga mag-aaral na magpapalutang ng kakayahan na mataya ang binasa ay "*Alin mula sa iyong napanood o nabasa ang pahayag na paghihinuha lamang*?". Dito ay tinukoy ng mga mag-aaral ang bahagi ng seremonyang Peggunting kung saan pinaniniwalaan umano ng mga Muslim na ang isang batang binibinyagan ay ginugupitan ng buhok pagkatapos ay ilulubog ang buhok na ito sa tubig, kung ang buhok ay lumubog mamalasin ang bata sa kaniyang paglaki at kung ito'y lumutang ay susuwertehin naman siya. Pinatibay ng mag-aaral ang kanilang paninindigan na ito'y isang paghihinuha lamang sapagkat inilahad nila ang kanilang paniniwala na ang kapalaran ng tao ay nakasalalay sa kanilang pagsusumikap at paggawa at hindi sa paglubog at paglutang ng buhok sa tubig.

Ang estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Verbal Linguistic* sa pagsagot ng mga replektibong tanong ay nagpalabas sa kakayahan ng mag-aaral na mataya ang kapani-paniwalang pangyayari sa pinanood na dokyufilm. Gayundin ang estratehiya batay sa *multiple intelligences* na *Visual Spatial* na panonood ng docu-film ay

nakapagpalutang ng kakayahan ng mag-aaral na mataya ang pagkamakatotohanan ng impormasyong kanilang naobserbahan sa mga pangyayari sa palabas.

Isama pa ang estratehiya batay *sa multiple intelligence* na *Existential* sa pagsagot ng replektibong tanong sa pagtukoy ng pahayag na paghihinuha sa pinanood ay nakatulong upang patatagin ng mag-aaral ang kaniyang inilahad na paniniwala tungkol sa responsibilidad ng tao sa kaniyang sariling kapalaran. Ang mga ito ang nagpatunay na nalinang ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na natataya ang binasa dahil sa kakayahan nito na makapaghatol sa isang sitwasyon sa binasang akda.

**Naiuugnay sa Isang Impormasyon ang Binasa**

Ang pagtataglay ng kasanayang maiugnay sa isang impormasyon ang binasa ng mag-aaral ay tinuklas sa pamamagitan ng sagot sa tanong na "*Ano sa iyong nasaliksik tungkol sa pagbibinyag ang hindi mo napanood sa dokyumentrayong palabas*?". Ang tanong na ito ay sumukat sa kakayahan ng mag-aaral na hanapin ang impormasyong nasaliksik o nabasa at kilalanin ang kawastuhan ng isang dokyumentaryong palabas na pinanood. Karamihan sa mga mag-aaral ay napansin na hindi nabanggit sa pinanood na dokyumentaryong palabas ang *bang*, ang pagkakaroon ng isang piging na nabanggit sa binasang akda, ang tatlong hakbang sa pagbibinyag ng Muslim, ang pagbulong ng Imam sa sanggol na isang mahalagang bahagi ng pagbibinyag ng Muslim at ang selebrasyon kung saan nagkakatay ng Kambing bilang pasasalamat. Kung napansin lahat ito ng mag-aaral nangangahulugang hindi lamang sila nagbabasa at nanood kundi pinag-uugnay rin nila ang impormasyong nabasa sa kanilang nasasaksihang palabas. Malaki ang naitulong

ng replektibong tanong upang maipalabas ang mga obserbasyong ito ng mga estudyante. At ang replektibong tanong ay isang estratehiyang batay sa *multiple intelligence* na *Verbal Linguistic*.

**Nakapaghihinuha ng binasa**

Makikita rin ang kakayahang makapaghinuha ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paglalahad ng impormasyon sa tanong na "*Anong pag-uugaling Muslim ang iyong masasalamin sa kanilang gawi ng pagibinya*g?". Dito isa-isang tinukoy ng mga mag-aaral ang matapat na paniniwala ng mga Muslim kay Allah, pagpapahalaga at pagsunod nila sa turo ng relihiyon at pagpapahalaga at pagrespeto sa kanilang tradisyon at kultura.

Ang mga ito ay nahinuha lamang ng mga mag-aaral sa gawi at kilos ng mga tauhan sa kanilang binasang kuwento tungkol sa pagbibinyag sa Muslim. Nakatulong din ang *venn dayagram* na grapikong pantulong na isang estratehiya batay sa *multiple intelligences* na *Visual Spatial* at *Logical* upang mapag-ugnay at mapaghambing ang napanood at ang nabasa tulad ng natuklasan nina Bonk at Smith (1998).

Ayon sa Partnership for the 21$^{st}$ Century Skills (2009), sa tunay na buhay ay mahalaga na ang isang tao ay marunong sumala ng impormasyong kaniyang napapanood, o nababasa. Upang hindi sa lahat ng pagkakataon ay sasang-ayon na lamang siya sa kaniyang nakikita, nababasa o naririnig sa paligid.

**<u>Pamantayagang Pagganap</u>: Pagbuo ng Proyektong Panturismo**

***<u>Multiple Intelligences</u>*: Interpersonal, Verbal Linguistic, Visual Spatial**

**<u>Mapanuring Pag-iisip</u>: Natataya ang Binasa, Naiuugnay sa Isang Impormasyon ang Akdang Binasa, Nakapaghihinuha, Nabibigyang-Interpretasyon ang Binasa.**

**Larawan 6: Pamantayang Pagganap**




Ang pamantayang pagganap ng mga mag-aaral ay ang pagbuo ng proyektong panturismo na isang *travel brochure*. Ang gawaing ito ay nakabatay sa estratehiya batay sa *multiple intelligences* na *Interpersonal* dahil sa kakayahan ng gawaing ito na mabigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na ibahagi sa kapangkat ang kanilang pagsusuri sa ginawang *travel brochure* ng kanilang kamag-aral, *Verbal Linguistic* dahil sa kakayahan ng gawaing ito na matulungan ang mga mag-aaral na magamit ang wika upang mabigyang-puna ang proyektong panturismo na ginawa ng kamag-aral at *Visual Spatial* dahil sa kakayahan ng mag-aaral na bumuo ng isang proyektong panturismo na biswal

upang mahikayat ang mga turista na magtungo sa isang magandang lugar sa isang probinsya.

Nakabatay rin ang gawaing ito sa kompetensi ng *K to 12* na kurikulum na nabubuo ang isang makatotohanang proyektong panturismo at nasusuri ang ginamit na datos sa pananaliksik sa isang proyektong panturismo. Layon din ng gawaing ito na malinang ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip ng mga mag-aaral gaya ng natataya ang binasa, naiuugnay sa isang impormasyon ang akdang binasa, nakapaghihinuha sa binasa at nabibigyang-interpretasyon ang binasa.

Ang binuong *travel brochure* ng mga mag-aaral ay hindi isang makatotohanang *brochure* sapagkat ito ay ginawa ng mga mag-aaral gamit ang isang buong *cartolina* at dito nila nilapat ang *layout* ng kanilang idinisenyong *travel brochure*. Bagamat hindi ito makatotohanan gaya ng mga *travel brochure* na nakaimprenta sa isang espeyal na papel na kadalasang kasinglaki ng isang *short bond paper* ay makikita naman ang pagkakahawig nito sa isang totoong *travel brochure* sa pamamagitan ng pagtataglay nito ng mga bahagi gaya ng *logo* ng probinsya, impormasyon tungkol dito gaya ng kilalang pagkain, pasyalan, kasaysayan maging taong kilala na nagmula sa kanilang lugar at higit sa lahat ay ang mga larawan ng mga natatanging pasyalan sa kanilang probinsya.

**Natataya ang Binasa**

Upang makita nang lubos kung nalinang ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na mataya ang binasa ay sinuri ang sagot ng mga mag-aaral sa tanong sa gawaing papel na "*Nagandahan ka ba sa gawa ng iyong kamag-aral*?".

Kapansin-pansin na ang mga mag-aaral ay may sariling pamantayan sa ginawang awtput ng kamag-aral kung ito'y maganda o hindi. Karamihan sa pamantayan ng mag-aaral sa magandang *travel brochure* ay pagtataglay nito ng kaiga-igayang dekorasyon. Ito ay sumusuporta sa kahalagahan ng estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Visual Spatial* upang maakit ang mga mag-aaral sa tulong ng makukulay at malikhaing gawaing kanilang mabubuo o makikita.

Ang ikalawang tanong na tumulong upang matiyak na nalinang ang ika-21 siglong kasanayan ng mag-aaral na natataya ang binasa ay, "*Ano-anong impormasyon mula sa brochure ng kamag-aral ang nagpapakita lamang ng paghihinuha*?". Naging batayan ng mga mag-aaral dito ang paglalagay at di paglalagay ng sanggunian ng pangkat na gumawa ng isang *travel brochure*. Sa gawaing ito nakita ng mga mag-aaral sa baitang pito ang kahalagahan ng pananaliksik sa isang mapagkakatiwalaang sanggunian bago maniwala sa sinasabi ng isang babasahing kagaya ng *travel brochure* na kanilang sinuri.

**Naiuugnay sa Isang Impormasyon ang Binasa**

Sinagot ng mag-aaral ang tanong na "*Alin sa iyong nasaliksik kaugnay ng iba't ibang probinsya sa Mindanao ang hindi naisama ng kamag-aral sa brochure na kaniyang ginawa*?", upang magabayan sa obserbasyon kung natamo ang kasanayan sa mapanuring pag-iisip na naiuugnay sa isang impormasyon ang binasa. Napansin ng ilang mag-aaral ang di paglalagay ng sikat na pagkain at kilalang personalidad sa probinsyang ginawan ng isang *travel brochure*. Inilagay nga ang mga larawan ng natatanging

pasayalan ngunit napansin ng mga mag-aaral na hindi inilagay ang tiyak na impormasyon tungkol dito gaya ng kung paano ito mapupuntahan ng isang turista. Nakita ang kahalagahan ng estratehiyang batay sa *multiple intelligence* na *Verbal Linguistic* sa pagbibigay ng mga tiyak na impormasyon tungkol sa isang lugar na iminumungkahing puntahan. Gayundin ang pag-uugnay ng mag-aaral sa nabuong *travel brochure* sa eksistens ng makatotohanang impormasyon tungkol sa probinsyang inilarawan ay naisakatuparan dahil sa estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Existential*.

**Nakapaghihinuha ng Binasa**

Sa tanong na "*Sa iyong palagay, makatutulong ba sa turismo ang klase ng brochure na ginawa ng iyong kamag-aral*? Patunayan." Nakita na ginamit ng mag-aaral ang mga salitang *maaari* at *siguro* sa paglalahad ng kanilang hinuha na inisa-isa ni Julian (2014) sa kaniyang aklat. Para sa ilan, kung ang *brochure* na ginawa ay may magandang disenyo at kumpleto ang detalye ay tiyak na makapagsusulong ito ng turismo sa bansa.

Nakatulong ang estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Verbal Linguistic* sa paglalahad ng hinuha kung ang nabuong *travel brochure* ay nakatulong sa turismo ng probinsya sa paglinang ng ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na nakapaghihinuha ng binasa.

Ang estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Interpersonal* ay nakatulong naman upang malinang ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip ng mag-aaral sapagkat gaya ng paniniwala ni Bailin (1999), nalilinang ang kasanayang nabanggit sa pamamagitan ng mga pangkatang gawain dahil isinasaalang-alang ng mag-aaral ang

nararamdaman o opinyon ng iba sa proseso ng pagbuo ng travel brochure maging sa proseso ng pagsusuri ng isang grupo ng mag-aaral sa ginawang *travel brochure* ng iba..

**Nabibigyang-Interpretasyon ang Binasa**

Upang makita ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na nabibigyang-interpretasyon ang binasa ay sinagot ng mga mag-aaral ang tanong sa gawaing papel na "*Ipaliwanag kung ano ang mensaheng nais iparating ng ginawang travel brochure ng kamag-aral batay sa iyong interpretasyon at pagkakaunawa*.". Karamihan sa mga mag-aaral ay nakita ang tunay na layunin ng *travel brochure,* ang mahikayat ang mga tao na pumasyal sa isang lugar na iniindorso nito. Patunay lamang na may kakayahan ang mga mag-aaral na bigyang-interpretasyon ang mga nababasa. Malaki ang naitulong ng estratehiyang batay sa *multiple intelligence* na *Visual Spatial* sa paglalagay ng mga larawan ng natatanging pasyalan at ang *Verbal Linguistic* sa pagbabahagi ng impormasyon sa binuong *travel brochure* upang matulungan ang mga mag-aaral na mabigyang-interpretasyon ang nabuong proyektong panturismo.

Ang pagbuo ng isang proyektong panturismo ay paglalapit sa mag-aaral sa isang gampaning maaari nilang gawin sa tunay na buhay, ang magtrabaho sa isang *advertising company* o Kagawaran ng Turismo, upang maipalaganap ang ganda at halina ng isang pook sa Pilipinas. At ang kakayahan nilang masuri kung aling proyektong panturismo ang nagtataglay ng tamang impormasyon ay mahalagang kasanayan na dapat taglayin ng isang taong nais magtrabaho sa Kagawaran ng Turismo. Ang kakayahang masuri at

mataya ng impormasyon ay isang mahalagang kasanayan sa mapanuring na pag-iisip ayon sa Partnership for the 21st Century Skills (2009).


### 4.2. Pagsusuri sa Replektibong Tanong sa Una at Ikalawang bahagi ng *Portfolio*

Hindi lamang gawaing-papel at ang mga repleksyon ng mga mag-aaral sa bawat gawain ang naging batayan ng mananaliksik upang matukoy kung nalinang ng estratehiyang batay sa *multiple intelligences* ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip ng mga mag-aaral sa baitang pito. Ginamit din ng mananaliksik ang repleksyon ng mga mag-aaral sa *portfolio* upang matiyak kung ang karanasan ng mag-aaral sa mga nakalipas na gawain sa klase ay tulad ng mga obserbasyon ng mananaliksik sa inisa-isang gawaing-papel. Ang *portfolio* ay nagtataglay ng mga replektibong tanong na sinagutan ng mag-aaral sa nakalipas na isang buwang talakayan sa Panitikan sa Filipino baitang pito.

Ang mga bahaging Nahirapan Ako… at Ang Galing ko Rito ay may layuning magpalutang sa ika-21 siglong kasanayan na mapanuring pag-iisip na nakapagtataya sapagkat nagawa ng mag-aaral na makapahatol sa kaniyang sariling perpormans sa klase. Ang gawain din na ito ay estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Verbal Linguistic*, *Intrapersonal* at *Existential*.

Kapansin-pansin na hati ang opinyon ng mga mag-aaral sa paksa o gawain kung saan sila nahirapan at nadalian. Ang isang halimbawa ng gawain kung saan nadalian ang mag-aaral ay makikita sa larawan bilang 7.

**Larawan 7: Nahirapan Ako Rito…**





Sa unang bahagi ng *portfolio* ay ipinalahad sa mga mag-aaral ang gawain kung saan sila labis na nahirapan. Ang pagkilala ng mga mag-aaral sa isang problema at kahinaan ay isang patunay na ang mag-aaral ay may manipestasyon ng kasanayan sa mapanuring na pag-iisip (Hou, 2007). Ang ilan sa mga gawaing nabanggit ng mga mag-aaral sa kanilang *portfolio* ay ang gawain na may kinalaman sa pagguhit. Ito ay ang pagbuo ng komik istrip bagamat sa mga obserbasyon sa mga gawaing-papel ay makailang ulit na nabanggit ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng magandang larawan upang maunawaaan ang isang konsepto gayong sa ganitong paraan pala sila nahihirapan. Bukod sa pagguhit ng larawan na isang estratehiya bata sa *multiple intelligence* na *Visual Spatial* ay nahirapan din ang ilang mag-aaral na ayusin ang nabuong kuwento sa kanilang diwa na siya nilang gagamitin sa pagsasalaysay sa kanilang komik istrip na iginuhit. Dito

pa rin papasok ang pangangailangan sa estratehiyang batay sa *multiple intelligence* na *Visual Spatial* kasama ng V*erbal Linguistic*.

Nahirapan din ang mga mag-aaral sa kasanayang makapagsuri ng akda at maiugnay sa impormasyon ang binasa dahil ayon sa kanilang tala sa *portfolio* ay mahirap ang gawain kung saan ipinatukoy ang ugnayan ng dokyumentaryong palabas sa binasang kuwento tungkol sa Pagislam, ang pagbibinyag sa mga Muslim. Maging sa pagtukoy ng sanhi at bunga ng mga pangyayari sa binasang epiko na Indarapatra at Sulayman ay inihanay din sa mga mahihirap na gawain ayon sa mga mag-aaral tulad ng natuklasan sa gawain 1 sa aralin 2. Idagdag pa ang hirap na naranasan ng ilang mag-aaral sa pagbuo ng *travel brochure* dahil sa suliranin sa pag-uugnay-ugnay ng mga datos na nasaliksik tungkol sa lugar na gagawan ng patalastas. Ang parehong gawaing nabanggit ay mga gawaing ayon sa estratehiya batay sa *multiple intelligences* na *Logical* at *Verbal Linguistic*. Ang naitalang gawaing ito kung saan nahirapan ang mga mag-aaral ay di nalalayo sa tala ng ilang mag-aaral na kaya sila nahirapan sa pag-unawa ng mga aralin sa panitikang tinalakay sa klase ay dahil sa hirap silang umunawa ng wikang Filipino. Ang kakulangang ito'y malilinang sa pamamagitan ng paggamit ng maraming gawaing nakaangkla sa *multiple intelligence* na *Verbal Linguistic*.

Sa kabilang banda, may mga mag-aaral din na nadalian sa mga gawaing nauna nang nabanggit. Ito ay natuklasan sa bahagi ng *portfolio* ng mga mag-aaral na "Ang Galing Ko Rito". Ang halimbawa ay makikita sa larawan 8.

**Larawan 8: Ang Galing Ko Rito…**


Panday 2: Panonood ng Pelikula (MI: Visual Spatial)

PANUTO: Ilarawan ang gawaing idinikit bilang ebidensya at ipaliwanag kung bakit ka nadalian sa gawaing ito.

Sa gawaing ito masasabi kong magaling ako dito dahil ginalingan ko at pinaghirapan ko ang gawaing ito para magkaroon ng magandang bunga.
Sa aking situwasyon, mas mabilis ako matuto at makasagap ng impormasyon kapag may mga "visuals".
Ipagpapatuloy ko ang aking ginagawa para mapanatili at mas higitan ang aking iskor sa gawaing ito.

Ang ilang mag-aaral ay nadalian sa proyektong panturismo kung saan sinabi ng isang mag-aaral na naging kaakit-akit sa mata ang kanilang nabuong *travel brochure*. Ang pagpapahalaga ng mag-aaral sa awtput na kaakit-akit sa mata ay nalinang sa pamamagitan ng estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Visual Spatial*. Ang isa pang dahilan kung bakit nadalian ang ilan sa paggawa ng proyektong panturismo ay dahil nagustuhan nila ang gawain kung saan binigyan sila ng pagkakataon ng guro na ilahad ang kanilang opinyon tungkol sa ginawang *travel brochure* ng kamag-aral na hawig sa natuklasang ni Lai (2011) na kakayahan ng kolaboratibong gawain na malinang ang kasanayan sa mapanuring pag-iisip ng isang mag-aaral. Nabigyan sila ng pagkakataong suriin at tayahin ang gawa ng kamag-aral habang tinutulungan ng estratehiyang batay sa *multiple intelligences* na *Verbal Linguistic*, *Interpersonal* at *Existential*. Isama pa ang

karanasan ng mag-aaral sa tulong-tulong na pagbuo ng *travel brochure* sapagkat nalinang ng estratehiyang batay sa *multiple intelligence* na *Interpersonal* ang kanilang kakayahang makihalubilo at makipagpalitang-kuro sa mga kamag-aral.

May ilang mag-aaral din na nadalian sa paggawa ng komik istrip sapagkat nalinang sa kanila malikhaing pag-iisip. Sa pamamagitan ng gawaing ito'y nalinang ang mapanuring pag-iisip ng mag-aaral na nabibigyang interpretasyon ang binasa. Natupad ito sa tulong ng estratehiyang batay sa *Visual Spatial*.

Nagpadali rin sa gawain ng mag-aaral ang pagsasama-sama ng magkakaugnay na impormasyon sa tulong ng *venn diagram*. Sapagkat nakakuha sila ng teknik sa pagbuo ng grapikong pantulong na *venn diagram* dahil katuturo lamang ito sa kanila ng kanilang guro sa Matematika, maihahalintulad ito sa integrasyon na nabanggit ni Gurses (2007). Patunay na ang estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Logical* ay makatutulong sa paglinang ng mapanuring pag-iisip na nasusuri ang nabasa, natataya ang nabasa, natutukoy ang ugnayan ng isang impormasyon sa binasa at nabibigyang-interpretasyon ang binasa.

Bukod dito ay nadalian din ang mag-aaral na punan ng impormasyon ang *venn diagram* dahil sa napanood na pelikula. Ang estratehiya batay sa *multiple intelligence Visual Spatial* sa pamamagitan ng panonood ng pelikula ay nakatulong upang malinang ang mga naunang nabanggit na kasanayan sa mapanuring pag-iisip.

Ang ilang mag-aaral din ay natulungan nang husto ng mga replektibong tanong sa bawat gawaing-papel. Sapagkat ang ilan sa kanila ay mahilig talagang sumulat ng mga

repleksyon. Dito makikita na ang estratehiyang batay sa *multiple intelligences* na *Intrapersonal* at *Verbal Linguistic* ay nakatulong upang maunawaan ang aralin.

Pinatotohanan din ng mag-aaral mula sa aralin kung saan iniugnay ang pelikulang Panday 2 sa binasang epiko na mas madali nilang natutuhan ang katangian ng epikong Pilipino matapos maiugnay ito sa pinanood na pelikula. Sapagkat sinabi ng mga mag-aaral na higit silang natututo sa mga gawaing biswal. Samakatuwid, nakatulong ang estratehiyang batay sa *multiple intelligence na Visual Spatial* upang taglayin ng mag-aaral ang kasanayan sa mapanuring pag-iisip na nasusuri ang akdang binasa at natataya ang akdang binasa.

Upang pagtibayin ang mga obserbasyong itinala ng mananaliksik kaugnay sa nagawa ng estratehiya batay sa *multiple intelligences* sa paglinang ng ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip sa mga gawaing-papel na sinuri at inisa-isa ng mag-aaral ay pinasagutan din ng mananaliksik ang tanong B sa *portfolio* na "*Nakatulong ba ang mga estratehiya ng guro batay sa multiple intelligences upang malinang ang iyong kasanayan sa mapanuring pag-iisip*?".

### 4.3. Pagsusuri sa Replektibong Sagot ng Mag-aaral sa Bahagi B ng *Portfolio*

Kaugnay ng layunin ng pag-aaral na masuri kung ang estratehiya batay sa *multiple intelligences* ay nakatulong sa paglinang ng ika-21 siglong kasanayan ayon sa *K to 12* na kurikulum sa Filipino sa baitang pito, ay nilagom ang sagot ng mga mag-aaral at ibinuod sa pamamagitan ng pagtatala sa mga paulit-ulit na susing salita o parirala mula sa

kanilang sagot. Ayon sa repleksyon ng mag-aaral sa nagawa ng estratehiya batay sa *multiple intelligence* sa paglinang ng ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip, natuklasang ito ay:

**nakatutulong upang maiugnay sa tunay na buhay ang aralin**

Ang *multiple intelligences* ay tulay upang maiugnay ang panitikan sa tunay na buhay (Case, 2005). Makikita sa ibaba ang replektibong sagot ng mag-aaral:

> "*Nakatulong ang multiple intelligences upang malinang ang kasanayan sa mapanuring pag-iisip dahil naiuugnay namin sa aming buhay ang mga gawain sa tulong ng multiple intelligences. Ito ang instrumento na humahasa sa aming isip.*"

Sa pahayag na ito ng mag-aaral makikita kung paanong ang kanilang binasa at tinalakay sa klase ay naiugnay nila sa kanilang tunay na buhay. Ang ilang akdang pampantikang kanilang binasa ay iniugnay nila sa ilang tunay na pangyayari sa buhay gaya ng kabuhayan ng mga taga-Benguet na pagsasaka, ang kabayanihan na di lamang masasalamin sa mga epikong binasa bagkus ay makikita rin sa mga tao sa paligid gaya ng pulis at sundalo, ang iba't ibang seremonya ng pagbibinyag mula sa iba't ibang relihiyon at ang paggabuo ng isang travel brochure na animo'y gawain ng isang nagtatrabaho sa Kagawaran ng Turismo. Ang kakayahan ng mag-aaral na iugnay ang nabasa sa pangyayari sa tunay na buhay ay katangian ng estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Existential* na masasalamin din sa mga repelektibong tanong sa mga gawaing-papel na kanilang sinagutan.

**nabibigyang buhay ang talakayan sa klase**

Nabibigyang kabuluhan ang talakayan, nakakaengganyo sa pag-aaral ang mga gawaing nilapatan ng *multiple intelligences.* Makikita ito sa repleksyon ng mag-aaral sa *portfolio* na :

> *"Ang mga gawain ng guro na ibinatay sa multiple intelligences ay nakatutulong dahil karamihan sa mga estudyante ay mas natuto gamit ang visual ng powerpoint kaya mas nakakatulong ang gawain. At mas masaya dahil marami ang mga activities na ibinibigay."*

Ang mga kagamitan sa pagtuturo ng guro na isinaalang-alang ang estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Visual Spatial* ay ang powerpoint presentation, halimbawang komik istrip bilang gabay sa pagbuo ng mag-aaral ng parehong awtput, grapikong pantulong, docu-film at mga video na ginamit sa pagsisimula at pagpapalalim sa talakayan.

**nalilinang ang kasanayan**

Ang mapanuring pag-iisip ay nalilinang ng *multiple intelligences* na gawain*,* at nakakahasa ng *learning skills* ang mga gawaing batay sa *multiple intelligences* (Bailin, 1999). Masasalamin ito sa sagot ng mag-aaral sa *portfolio* na:

> "*Para sa akin, nakatulong ang mga gawaing batay sa multiple intelligences upang malinang ang kasanayan sa mapanuring pag-iisip dahil sa pagsasagot sa mga tanong sa worksheet na batay sa multiple intelligences o pagsasagawa ng mga gawaing batay sa multiple intelligences, malalaman dito kung saan ka magaling at mahina."*

Pinatunayan ng mag-aaral na nakatulong ang mga gawaing-papel upang masuri ang mga aralin sa klase sa pamamagitan ng pagbanggit na ito ang nakatulong sa kanila

upang malaman kung saan sila magaling o mahina. Maging ang mga replektibong tanong na sinagutan ng mag-aaral sa binuong *portfolio*.

**napapadali ang pag-unawa sa aralin**

Pinadadali ng estratehiya batay sa *multiple intelligences* ang karanasan sa pagkatuto ng mag-aaral, at gabay ang gawaing batay sa *multiple intelligences* (Kennedy, 1991) at Case (2005). Ito ay masasalamin sa sagot ng mag-aaral sa bahagi ng *portfolio* na:

> "*Para sa akin nakatulong ang mga gawaing ibinatay sa multiple intelligences dahil mas naging malinaw sa akin kung ano ang aking kapasidad at kayang gawin. Mas nagiging madali sa akin na maintindihan ang paksa kung ito ay ginamita ng mga gawaing batay sa multiple intelligences. Natututo ako kapag maraming activities na isinasagawa tuwing klase.*"

> **"***Ang mga gawaing ibinatay sa iba't ibang multiple intelligences ay malaking tulong kasanayan sa mapanuring pag-iisip. Mas nagiging organisado ang mga aralin gamit ang grapikong pantulong at madaling intindihin ang aralin pag may pangkatang gawain.*"

> "*Malaki ang naitulong ng mga gawain na may multiple intelligences. Nakatulong ito sa pamamagitan ng paglinang at pagpaunlad sa aming mga talakayan. Ito din ay nakatulong sa pag-intindi namin sa tinalakay ng aming guro.*"

Ang mga gawaing nakatulong upang maorganisa ang kanilang aralin ay ang mga grapikong pantulong gaya ng *venn diagram*, talaan ng sanhi at bunga at grapikong pantulong sa pag-uugnay ng nahinuhang kultura at tradisyon sa mga tiyak na pangyayari sa pinanood na video. Ang mga estratehiya batay sa *multiple intelligences* ay nakita ng

mga mag-aaral bilang isang oportunidad upang mapadali ang pag-unawa sa araling tinatalakay ng guro dahil higit itong nagiging organisado sa tulong ng mga grapikong pantulong na batay sa *multiple intelligence* na *Logical* ay sumusuporta ito sa ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na nasusuri ang binasa kung saan inilarawan ito ni Greenstein (2012) bilang kakayahan na mahimay-himay ang impormasyong binasa.

**tumutulong upang maging mapanuri**

Binanggit ng mag-aaral ang naitulong na estratehiya batay sa *multiple intelligence* sa pagsagot sa mga replektibong tanong. Tinalakay sa paghahanda ng gawain sa Gabay sa Pagtuturo sa Filipino Baitang Pito na ang replektibong tanong ay estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Verbal Linguistic*. Ang pagkilala ng mag-aaral sa kakayahan nitong matulungan sila sa mga gawain gaya ng pagsagot sa replektibong tanong ay isang pagkumpirma sa natuklasang kakayahan ng *Verbal Linguistic* na malinang ang kanilang pangangtwiran na tinalakay din sa pagsusuri sa gawaing-papel ng mga mag-aaral. Gayundin ay kinumpirma ng mga sagot ng ito ng mag-aaral ang naitulong ng estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Verbal Linguistic* sa ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na nakapaghihinuha. Makikita ang ilang sagot ng mag-aaral sa replektibong tanong sa *portfolio* sa ibaba:

> "*Para sa akin, nakatulong ng marami ang mga gawain na ibinigay. Sa una, ang hirap ng mga tanong at ang hirap na mahanap ko ang sagot. Pero sa bawat gawain, ang multiple intelligences ay tumulong sa akin upang maging mapanuri. At dahil sa maraming gawain, habang lumipas ang araw, hindi ko*

*namalayan na nadadalian na ako na sagutan ang mga tanong. Maaaring epekto ito ng mga gawain na ibinatay sa multiple intelligences.*

"*Oo , nakatulong ang mga multiple intelligences sa paglinang ng kasanayan sa mapanuring pag-iisip dahil mas lalo akong nasanay sa pagsusuri ng mga istorya o babasahin na ipinapabasa sa akin pati na rin sa paghihinuha ng mga posibleng mangyari sa istoryang binasa."*

Ang mga inilahad na saloobin ng mag-aaral kaugnay ng kakayahan ng estratehiyang batay sa *multiple intelligences* na malinang ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip at ang resulta ng mga gawaing-papel ay patunay lamang na nakamit ng mananaliksik ang layunin ng pag-aaral na masuri ang kakayahan ng estratehiya sa pagtuturong batay sa *multiple intelligences* na malinang ang ika-21 siglong kasanayan na mapanuring pag-iisip.

Sa kabuuan ng replektibong tanong B ng *portfolio* ay lumutang ang limang estratehiya batay sa *multiple intelligence* na luminang sa mga ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip. Ang mga ito ay ang estratehiya sa pagtuturo batay sa *multiple intelligence* na *Existential* na nakalinang sa ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na, naiuugnay ang isang impormasyon sa binasa; ang mga estratehiya namang batay sa *Interpersonal* at *Existential* ay nakalinang sa ika-21 kasanayan sa mapanuring pag-iisip na, natataya ang binasa; ang estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Logical* ay nakatulong sa paglinang ng ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na, nasusuri ang binasa at ang estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Verbal Linguistic*

at nakatulong sa paglinang ng ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na, nakapaghihinuha sa binasa.

Ang mga replektibong tanonng na isa-isang sinagot ng mag-aaral sa kanilang *portfolio* maging ang mga karanasan nila sa talakayan sa klase na makikita sa mga tinipong gawaing-papel ay ang mga patunay na nalinang ang kanilang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip.

**Pangunahing Layunin: Mapatunayang ang estratehiyang batay sa *multiple intelligences* ay nakalilinang ng ika-21siglong kasanayan na mapanuring pag-iisip ng mag-aaral sa Filipino 7.**

Mula sa nilagom na pagsusuring isinagawa sa *portfolio* ng mga mag-aaral ay makikita ang pag-unlad ng ika-21 siglong kasanayan mula sa mga gawaing inihanay sa mga paksang tinalakay sa panitikan sa baitang pito sa tulong ng Gabay sa Pagtuturo ng para sa Filipino Baitang Pito. Ang natuklasang nalinang na ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip ay inisa-isa sa bawat mahahalagang bahagi ng sinuring *portfolio*.

Una ay pinatunayan ng mga sagot ng mag-aaral sa bahagi ng replektibong tanong A sa *portfolio* ang mga estratehiya batay sa *multiple intelligences* na naranasan ng mga mag-aaral sa klase sa Filipino 7. Mahagalagang makilala ng mga mag-aaral ang estratehiya batay sa *multiple intelligence* upang mabigyang patunay na naisagawa ang unang layunin na makapagdisenyo ng aralin ayon sa estratehiya batay sa *multiple intelligences* na lilinang sa ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip ng mga

mag-aaral.  Binigyang-diin ng mga sagot ng mag-aaral ang sumusunod kaugnay ng pagkilala sa estratehiya batay sa *multiple intelligences*:

Ang estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Visual Spatial* ay ang mga gawaing lumilinang sa kanilang imahinasyon gaya ng pagguhit, pagsagot sa *worksheet* at ang pagbuo ng *travel brochure*.  Ang estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Visual Spatial* ay kinilala ng mga mag-aaral na mga estratehiya upang malinang ang kanilang pagiging malikhain.

Ang estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Kinesthetics* naman ay kinilala ng mga mag-aaral bilang mga gawaing may kinalaman sa paggalaw gaya ng mga pangkatang- gawain.

Ang estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Verbal Linguistic* ayon sa replektibong sagot ng mga mag-aaral ay anumang gawain sa klase na nangangailangan ng pagsasalita o mga oral na presentasyon.  Gayundin ang pagbuo ng isang diyalogo bilang isang pasulat na awtput.

Ang estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Logical* ay kinilala ng mga mag-aaral bilang mga gawain na kinakailangan ng pagsusuri sa mga gawaing-papel lalo na ang anumang ginagamitan ng grapikong pantulong upang lagumin, suriin at iugnay sa ibang impormasyon ang isang akdang binasa.

Ang estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Interpersonal*, gaya ng pagkilala ng mga mag-aaral sa *Kinesthetic*, ay anumang gawain na pangkatan.

Ang estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Musical* ay kinilala ng mga mag-aaral bilang mga gawaing kasabay ng panonood ng isang pelikula dahil sa napakikinggang tunog, musika at usapan ng tauhan sa pelikula o docu-film.

Ang estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Intrapersonal* ay naranasan ng mga mag-aaral sa mga gawaing may kaugnayan sa solong pag-aaral ng liksyon at pagsagot sa mga dyornal sa *portfolio*.

Sa huli, ang estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Naturalistic* ay naranasan ng mag-aaral sa gawaing *travel brochure* kung saan tila namasyal sila sa lugar na ginawan ng proyektong panturismo sa tulong ng mga larawan ng magagandang tanawin.

Kapansin-pansin na hindi kinilala ng mga mag-aaral ang mg estratehiya sa pagtuturong batay sa *multiple intelligence* na *Existential*. Marahil, ito ay dahil may pagkakahawig ang *multiple intelligence* na Existential sa Intrapersonal sa mga pagkakataong hinihingi ang opinyon ng isang mag-aaral sa kahalagahan ng isang aralin sa eksistens ng isang tunay na impormasyong nabasa, narinig o napanood.

Bukod sa repleksyon ng mga mag-aaral sa bahagi A ng *portfolio* ay natuklasan din ng mananaliksik ang nalinang na ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip mula sa mga gawain sa klase na makikita sa mga tinipong gawaing-papel.

Sa aralin 1 na ang paksa ay tungkol sa kuwentong-bayan, na ang inaasahang kasanayang malinang sa mga mag-aaral ay: nasusuri gamit ang grapikong pantulong ang ugnayan ng tradisyon at akdang pampanitikan batay sa napanood na kuwentong-bayan ay nagpapatunay na ang mga estratehiya sa batay sa *multiple intelligences* ay nakalilinang

ng ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip tulad ng nakapaghihinuha sa binasa. Ito ay nakita sa pamamagitan ng estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Verbal Linguistic* kung saan naisakatuparan ang paglalahad ng paghihinuha sa tulong ng kakayahang maisulat ang obserbasyon sa loob ng isang grapikong pantulong; *Logical* kung saan naihanay nang malinaw ng mga mag-aaral ang nahinuhang tradisyong lumutang sa akda at ang tiyak na pangyayari sa napanood na kuwentong bayan; *Visual Spatial* na nagpadali sa pag-unawa sa akda sa tulong ng panonood. Sa parehong paksa rin na may kompentsi batay sa *K to 12* na kurikulum na naiuugnay ang mga pangyayari sa binasa sa mga kaganapan sa ibang lugar sa bansa ay nakita ang nalinang na ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na, naiuugnay sa isang impormasyon ang binasa. Ito ay nakita sa tulong ng sumusunod na estratehiya batay sa *multiple intelligences* na: *Verbal Linguistic* dahil malayang naiugnay ng mag-aaral ang kaniyang dating kaalaman tungkol sa lugar na Ifugao, Benguet at ang kaniyang naobserbahang hanap-buhay ng mga tao sa pinanood na kuwentong-bayan at *Existential* dahil sa kakayahan ng mag-aaral na iugnay ang hanap-buhay tauhan sa napanood na kuwentong-bayan sa isang impormasyon tungkol sa Ifugao, Benguet. Nakita rin ang parehong kompetensi ang paglinang sa ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na, natataya ang binasa sa pamamagitan ng sumusunod na estratehiya batay sa *multiple intelligences* na: *Existential* dahil nakita ang kakayahan ng mag-aaral na tayahin ang kaniyang sariling kakayahang maunawaan ang pinanood na kuwentong-bayan at

*Intrapersonal* dahil sa nakitang kakayahan ng mag-aaral na kilatisin ang sarili at alamin kung ano ang kalakasan at kahinaan.

Sa aralin 2 na ang paksa ay tungkol sa epiko, na may inaasahang kasanayang lilinangin na, naipahahayag ang sariling pakahulugan sa kahalagahan ng mga tauhan sa napanood na pelikula na may temang katulad ng akdang tinalakay ay nakitang nalinang ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na, nasusuri ang akdang binasa sa tulong ng estratehiyang batay sa *multiple intelligence* na: *Verbal Linguistic* dahil matagumpay na nakatulong ito sa paglalahad ng mag-aaral ng hinimay-himay na pagsusuri sa akdang binasa at pinanood. Sa parehong paksa at kompetensi rin makikita na ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na, natataya ang binasa ay nalinang ang sumusunod na estratehiya batay sa *multiple intelligences* na: *Visual Spatial* sapagkat ang panonood ng pelikula ay nagbukas sa mungkahi ng mag-aaral linangin ang *visual effects* ng mga pelikulang may kahawig na tema sa epiko maging ang mga karakter sa epiko ay iminungkahi rin na bigyan ng makabagong mukha na aayon sa panlasa ng mga kabataan; *Verbal Linguistic* dahil ito ay nagbigay-daan upang maipahayag ng mag-aaral ang kanilang mungkahi kung paano higit na mapagbubuti ang mga larawan ng mga epiko sa bansa at maging kahali-halina sa mga kabataang kagaya nila at *Existential* dahil sa kakayahan ng mag-aaral na iugnay ang panlasa ng makabagong kabataan sa inaasahang larawan at kilos ng mga makabagong bayani ng Epikong Pilipino.

Sa parehong paksa na may inaasahang kasanayang lilinangin gaya ng, naisusulat ang komik istrip na nagpapakita ng kakaibang katangian ng pangunahing tauhan sa epiko

ay lumutang ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na, nabibigyang-interpretasyon ang binasa sa tulong ng mga estratehiya batay sa *multiple intelligences* na: *Verbal Linguistic* dahil ang mga diyalogo sa komik istrip ay nakatulong sa mag-aaral upang makapagsalaysay sila ng panibagong pangyayari at *Visual Spatial* dahil naiguhit ng mag-aaral ang imahen ng tauhan sa epiko na nabuo sa kanilang isipan.

Samantala sa parehong paksa na may kompetensi na, nasusuri ang isang docu-film sa papamagitan ng *venn diagram* ay nakitang nalinang ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na, natataya ang binasa sa tulong ng mga estratehiya batay sa *multiple intelligences na*: *Verbal Linguistic* kung saan sinagutan ng mga mag-aaral ang mga replektibong tanong ay nakapagpalabas sa kakayahan ng mag-aaral na mataya ang kapani-paniwalang pangyayari sa pinanood na docu-film; *Visual Spatial* dahil ang panonood ng docu-film ay nakatulong sa mag-aaral upang mabuo ang kanilang pagtataya sa mga kapani-paniwalang pangyayari batay sa mga nasaksihan nila sa palabas; *Existential* dahil ang pagsagot sa repektibong tanong ay tumulong sa mag-aaral upang mabigyang-diin ang pagbibigay-hatol sa responsibilidad ng isang tao na kumilos para sa kaniyang sariling kapalaran na hindi isinasaalang-alang sa paglubog o paglutang na buhok na ginupit sa seremonyang Pagislam ng mga Muslim na nasaksihan ng mag-aaral sa docu-film at *Logical* dahil ang impormasyon sa binasang akda maging sa napanood na docu-film ay inihanay nang maaayos upang maipakita ang pagkakahawig at pagkakaiba ng dalawa sa tulong ng binuong *venn diagram*. Sa parehong gawain ay nakita rin ang kakayahan ng estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Verbal*

*Linguistic* dahil natulungan nito ang mag-aaral na mailahad sa paraang pasulat ang pag-uugnay ng impormasyong napanood sa docu-film at ang impormasyon sa binasang akda. Ito ay pagpapakita ng nalinang na ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na, naiuugnay sa isang impormasyon ang binasa.

Sa kabilang banda, ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na nakapaghihinuha ng binasa ay nalinang sa tulong ng estratehiya batay sa *multiple intelligence* na: *Verbal Linguistic* sapagkat naisa-isa ng mga mag-aaral sa paraang pasulat ang mga tradisyong Muslim na kanilang nahinuha; *Visual Spatial* dahil ang mga nabuong imahen sa isipan isipan ng mag-aaral habang binabasa ang akda tungkol sa Pagislam ay kinumpirma o sinalungat ng mga nakitang imahen sa pinanood na docu-film tungkol sa pagbibinyag ng Muslim.

Sa huling gawain na paggawa ng *travel brochure* kung saan ginamit na gabay ang kompetensing itinakda ng *K to 12* na kurikulum na, nabubuo ang isang makatotohanang proyektong panturismo at nasusuri ang ginamit na datos sa pananaliksik sa isang proyektong paturismo ay natukalasang nalinang ng estratehiya batay sa *multiple intelligences* ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na, natataya ang binasa. Ito ay nalinang sa pamamagitan ng mga estratehiya batay sa *multiple intelligences na*: *Verbal Linguistic* dahil nataya ng mag-aaral sa paraang pasulat ang kagandahan ng nabuong *travel brochure* ng kamag-aral at *Visual Spatial* dahil napalutang ang kakayahan ng mag-aaral na mataya kung ano ang kagandahang taglay ng isang *travel brochure* sa pananaw ng isang turista maging ang kakayahan ng mag-aaral na isalin sa

isang *travel brochure* ang mga imaheng nabuo nila sa isip upang mahikayat ang mga tao na pumasyal sa isa sa mga probinsya sa Mindanao. Ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na naiuugnay sa isang impormasyon ang binasa ay nalinang sa pamamagitan ng estratehiya batay sa *multiple intelligences* na: *Verbal Linguistic* dahil nakatulong ang estratehiyang ito sa pagbibigay ng mag-aaral ng isang tiyak na impormasyon na kahawig ng binasa at *Existential* dahil sa kakayahan ng mag-aaral na maiugnay sa eksistens ng tiyak na impormasyon tungkol sa isang probinsya ang mga nakitang kakulangan sa binuong *travel brochure* ng kamag-aral. Gayundin ay nalinang ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na nakapaghihinuha sa binasa sa tulong ng estratehiya batay sa *multiple intelligences na Verbal Linguistic* sapagkat ang pagsagot sa replektibong tanong ay nakatulong upang mailahad ng mag-aaral ang kanilang paghihinuha kung ang nabuong *travel brochure* ay makapagsusulong ng turismo sa probinsya. Sa huli, ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na nabibigyang-interpretasyon ang binasa ay nalinang din ng estratehiya batay sa *multiple intelligences na*: *Visual Spatial* dahil ang pagbuo ng *travel brochure* na nagtataglay ng maraming larawan ng magagandang pasyalan sa isang probinsyang iniindorso ay isang paraan ng pagbibigay-interpretasyon sa impormasyong nabasa at *Verbal Linguistic* dahil ang pagsulat ng impormasyon tungkol sa probinsyang iniindorso sa *travel brochure* ay mabisang paraan upang mahikayat ang mga tao na pumasyal sa isang probinsya.

Ang mga nalinang na ika-21 siglong kasanayan ay di lamang nakita sa mga gawaing-papel ng mag-aaral kundi maging sa ibang bahagi ng *portfolio*. Sa bahaging

Ang Galing Ko Rito ay natuklasan ang sumusunod: ang estratehiya batay sa *multiple intelligences na Visual Spatial* ay nakatulong upang malinang ang pagpapahalaga ng mag-aaral sa awtput na kaakit-akit sa mata ay isang katangian ng ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na nakapagtataya dahil sa kakayahan nitong makapaghatol sa gawang malikhain o hindi; nakita ng mag-aaral na magaling siya sa gawaing *travel brochure* dahil binigyan sila ng pagkakataon ng guro ng ilahad ang kanilang opinyon tungkol sa ginawang *travel brochure* ng kamag-aral na katulad ng natuklasang ni Lai (2011) na kakayahan ng kolaboratibong gawain na malinang ang kasanayan sa mapanuring pag-iisip ng isang mag-aaral na estratehiya batay sa *multiple intelligences* na I*nterpersonal*; nadalian din ang ilang mag-aaral sa paggawa ng komik istrip na nagpapakita na nalinang ang mapanuring pag-iisip ng mag-aaral na nabibigyang-interpretasyon ang binasa sa tulong ng estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Visual Spatial*; madali rin para sa mga mag-aaral ang pagsagot sa grapikong pantulong gaya ng *venn diagram* dahil naoorganisa nito nang maayos ang mga impormasyon mula sa binasa ay patunay na estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Logical* ay nakatulong sa paglinang ng mapanuring pag-iisip na nasusuri ang nabasa, natataya ang nabasa, natutukoy ang ugnayan ng isang impormasyon sa binasa at nabibigyang-interpretasyon ang binasa; nadalian din ang mga mag-aaral sa pagsagot sa mga replektibong tanong at ito ay patunay na ang estratehiya batay sa *multiple intelligences* na *Intrapersonal* at *Verbal Linguistic* ay nakatulong upang maunawaan ang aralin; sa huli, nakita na nakatulong ang estratehiyang batay sa *multiple intelligence* na *Visual Spatial* upang

taglayin ng mag-aaral ang kasanayan sa mapanuring pag-iisip na, nasusuri ang akdang binasa at natataya ang akdang binasa sa panonood ng pelikulang Panday.

Sa bahaging replektibong tanong B sa *portfolio* ay naobserbahan din ang sumusunod: ang estratehiya sa pagtuturo batay sa *multiple intelligence* na *Existential* ay nakalinang sa ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na naiuugnay ang isang impormasyon sa binasa; ang mga estratehiya namang batay sa *Intrapersonal* at *Existential* ay nakalinang sa ika-21 kasanayan sa mapanuring pag-iisip na natataya ang binasa; ang estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Logical* ay nakatulong sa paglinang ng ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na nasusuri ang binasa at ang estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Verbal Linguistic* ay nakatulong sa paglinang ng ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na nakapaghihinuha sa binasa.

Ang mga resultang naobserbahan ng mananaliksik mula sa pagsusuring sekwensyal sa mga gawaing-papel at *portfolio* na binuo ng mag-aaral sa klase sa Filipino 7 ay nilagom, binigyan ng interpretasyon at binigyang rekomendasyon sa Kabanata V ng pananaliksik na ito.

# KABANATA IV

# PAGLALAGOM, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ang kabanatang ito ay maglalahad ng paglalagom, konklusyon at rekomendasyon ng pag-aaral. Ang pananaliksik na ito ay may layuning mapatunayan na ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip ay nalinang gamit ang mga estratehiyang batay sa *multiple intelligences* sa baitang pito.

Ang mga sumusunod ay ang paglalagom sa resulta ng pag-aaral:

1. Ang nabuong Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito na binubuo ng sumusunod: paksa, target na kompetensi na lilinangin mula sa *K to 12* na kurikulum, estratehiyang batay sa *multiple intelligences* at target na ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na lilinangin ay nagsilbing gabay sa gurong nagtuturo ng panitikan sa baitang 7 sa loob ng isang buwan sa mga mag-aaral na kalahok.
2. Sinubok ang kakayahan ng mga mag-aaral na makapag-ugnay ng kanilang nasaliksik na impormasyon sa binasang akda, makapaglahad ng paghihinuha, makapagtaya sa binasa at makapagsuri ng akda na nakalilinang ng mga kasanayan sa mapanuring na pag-iisip na bahagi ng ika-21 siglong kasanayan.

3. Ang mga replektibong sagot ng mag-aaral sa *portfolio* maging sa mga gawaing-papel ang sinuri ng mananaliksik upang makita ang nalinang na ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip ng mag-aaral.

**KONKLUSYON**

Batay sa natuklasan sa pag-aaral, ang sumusunod na konklusyon ay nabuo:

1. Ang mga estratehiya batay sa *multiple intelligences* na naranasan ng mag-aaral sa klase ay ang sumusunod: *Visual Spatial* kung saan kinilala nila itong gawaing lumilinang sa kanilang imahinasyon at pagkamalikhain gaya ng pagguhit, pagsagot sa *worksheet* at ang pagbuo ng *travel brochure*; *Kinesthetics* na kinilala ng mga mag-aaral bilang mga gawaing kinakailangan ng paggalaw gaya ng mga pangkatang-gawain; *Verbal Linguistic* na ayon sa replektibong sagot ng mga mag-aaral ay anumang gawain sa klase na nangangailangan ng pagsasalita o mga oral na presentasyon gayundin ang pagbuo ng isang diyalogo bilang isang pasulat na awtput; *Logical* ay mga gawain na kinakailangan ng pagsusuri sa mga gawaing-papel lalo na ang anumang ginagamitan ng grapikong pantulong upang lagumin, suriin at iugnay sa ibang impormasyon ang isang akdang binasa; *Interpersonal* ay gaya ng pagkilala ng mga mag-aaral sa *Kinesthetic* na anumang gawain na pangkatan; *Musical* ay kinilala ng mga mag-aaral bilang mga gawaing kasabay ng panonood ng isang pelikula dahil sa napakikinggang tunog, musika at usapan ng tauhan sa pelikula o docu-film; *Intrapersonal* ay naranasan ng mga mag-aaral sa

mga gawaing may kaugnayan sa solong pag-aaral ng liksyon at pagsagot sa mga dyornal sa *portfolio*; at sa huli ay ang *Naturalistic* na naranasan ng mag-aaral sa gawaing *travel brochure* kung saan tila namasyal sila sa lugar na ginawan ng proyektong panturismo sa tulong ng mga larawan ng magagandang tanawin.

Sa mga replektibong sagot ng mag-aaral ay lumutang na di lubos na kinilala ng mga mag-aaral ang estratehiya batay sa *multiple intelligence* na E*xistential*. Maaaring ito ay dahil ang estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Intrapersonal* at *Existential* ay may maghawig na katangian. Gaya ng kakayahan ng mga estratehiyang ito na palabasin ang opinyon o saloobin ng isang mag-aaral kaugnay sa eksistens ng isang bagay at ang kaugnayan nito sa isang tunay na pangyayari sa buhay.

2. Ang mga estratehiya batay sa *multiple intelligences* ay maaaaring gamitin sa paglinang ng kasanayan sa mapanuring pag-iisip dahil sa iba't ibang kakayahan nito gaya ng *Logical* na may kakayahan na magabayan ang mag-aaral sa paggamit ng grapikong pantulong sa pagpupuno ng impormasyon sa isang tsart sa isang lohikal na paraan, *Visual Spatial* dahil sa kakayahan nitong iayos ang impormasyon sa pamamagitan ng presentasyong biswal na pagpupuno sa grapikong pantulong, *Verbal Linguistic* dahil sa kakayahan ng mag-aaral na magamit ang wika sa pagtupad ng layunin ng gawain na mapunan ng impormasyon ang grapikong pantulong, *Interpersonal* dahil nakilala ng mga mag-aaral ang opinyon ng kasama sa pangkat habang tinutuklas ang mga sanhi at

bunga ng binasang epiko, at *Intrapersonal* dahil sa kakayahang mailahad ang sariling pagpapalagay sa ilang pangyayaring napanood batay sa nasuring awtput ng mag-aaral sa Kabanata IV.

3. Ang bawat isang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip ay natulungang malinang ng iba't ibang estratehiya batay sa *multiple intelligences*. Ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na nasusuri ang binasa ay nalinang sa tulong ng estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Verbal Linguistic, Logical at Interpersonal*. Ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na natataya ang binasa ay nalinang ng estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Existential, Intrapersonal, Visual Spatial, Verbal Linguistic at Logical*. Ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na nabibigyang-interpretasyon ang binasa ay nalinang ng estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Interpersonal, Verbal Linguistic at Visual Spatial*. Ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na nakapaghihinuha sa binasa ay nalinang ng estratehiya batay sa *multiple intelligences* na *Verbal Linguistic, Logical at Visual Spatial*. Ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip na naiuugnay ang isang impormasyon sa binasang akda ay nalinang sa pamamagitan ng estratehiya batay sa *multiple intelligences* na *Verbal Linguistic* at *Existential*. Kapansin-pansin na sa lahat ng ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip ay may mahalagang ginagampanan ang estratehiya batay sa *multiple intelligence* na *Verbal Linguistic* sa paglinang nito. Sa kabilang banda

ang *Interpersonal* at *Visual Spatial* ay bahagya lamang na nakalinang sa kasanayan sa mapanuring pag-iisip na nabibigyang-interpretasyon ang binasa sa gawain kung saan tinukoy ang sanhi at bunga ng mga pangyayari sa epiko sapagkat hindi lahat ng mag-aaral ay nagawa nang wasto ang pagbibigay-interpretasyon sa sanhi at bunga ng pangyayari dahil ayon sa kanilang replektibong sagot ay nahirapan silang maunawaan ang epiko. Pahapyaw ang nakitang paglinang dito sapagkat bagaman nahirapan ang mga mag-aaral sa pagpapalawak ng sagot sa sanhi at bunga ay nagawa naman nilang gamitin ang mga hudyat sa paglalahad ng pahayag na sanhi na *dahil* at *upang* at ang hudyat sa pagpapahayag ng bunga na *kaya.*

**REKOMENDASYON**

Ang sumusunod na rekomendasyon ay batay sa resulta ng pag-aaral na isinagawa:

1. Subukin ding linangin ang iba pang ika-21siglong kasanayan sa iba pang susunod na pag-aaral na kahawig nito upang hindi lamang nakatuon sa kasanayan sa mapanuring pag-iisip ang pananaliksik.
2. Inaasahan na mas maraming gawaing lilinang sa ika-21 siglong kasanayan na mapanuring pag-iisip gamit ang ikasiyam na talinong kinilala ni Gardner (1993, 1999) bilang pinakabago sa kaniyang inilistang *multiple intelligences*, ang *Existential Intelligence* maging ang iba pang *multiple intelligences* na hindi lubos na nagamit sa pag-aaral gaya ng *Naturalistic*, *Musical* at *Bodily Kinesthetic*.

3. Bigyan ng maraming gawain sa pagbibigay-interpretasyon sa isang akda gamit ang iba't ibang estratehiya batay *multiple intelligence* ang mga mag-aaral upang lubos na malinang ang kasanayang ito.
4. Subuking palawakin sa hindi lamang isang buwang aralin ang bubuoing Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito upang maobserbahan kung paano malilinang ang ika-21 siglong kasanayan sa mapanuring pag-iisip sa araling para sa isang buong taong panunuruan.
5. Isama rin sa pagtataya ng resulta ang ibang bahagi ng Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito upang hindi lamang nakatuon sa bahaging pagpapalalim at paglilipat. Pagtuonan din ng pansin ang bahaging alamin, paunlarin, maging ang paglalagom ng nabuong Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito.
6. Palawakin ang pananaliksik sa aralin sa wika ang paglinang sa ika-21 siglong kasanayang gamit ang estratehiyang batay sa *multiple intelligences* tulad ng pag-aaral na isinagawa ni Factor (2007) sa paggamit niya ng teorya ng *multiple intelligences* bilang estratehiya sa pagtuturo ng wika.

# Talasanggunian

Abrami, P. et al. (2008). *Instructional interventions affecting critical thinking skills and dispositions*: A stage 1 meta-analysis. Review of Educational Research, 78(4), 1102–1134.

Akbari, R. at Talebinezhad, M.R. (2003). *The relationship between the use of language learning strategies by Iranian learners of English, their foreign language proficiency, and the learner's IQ scores*. IJAL, 6 (1), 1-20.

*A Parents Guide to 21st Century Learning*. (2012). Edutopia.Org . Retrieved October 31, 2014, from www.edutopia.org/pdfs/ guides/edutopia/=parents-guide-21st-century-learning.pdf

Armstrong, T. (2000). *Multiple Intelligences: Seven Ways to Approach Curriculum* Retrieved March 10, 2015, from http://www.institute4learning.com/articles/7_ways.php

Armstrong, T. (2000). *Mutilple intelligence in the classroom*. Virginia: Association for Supervision and Curriculum Development. U.S.A.

Assessment and Teaching of the 21st Century Skills. (2014). *What are 21st-Century Skills*. Retirerved July 2, 2014, from atc21s.org/index.php/abpupt/ what-are-21st-century-skills/

Baum, S. et.al. (2005). Multiple Intelligences in the Elementary Classroom: A Teacher's Toolkit Multiple Intelligences in the Elementary Classroom: *A Teacher's Toolkit* . Retrieved August 15, 2015, from https://books.google.com.ph

Bailin S. et al.(1999). *Common misconceptions of critical thinking*. J Curriculum Stud. 1999;31:269–283.

Bonk, C. J., at Smith, G. S. (1998). Alternative instructional strategies for creative and critical thinking in the accounting curriculum. *Journal of Accounting Education*, 16(2), 261–293.

Campbell, B. (1993). *Multiple intelligences in the classroom*. Context Quarterly, 27, 12-15.

Campbell, L. (1999). *Teaching and learning through multiple intelligence, Arizona:* Zephyr Press.

Campbell, L., & Campbell, B. (1999). *Multiple intelligences and student achievement: Success stories from six schools.* Alexandria, VA: Association for Supervision and Curriculum Development.

Case, R. (2005). *Moving critical thinking to the main stage*. Education Canada, 45(2), 45–49.

Chaffee, J. (1992). Critical thinking skills: The cornerstone of developmental education. *Journal of Developmental Educational*, 15, 2-39.

Cornellcte@cornell.edu. (2004). *Center for Teaching Excellence: Strategies for helping students develop critical thinking skills*. Retrieved August 21, 2015, from https://www.azwestern.edu/ learning_services/instruction/ center_teaching_effect/ resources/downloads/Helping%20Students% 20Develop%20Critical%20Thinking%20Skills%20CTE% 20Cornell%20University.pdf

Cortez, A. (2013). *Development and validation of reading guides integrated with multiple intelligences activities to enhance the reading skills of 2nd graders.* Unpublished thesis, Philippine Normal Univeristy-Manila.

Creswell, J. (2003). Research Design, Qualitative, Quantitative, and Mixed Methods Approaches Second Edition. Sage Publications, New Delhi.

*Defining Portfolio Assessment*. Retrived, June 2015, from http://www.edu/~devalenz/handouts/ portfolio.html

Dillenbourg, P., Baker, M., Blaye, A., & O'Malley, C. (1996). *The evolution of research on collaborative learning*. In E. Spada & P. Reiman (Eds.), Learning in humans and machine: Towards an interdisciplinary learning science (pp. 189–211). Oxford, England: Elsevier.

Douglas, 0., Burton, K., & Reese-Durham, N. (2008). The effects of the multiple intelligence teaching strategy on the academic achievement of eighth grade math students. [Electronic version]. *Journal of Instructional Psychology,* 35(2), 182-187.

Ennis, R. H. (1989). Critical thinking and subject specificity: Clarification and needed research. *Educational Researcher, 18*(3), 4–10.

Factor,E. (2007). *Development and validation of a modular package in teaching grammar using the multiple intelligence theory*. Unpublished Dissertation. Philippine Normal University, Manila.

Facione P. at Sanchez C. (1995). *The disposition toward critical thinking*. J Gen Educ.1995;44:1–25.

Fierros, E. et al. (2015). *How Multiple Intelligences Theory Can Guide Teachers' Practices: Ensuring Success for Students with Disabilities*, Villanova University. Retrieved July 2, 2015, from http://www.urbanschools.org/pdf/onPOINTS.multiple.intelligences. DOCUMENT.style.LETTERSIZE.pdf

Gardner,H. (1983). *Frames of mind: The Theory of multiple intelligences*. New York: Basic Books.

Gardner, H. (1993). *Creating minds: An anatomy of creativity seen through the lives of freud, einstein, Picasso, Stravinsky, Eliot, Graham, and Gandhi*. New York: Basic Books.

Gardner,H. (1993). Frames *of mind: The Theory of multiple intelligences (2nd paper ed.)*.New York: Basic Books.

Gardner, H. (1999). *Intelligence reframed*. New York Basic Books**.**

Gelder, T. (2005). *Teaching critical thinking: Some lessons from cognitive science.* College Teaching, 53 (1), 41-56.

Gibson, B.P. at Govendo, B.L. (1999). *Encouraging constructive behavior in middle school classrooms a multiple-intelligences approach*. Intervention School Clinic, 35: 16-21. DOI: 10.1177/105345129903500103

Gough, D. (1991). *Thinking about Thinking*. Alexandria, VA: National Association of Elementary School Principals.

Greene, J. C., Caracelli, V. J., & Graham, W. F. (1989). *Toward a conceptual framework for mixed-method evaluation designs. Educational Evaluation and Policy Analysis*, 11(3), 255-274.

Greenstein,L. (2012). *Assessing 21st Century Skills: A Guide to Evaluating Mastery and authentic learning*. Retrieved January, 2014, from https://Books.google.com

Gurses, A., Acikyildiz, M., Dogar, C., & Sozbilir, M. (2007). *An investigation into the effectiveness of problem-based learning in a physical chemistry laboratory course*. Research in Science & Technological Education, 25(1), 99–113.

Halpern, D. F. (1998). Teaching critical thinking for transfer across domains: Dispositions, skills, structure training, and metacognitive monitoring. *American Psychologist, 53*(4), 449–455.

Halpern, D. F. (2001) Assessing the effectiveness of critical thinking instruction. *The Journal of General Education*, 50(4), 270–286.

Hasan, S. (2013). *The Effect of Using a Teaching Strategy Based on the Multiple Intelligence Theory on Achievement in Arabic Language content and on Improving the Critical Thinking Skills among Sixth Grade Pupils at the Public Schools of Nablus District.* Retrieved August 2, 2015, from http://scholar.najah.edu/sites/default/files/Sirin%20Abu%20hamad.pdf

Heyman, G. D. (2008). Children's critical thinking when learning from others. *Current Directions in Psychological Science, 17*(5), 344–347.

Hou, H., Chang, K., & Sung, Y. (2007). An analysis of peer assessment online discussions within a course that uses project-based learning. *Interactive Learning Environments,* 15(3), 237–251.

Julian, A. et.al. (2014). *Pinagyamang Pluma*. Phoenix Publishing House Inc. Quezon City.

Kennedy, M., Fisher, M. B., & Ennis, R. H. (1991). Critical thinking: Literature review and needed research. In L. Idol & B.F. Jones (Eds.), *Educational values and cognitive instruction: Implications for reform (pp. 11-40).* Hillsdale, New Jersey: Lawrence Erlbaum & Associates.

*K to 12 Gabay Pangkurikulum Filipino* (2015). Department of Education. Retrieved, June 2015, from http://www.deped.gov.ph/sites/default/ files/page/2015 /Filipino%20CG% 20Baitang%201-10% 20Hulyo%202015.pdf

Lai, E. (2011).*Critical Thinking: A Literature Review Research Report*. Retrieved August 20, 2015, from http://images.pearsonassessments.com/images/tmrs/CriticalThinkingReviewFINAL.pdf

Lazear, D. (1991 & 1999). *Seven ways of teaching, the artistry of teaching with multiple intelligence.* Arlington Height, Palatine, Arizona.

*Nurturing Creativity in the Classroom* (pp. 394–414), New York, NY: Cambridge University Press.

Libo-on, C. (2010). *Multiple intelligences: Its relations to the teaching styles and the learning styles of the Grade 6 pupils in the selected private and public schools in the Kidapawan Ciity Divisions*. Unpublished thesis, Central Mindanao Colleges, Kidapawan City.

Lipman, M. (1988). Critical thinking—What can it be? *Educational Leadership, 46*(1), 38–43.

Lyutykh, E., (2009). Practicing critical thinking in an educational psychology classroom. *Journal of Educational Studies*, 45, 377-391

Mason, J. and Washington, P. (1991). *The Future of Thinking*. London and New York: Routledge

Matic, G.(2004). *Supplementary Activities in English for Developing Multiple Intelligences among Senior Students of Bonifacio Camacho National High School*. Unpublished Thesis, Philippine Normal Universty.

Mendiola, L at Ramos, V.(1994). *Kritisismo: Teorya at Paglalapat*. Rex Bookstore, Manila.

Mimbs, C. (2005). Teaching from the Critical Thinking, Problem-Based Curricular Approach: Strategies, Challenges, and Recommendations. *Journal of Family and Consumer Sciences Education*, Vol. 23, No. 2, Fall/Winter,7. Retrieved June, 2015, from http://w.natefacs.org/Pages/v23no2/v23no2Mimbs.pdf

Minnesota Department of Education. (2010). Retrieved from http://education.state.mn. us/mdelindex.html

Mokhtar,I.A. et,al. (2008). *Teaching information literacy through learning styles. The application of Gardner's multiple intelligences*. J. Librarianship Inform. Sci., 40: 93-109. DOI: 10.1177/0961000608089345

Morgan, D. (1998). *Practical strategies for combining qualitative and quantitative methods: Applications to health research*. Qualitative Health Research, 8(3), 362-376.

National Council on Measurement in Education (2012). *Assessing 21st Century Skills: Integrating Research Findings*. Retrieved July 2014, from researchnetwork.pearson.com/wp-content/uploads/assessing_21st_century_skills_ncme.pdf.

Nelson, C. E. (1994). Critical thinking and collaborative learning. *New Directions for Teaching and Learning*, 1994(59), 45–58.

Ozdemir, P., Giineysu, S., & Tekkaya, C. (2006). Enhancing learning through multiple intelligence. [Electronic version]. *Journal of Biological Education, 40(2), 74-78.*

Partnership for the 21st Century Learning.(2008). *Critical Thinking and Problem Solving skills*. Retrieved August 24, 2015, from http://www.p21.org/about-us/p21-framework/260-critical-thinking-and-problem-solving

Partnership for 21st Century Skills. (2009). *P21 framework definitions*. Retrieved from http://www.p21.org/storage/documents/ P21_Framework_ Definitions.pdf.

Paul, R. W. (1992). Critical thinking: What, why, and how? *New Directions for Community Colleges, 1992*(77), 3–24.

Pithers, R. T., & Soden, R. (2009). Critical Thinking in Education: *A Review. Educational Research*, 42, 237-249.

Saban, A. & Ban,P. (2011). *An Evaluation of the Teaching Activities Implemented in the Elementary and Technological Courses in Terms of Multiple Intelligences Theory: A Sample from Adarna Educational Scienc e: Theory and Practice*, 11(3),1641-1649

Santiago, A. (1991). *Makabagong Balarilang Filipino*. Rex Bookstore, Manila.

Scriven, M. & Paul, R. (2007). *Defining critical thinking*. National Center for Excellence in Critical Thinking.

Serin, N. et. al. (2009). *The relationship between the primary teachers' and teaching strategies and their strengths in multiple intelligences* (Their multiple intelligence types) Sampling: Izmir and Lefkosa. Procedia Soc. Behav. Scie., 1: 708-712.DOI: 10.1016/J.SBSPRO.2009.01.124

Shakirova, D. M. (2007). *Technology for the shaping of college students' and upper-grade students' critical thinking*. Russian Education & Society, 49(9),42–52.

Silva, E. (2008). *Measuring Skills for 21st-Century Learning*. Phi Delta Kappan, 90(9).

Smith,M.K. (2008). *Howard Gardner, multiple intelligences and education*. Retrieved from http://www.infed.org/thinker/gardner.htm

Stephen's, P. (2007). *Does integrated thematic instruction motivate and engage culturally and linguistically diverse students in self-directed learning?*Retrieved October 8, 2013, from http://www.educationfund.org/uploads/docs/Publications/action___Research_Monographs/Integrated%20Thematic%20Instruction%20-%20Patricia%20Stephens.pdf

Soland,J. et.al. (2013). *Measuring 21st Century Competencies: Guidance for Educators.* Retrieved October 2014, from asiansociety.org/file/gcen-measuring21csskills.pdf

Sorrell, J. et al. (1997). *Use of writing portfolios for interdisciplinary assessment of critical thinking outcomes of nursing students*. Retrieved August 20, 2015, from www.blackwell-synergy.com

Spratt, M. (2005). Washback and the classroom: The implications for teaching and learning of studies of washback from exams. *Language Teaching Research,* 9, 5-29.

Steckler, A., McLeroy, K. R., Goodman, R. M., Bird, S. T., & McCormick, L. (1992). Toward integrating qualitative and quantitative methods: An introduction. *Health Education Quarterly*, 19(1), 1-8.

Suliman, T. et.al. (2011). An analysis of teaching styles in primary and secondary school teachers based on the theory of multiple itelligences. *Journal of Social Science*,7.3,p. 428-435.

Taylor at Patterson (2000). *Self-directed learning: Revisiting an idea most appropriate for middle school students*. Paper presented at the Combined Meeting of the Great Lakes and Southeast International Reading Association, Nashville

Thayer-Bacon, B. J. (2000). *Transforming critical thinking: Thinking constructively.* New York, NY: Teachers College Press.

Tyler, C. E., at Loventhal, G. (2011). *Can multiple intelligences enhance learning for higher education on-line instruction*? Retrieved from http://www.gcasa.com/conferences/vietnam/paper/Tyler.pdf

Watrous-McCabe, J. (2005, July 25). *Apply multiple intelligence theory to adult online instructional design.* Retrieved from http://www.learningsolutionsmag.com/articles/258/applying-multipleintelligence-theory-to-adult-online-instructional-design

Watson, G. & Glaser, E. M. (2002). *Watson-Glaser critical thinking appraisal short form manual.* San Antonio, TX: Harcourt

Xie,J. & Lin,R. (2009). Research on Multiple Intelligences Teaching and Assessment Department of Commercial Design *Asian Journal of Management and Humanity Sciences*, Vol. 4, No. 2-3, pp. 106-124, Chienkuo Technology University, Taiwan.

Zobisch.P. (2015). *The Theory of Multiple Intelligences and Critical Thinking*. Retrieved August 20, 2015, from http://www.glokalde.com/pdf/issues/2/Article6.pdf

Zotomayor, P. (2009). *A proposed multiple intelligences theory integrated curriculum model for Grade 3 English*. Unpublished dissertation, De La Salle University- Manila.

# APENDIKS A

# Liham ng Pahintulot na Magsagawa ng Pananaliksik

# APENDIKS B

# *Balangkas ng Kurso*

# APENDIKS C

# Halimbawang Banghay-Aralin mula sa Paaralang Sumailalim sa Pananaliksik

# APENDIKS D

# Filipino 7 *K to 12* na Kurikulum

# APENDIKS E

# Gabay sa Pagtuturo sa Filipino Batang Pito

# APENDIKS F

# Gawaing-Papel

# APENDIKS G

# *Portfolio*

# APENDIKS H

# Nalinang na Ika-21 Siglong Kasanayan Gamit ang Estratehiya Batay sa *Multiple Intelligences*

# APENDIKS I

# Language Editing Certification

# APENDIKS J

# *Authenticity Result Certification*

# APENDIKS K

# Curriculum Vitae

**Ang mga Kompetensi sa Pantikan sa Filipino 7 (Unang Yunit)**

Inisa-isa rin ng *K to 12* Gabay Pangkurikulum Filipino (2015) ang mga kompetensi sa pantikan na inaasahang malilinang sa mag-aaral sa baitang pito paglipas ng isang yunit na talakayan na sasakop sa isang buwang talakayan sa klase.

| **Pangkalahatang Nilalaman ng Kurikulum sa Filipino 7 Unang Yunit** | |
|---|---|
| **TEMA** | Mga Akdang Pampanitikan: Salamin ng Mindanao |
| **PAMANTAYANG PANGNILALAMAN** | Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga akdang pampanitikan ng Mindanao |
| **PAMANTAYAN SA PAGGANAP** | Naisasagawa ng mag-aaral ang isang makatotohanang proyektong panturismo |

| **Mga Kasanayang Pampagkatuto sa Bawat Domeyn Filipino 7: Unang Yunit** | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Pag-unawa sa Napakinggan (PN)** | **Pag-unawa sa Binasa (PB)** | **Paglinang ng Talasalitaan (PT)** | **Panonood (PD)** | **Pagsasalita (PS)** | **Pagsulat (PU)** |
| Kuwentong-bayan (6 na sesyon) **F7PN-Ia-b-1** Nahihinuha ang kaugalian at kalagayang panlipunan ng lugar na pinagmulan ng kuwentong bayan batay sa mga pangyayari at usapan ng mga tauhan | **F7PB-Ia-b-1** Naiuugnay ang mga pangyayari sa binasa sa mga kaganapan sa iba pang lugar ng bansa | **F7PT-Ia-b-1** Naibibigay ang kasingkahulugan at kasalungat na kahulugan ng salita ayon sa gamit sa pangungusap | **F7PD-Ia-b-1** Nasusuri gamit ang graphic organizer ang ugnayan ng tradisyon at akdang pampanitikan batay sa napanood na kuwentong-bayan | **F7PS-Ia-b-1** Naibabalita ang kasalukuyang kalagayan ng lugar na pinagmulan ng alinman sa mga kuwentong-bayang nabasa, napanood o napakinggan | **F7PU-Ia-b-1** Naisusulat ang mga patunay na ang kuwentong-bayan ay salamin ng tradisyon o kaugalian ng lugar na pinagmulan nito |
| Epiko (7 sesyon) **F7PN-Id-e-3** Nakikilala ang katangian ng mga tauhan batay sa tono at paraan ng kanilang pananalita | **F7PB-Id-e-3** Naipaliliwanag ang sanhi at bunga ng mga pangyayari | **F7PT-Id-e-3** Naipaliliwanag ang kahulugan ng mga simbolong ginamit sa akda | **F7PD-Id-e-3** Naipahahayag ang sariling pakahulugan sa kahalagahan ng mga tauhan sa napanood na pelikula na may temang | **F7PS-Id-e-3** Naitatanghal ang nabuong iskrip ng informance o mga kauri nito | **F7PU-Id-e-3** Naisusulat ang iskrip ng informance na nagpapakita ng kakaibang katangian ng pangunahing tauhan sa epiko |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | katulad ng akdang tinalakay | | |
| Maikling Kuwento (7 sesyon) **F7PN-If-g-4** Naisasalaysay ang buod ng mga pangyayari sa kuwentong napakinggan | **F7PB-If-g-4** Naiisa-isa ang mga elemento ng maikling kuwento mula sa Mindanao | **F7PT-Id-e-4** Natutukoy at naipaliliwanag ang kawastuan/ kamalian ng pangungusap batay sa kahulugan ng isang tiyak na salita | **F7PD-Id-e-4** Nasusuri ang isang dokyu-film o freeze story | **F7PS-Id-e-4** Naisasalaysay nang maayos at wasto ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari | **F7PU-If-g-4** Naisusulat ang buod ng binasang kuwento nang maayos at may kaisahan ang mga pangungusap |
| Pangwakas na Gawain (8 sesyon) **F7PN-Ij-6** Naiisa-isa ang mga hakbang na ginawa sa pananaliksik mula sa napakinggang mga pahayag | **F7PB-Ij-6** Nasusuri ang ginamit na datos sa pananaliksik sa isang proyektong panturismo (halimbawa: pagsusuri sa isang promo coupon o brochure) | **F7PT-Ij-6** Naipaliliwanag ang mga salitang ginamit sa paggawa ng proyektong panturismo (halimbawa ang paggamit ng acronym sa promosyon) | **F7PD-Ij-6** Naibabahagi ang isang halimbawa ng napanood na video clip mula sa youtube o ibang website na maaaring magamit | **F7PS-Ij-6** Naiisa-isa ang mga hakbang at panuntunan na dapat gawin upang maisakatuparan ang proyekto | **F7PU-Ij-6** Nabubuo ang isang makatotohanang proyektong panturismo |


# Paglinang sa Ika-21 Siglong Kasanayan Gamit ang Estratehiya Batay sa *Multiple Intelligences* sa Baitang Pito

Gabay sa Pagtuturo ng Filipino para sa Baitang Pito
(Panitikan)

| PAKSA | KOMPETENSI (K TO 12 ) | ESTRATEHIYA SA PAGTUTURONG IBINATAY SA *MULTIPLE INTELLIGENCES* | IKA-21 SIGLONG KASANAYAN NA MAPANURING PAG-IISIP | SANGGUNIAN |
|---|---|---|---|---|
| **Ang Munting Ibon** (Kuwentong-Bayan) | | **A. ALAMIN**<br>**Verbal Linguistic: Balitaan**<br><br>Magbabahagi ang mga mag-aaral ng ilang balitang pambayan, pambansa o pandaigdig na tumatalakay sa kalagayan ng kababaihan sa isang tahanang Pilipino.<br><br>**B. PAUNLARIN**<br>**1. Panimulang Gawain**<br>**Visual Spatial/ Logical:** ***Debate on Picture Metaphors***<br><br>Magpapakita ang guro ng mga larawan kaugnay ng mahika o mga hiwagang bumabalot sa ating paligid. Hihingin ang tulong ng mga mag-aaral upang ilarawan ang mga mahikang ito pagkatapos ay magkakaroon ng debate upang mapatunayan kung ang kababalaghang ito ay posibleng mangyari o hindi. | | Why the sky is high? (Bakit Mataas ang Langit?). Retrieved June 8, 2015, from https://www.youtube.com/watch?v=DazbDFiRyBY.<br><br>Batayang aklat na Pluma 7 |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | **2. Talasalitaan**<br>**Verbal Linguistic: Trio Strips**<br><br>Trio strips ay isang estratehiya sa pagtalakay ng talasalitaan. Ang mga mag-aaral ay bibigyan ng istrip ng papel nang magkakahiwalay. Dito nakasulat ang kasingkahulugan at kasalungat ng isang salita. Kailangang mahanap ng tatlong mag-aaral ang kasama nila na nagtataglay ng kasalungat, kasingkahulugan ng isang salita at pagkatapos ay gagamitin nila ito sa pangungusap.<br><br>**3. Pagbasa**<br>**A. Verbal Linguistic/ Musical: Musical Concept**<br><br>Babasahin ng mga mag-aaral ang kwentong bayan na **Munting Ibon** kasabay ng pagtugtog ng isang awting magpapahiwatig ng damdamin ng akda upang maramdaman nang husto ng mga mag-aaral ang damdaming bumabalot sa maikling kwentong binabasa.<br><br>GABAY NA TANONG:<br><br>1. Tungkol saan ang binasang kwentong bayan?<br>2. Sa iyong palagay, makatarungan ba ang ginagawa ng asawang lalaki sa kaniyang kabiyak? | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | 3. Kung ikaw ang nakatuklas sa kakayahan ng munting ibon na makapangitlog ng ginto, tutularan mo ba ang ginawa ng babae sa kwento?<br><br>**B. Intrapersonal/ Verbal Linguistic: Peer Sharing**<br><br>Magpapalitang-kuro ang mga mag-aaral kaugnay ng kaugalian at kalagayang panlipunan ng lugar na pinagmulan ng kwentong bayan batay sa mga pangyayari at usapan ng mga tauhan. Matapos nito ay ibabahagi ng bawat pares ang kanilang nahinuha.<br>GABAY NA TANONG:<br>1. Ano ang naobserbahan mong kalagayang panlipunan ng mga tao sa binasang kwentong bayan?<br>2. Ano-ano naming kaugalian ang kinatawan ng mga ikinilos ng tauhan sa kwentong bayan?<br><br>**C.PALALIMIN**<br>**Logical, Visual Spatial, Intrapersonal, Existential: Grapikong Pantulong**<br>Gagamitin ng mga mag-aaral ang kanilang natutuhan sa paghihinuha ng kaugnay na kaugalian at kalagayang panlipunan ng lugar na pinagmulan ng kuwentong-bayan mula sa naunang gawain sa pamamagitan ng pagsusuri sa isang kuwentong-bayan na ipinanood ng guro mula | | |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>Nasusuri gamit ang graphic organizer ang ugnayan ng tradisyon at akdang pampanitikan batay sa napanood na kwentong-bayan.<br><br>Naiuugnay ang mga pangyayari sa binasa sa mga kaganapan sa iba pang lugar ng bansa.<br><br>Nahihinuha ang kaugalian at kalagayang panlipunan ng lugar na pinagmulan ng kuwentong bayan batay sa mga pangyayari at usapan ng mga tauhan</td>
<td>sa youtube bilang paglilipat/ pagpapalalim sa aralin.<br><br><br><br><br>GABAY NA TANONG:<br><br>1. Ano ang iyong batayan sa pag-iisa-isa ng kultura ng lugar na pinagmulan ng kuwentong-bayan na iyong napanood?<br>2. Maglahad ng isang impormasyong nasaliksik na nakita sa napanood na kwentong-bayan na patunay ng iyong paliwanag sa bilang 1.<br>3. Sa iyong palagay, ano ang dahilan kung bakit madalas masalamin ang kultura sa panitikang ating binasa o napanood?</td>
<td>Naiuugnay ang isang impormasyon sa binasa<br><br>Natataya ang binasa<br><br>Nakapaghihinuha</td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | 4. Ilarawan ang teknik o paraan na iyong ginamit sa paglalahad ng detalye sa grapikong pantulong na sinagutan.<br><br>5. Ano-ano ang mga suliraning iyong naobserbahan sa pagbuo ng grapikong pantulong? Paano mo ito nasolusyunan?<br>6. Ano kaya ang sinapit ng sanggol matapos tumaas nang tumaas ang ulap dahil sa pagsigaw ng kaniyang ina?<br>7. May mga pahayag ba mula sa napanood na sa iyong palagay ay paghihinuha lamang? Magbanggit ng patunay at ipaliwanag.<br><br>**D.PAGLALAGOM**<br>**Interpersonal, Existential: Carousel**<br>Matapos ang talakayan magpapangkat ang klase sa apat upang lagumin ang aralin sa tulong ng estratehiyang *carousel*. Isusulat sa isang *short bondpaper* ang isang konseptong naunawan sa talakayan. Iikot ang papel na ito sa bawat miyembro ng pangkat upang mabigyang-reaksyon nila ito. Maaari silang sumang-ayon o di sumang-ayon, maaari rin naman silang magtanong.<br><br>GABAY NA TANONG:<br>1. Bakit mahalagang mapalaya ang isang tao sa kaniyang mga pagnanasang materyal? Paano ito makatutulong o makasisira sa kaniyang eksistens sa mundo? | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | **E.PAGLILIPAT**<br>**Visual Spatial, verbal linguistic: Pagbuo ng Magazine Cover**<br><br>Ang *magazine cover* ay kinakailangang magtaglay ng temang sumasalamin sa tema ng kuwentong-bayan na tinalakay sa klase. Halimbawa kung tungkol sa pamilya ang kuwentong-bayan na binasa, ang *magazine cover* ay kinakailangang magtaglay ng larawan, pamagat ng artikulong makikita sa loob ng magazine ay tungkol sa pamilya. Ang nagawang *magazine cover* ay ipasusuri ng mag-aaral sa ibang grupo upang makilala ang kalakasan at kahinaan nito.<br><br>GABAY NA TANONG:<br>1. Sumasang-ayon ka ba na ang tema ng binasang kuwentong-bayan ay hawig sa tema ng *magazine cover* na ginawa ng kamag-aral?<br>2. Bigyang interpretasyon ang gawang *magazine cover* ng kamag-aral. Ano sa palagay mo ang kapakinabangan ng babasahing ito?<br>3. Kung ikaw ay bibili ng magazine, bibilhin mo ba ito? Bakit? | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Indarapatra at Sulayman (Epiko) | | **A. ALAMIN**<br>Bodily Kinesthetic: Kinesthetic Concept<br><br>Gamit ang nasaliksik na katangian ng isang epiko, ilalarawan ito ng mag-aaral sa pamamagitan ng *pantomiming* na huhulaan naman ng mga kamag-aral na nanonood.<br><br>**B. PAUNLARIN**<br>**1. Panimulang Gawain**<br>**Visual Spatial, Intrapersonal: Sketch Your Hero**<br><br>Ang mag-aaral ay malayang maisasalin sa isang iginuhit na larawan ng kaniyang sariling superhero na sa kaniyang palagay ay higit na mahusay sa superhero na mayroon tayo at kilala nating lahat sa kasalukuyan.<br><br>GABAY NA TANONG:<br><br>1. Paano mo nabuo ang sariling superhero na iyong iginuhit?<br>2. Bakit higit itong mabuti/ magaling kung ikukumpara sa ibang superhero na mayroon na tayo sa kasalukuyan? | | Batayang Aklat na Pluma 7<br><br>Youtube: Panday https://www.youtube.com/watch?v=zKjhcGhccq0 |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | **2. Talasalitaan**<br>**Verbal Linguistics: Denotatibo at Konotatibong kahulugan**<br><br>Tutukuyin ng mga mag-aaral ang denotatibo at konotatibong kahulugan ng ilang salitang nagsisilbing simbolo sa babasahing epiko.<br><br>**3. Pagbasa**<br>**Bodily Kinesthetic: Reader's Theater**<br><br>Ang mag-aaral ay magboboluntaryong basahin nang may damdamin ang ilang mahahalagang pangyayari sa epikong tatalakayin. Mula dito ay tutukuyin ng mga mag-aaral na makikinig ang katangian ng mga tauhan batay sa tono at paraan ng kanilang pagsasalita.<br><br>MGA GABAY NA TANONG:<br><br>1. Ano ang katangian ng mga tauhan ng epiko batay sa nasaksihang Reader's Theater?<br>2. Magbanggit ng mga ebidensya na sumusuporta sa iyong pagkakakilala sa tauhan sa akda.<br>3. Magbanggit ng isang tiyak na pangyayari sa akda na isang paghihinuha lamang. Patunayan. | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Naipaliliwanag ang sanhi at bunga ng mga pangyayari | 4. Ano kaya ang posibleng nangyari sa pulong Mindanao kung wala ang magkapatid na Indarapatra at Sulayman?<br>5. Tukuyin ang anda/ katangian ng isang epiko na hindi napabilang sa binasang Indarapatra at Sulayman. Nanganghulugan bang hindi mahusay ang pagkakagawa ng epiko kung nagkulang ito ng isa o higit pang anda/ katangian?<br><br>**C. PALALIMIN**<br>**Verbal Linguistic, Visual Spatial, Interpersonal: Cooperative Group**<br><br>Papangkatin ang mag-aaral sa lima. Tutukuyin nila ang mga pangyayaring nagpakita ng sanhi at bunga mula sa binasang epiko sa tulong ng pagpupuno sa tsart ng sanhi at bunga.<br><br>GABAY NA TANONG:<br><br>1. Ano-ano ang iyong mga batayan sa pag-iisa-isa ng mga sanhi at bunga? | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
